
# agos

REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

TOMO V | 2024 ISSN 2815-1232



# agos

REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN


**TOMO V | 2024**
ISSN 2815-1232

ᜀᜄᜓᜐ᜔

# agos

REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

TOMO V | 2024 ISSN 2815-1232



agos
REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

Tomo V | 2024
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**AGOS**
Refereed Journal
ng Malikhaing Akdang
Pampanitikan (ISSN 2815-1232)
Tomo V | 2024
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Libreng maaakses
at madadownload
ang elektronikong
bersiyon ng Agos sa
www.journals.upd.edu.ph /
index.php/Ag

Inilalathala ng
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
isang beses kada taon.

**Jayson D. Petras**
jdpetras@up.edu.ph
**Direktor**
**Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman**

**Maynard Manansala**
mgmanansala@up.edu.ph

**U Z. Eliserio**
uzeliserio@up.edu.ph
**Mga Editor ng Isyu**

**Larry Boy B. Sabangan**
lbsabangan@up.edu.ph
**Tagapamahalang Editor**

**Gerome Nicolas Dela Peña**
gndelapena1@up.edu.ph
**Editor Pangwika**

**Erik Guzman Pingol**
IG: @erikpingol | jgpingol@up.edu.ph
Tagadisenyo at Ilustrador ng Aklat at Pabalat

Hindi maaaring kopyahin o sipiin,
sa anumang porma o anyo, elektroniko man o limbag,
nang walang opisyal at pormal na pahintulot mula sa
Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman.

Ang isinumiteng mga akda para sa posibleng paglalathala sa AGOS ay
dumaan sa istrikto at dobleng proseso ng pagrerebyu.

Para sa mga tanong at/o dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa:

**PATNUGUTAN AT SIRKULASYON**
Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan
Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas, Diliman
3/Palapag, Linangan ng Maliliit na Industriya (ISSI)
E. Jacinto St., Unibersidad ng Pilipinas,
Diliman, Lungsod Quezon

**Email:** agos.swf.upd@up.edu.ph
**Facebook:** Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman
**Telepono:** 89818500 loc. 4583



# Nilalaman


10 Introduksyon sa Agos
*Maynard Manansala | U Z. Eliserio*

17 **DAGLI**
18 *Mykel Andrada*
*Dambuhalang Ahas: Mga Dagli sa Bus*
19 Overpass
21 Gag Show
23 Luklukan

25 *Arlan Camba*
26 Lunod
27 Star of the Night
29 Writer's Block

31 *John Carlo Gloria*
32 Himala ng Isang Sanggol
34 Fanboy
36 Nekronomiya

39 **MAIKLING KUWENTONG PAMBATA**
40 *Elyrah Salanga-Torralba*
41 Ginoong Buwan

46 **MAIKLING KUWENTO**
47 *Klara Espedido*
48 Ang Amaranhig sa Sitio Kauswagan

68 *Cris Lanzaderas*
69 **Isang Araw sa Buhay ni Maria Mikaela Pasion**

80 *Mark Andy Pedere*
81 **Kadang-Kadang**

96 **SANAYSAY**
97 *Joseph Fernandez*
98 **Lukáw**

109 *Charles Gollayan*
110 **Urang Ta Cabagan, Ulan sa Maynila**

123 *Jason Pozon*
124 **Mga Tip sa Paglilinis ng Dyip**

136 *Roda Tajon*
137 **Panimdim**

150 **TULANG PAMBATA**
151 *Vijae Alquisola*
*P ay Pandemya, Paghilom atbp. mga tula para sa bata*
152 **Protocool**
153 **Paaralan**
154 **Paglalaro sa Pandemya**
155 **Pantry**
156 **Paghilom**

157 **TULA**
158 *Dennis Andrew Aguinaldo*
159 **Disimpeksiyon**
160 **Montagne de Bueren**
161 **Banderitas**
162 **Bloke**
163 **Tolda**

164 *Andre Gutierrez*
*Kung Mayroong Pangangailangan sa Pangungulila*
165 Paramedik
166 Bilin
167 Tala
168 Henerasyon

169 *Will Ortiz*
*Kung Babae Ka't Papatay at iba pang tula*
170 Kung Babae Ka't Papatay I
171 Kung Babae Ka't Papatay II
173 Kung Babae Ka't Papatay III
174 Payo ng Aking Guyabano
176 Payo sa Pagluluto
177 Villanelle ng Talahib

178 EKSPERIMENTAL
179 *Wendrei Brent Orquiola*
180 Apo Lakay ML New Hero Guide



# Intro-duksyon

Maynard Manansala | U Z. Eliserio

SA PANAHON NG AI, ano pa ang silbi ng isang manunulat? Hindi pa problema ng mga Filipino ngayon, dahil hindi pa marunong magtamang Filipino ang mga LLM. Pero naalala namin noong 2022, nang ilabas ang "The Invention," na hindi lang sa katunog ni Larkin, kundi baka nga puwede pang masabing mas mahusay sa marami sa kaniyang mga tula. Parang asteroid sa kalawakan, hinihintay na lang ba nating gunawin ng AI ang mundo (ng panitikan)?

Siyempre pa, hindi lang naman ang mga intelehenteng makina ang kinakatakutan natin. Nariyan din ang krisis sa klima. Sa linggong isinusulat namin ang introduksiyong ito, Marso pa lang ay pumapatong na sa 40 ang heat index sa Quezon City. Samantala, nitong nakaraang taon lang, nilunod tayo sa baha ni Carina. Lalala nang lalala ang mood swings ng panahon, pero tayo sa Pilipinas, at hindi ang mga hinayupak na multinasyonal na kompanya at simuno-utusan ng konsumeristang lipunan, ang unang magbabayad. Marahil na mainam na ring burahin ang sangkatauhan sa daigdig, para makabawi ang ibang species. Pero hindi pa rin matatawag na katarungan na ang mga walang kontribusyon sa problema ang siyang unang magdurusa.

Idagdag pa rito ang ang iba't ibang syon na kinakailangan nating harapin sa araw-araw, kasama na ang tinawag ni Ricky Lee na ina ng lahat ng syon, opresyon, at tila ba walang saysay ang magsulat. O, puwede rin naman, na ang mga hamon ngang ito ang dahilan para lalo pang magsulat ang mga Filipino.

Nakikipagdiyalogo ang mga teksto dito sa tradisyon ng panitikang Filipino. Hindi maikakaila ang ugnayan, halimbawa, ng "Isang Araw sa Buhay ni Maria

Mikaela Pasion" ni Cris Lanzaderas sa "Utos ng Hari" ni Jun Cruz Reyes. Siyempre pa, may bagong kabatirang punto de bista ng babae ang ginamit sa bersiyong ito ng tunggaliang estudyante-guro.

Tunghayan din ang agon ni Will Ortiz kay Padre Alejo: "Kung Babae ka't Papatay II": "huwag i-google ang "paano pumatay." Ang mga sumusunod na taludtod ay praktikal na payo para sa kahit sinong babaeng may balak ngang patayin. Iiwan na sa mambabasa ang kontra-unibersalistang giit ng serye ni Ortiz.

> *"Ang kategorya ba ng "bata" ay katulad lang din ng "babae," isang "social construction" na nakahabi sa mga relasyon ng kapangyarihan sa ating lipunan?"*

Nahuli naman ni Vijae Alquisola ang tinig ng bata sa kanyang mga tula. Sino ang hindi makakakilala sa kakulitan ng persona ng "Protocool"? Samantala, sa "Paaralan," para tayo lahat nagbalik sa kahungkagan at katatawanan ng online "learning." Sa mga tula ni Alquisola nababasa ang karunungan ng isang bata, ng Bata.

Ang kategorya ba ng "bata" ay katulad lang din ng "babae," isang "social construction" na nakahabi sa mga relasyon ng kapangyarihan sa ating lipunan? Kung gayon, maaari nating itanong, "Bata, Bata, Para Kanino?"

Napakahusay ang ebokasyon ni Charles Gollayan sa walang muwang na mundo ng mga bata. Nakapanghihinayang na lipas na ang panahong ito para sa marami sa ating kabataan ngayon. Nakulong na sila sa dihital na kapitalismo (teknopyudalismo?) kaya baka nga hindi na nila alam kung ano ang ibig sabihin ng "kababata" at "kalaro." Narito ang sipi mula sa sanaysay ni Gollayan tungkol sa kaniyang malayong (3rd degree) pinsan: "Hindi nawawala sa pagpunta ko sa kanila ang buhangin sa tuhod ko tuwing umuuwi. Hindi kasi maaaring matapos ang araw na wala kaming mga ngiti sa bibig dahil hindi kami nakakapaglaro sa kalyeng walang pangalan. Chinese garter, boom kiraki boom o tumbang preso, sport na badminton o basketball, ice ice water, garasaput, o jolen, ang ilan sa mga tanyag na mga laro sa kalye. Walang pinipiling edad, may bulbol o wala, ang kasali sa aming paglalaro." Sa pagbabasa ng mga tekstong tulad ng kay Gollayan, mas lalo tayong mangungilila sa puntong iyon ng ating buhay na hindi nasusukat ng

dami ng salapi ang ating kaligayahan, at malaya tayong nabubuhay sa laro. Ang punto ng paglalaro ay paglalaro, wala itong "utility." Tulad lang din ng sining na sinusubukan laging transformahin sa "komunikasyon" ("mas mahusay na komunikasyon para sa negosyo," writing for business), o 'di kaya'y "investment" (naibenta ng Sotheby's ang "Grayground" ni Ventura noong 2011, sa halagang 46 milyon lang naman).

Kasabay ng "pagtanda" ("maturity"?) ang pagkalas din sa mga pamahiin at tradisyon na, hindi man siyentipiko, ay may bisa pa rin, ang bisa ng rituwal at komunidad. Pinapasok na ni Gollayan dito ang penomena ng alyenasyon: "Hinihintay ng mga kabataan ng kalyeng walang pangalan ang taon-taong pag-ulan tuwing Mayo Uno. Kaakibat kasi nitong pagligo sa ulan ay ang pamahiing gagaling ang iyong mga sugat, peklat, o kahit anong karamdaman. Basta, ang ulan sa araw na ito ay may kakayahang magdala ng biyaya ng paggaling. Paghilom. Kapani-paniwala ba? Kilala na akong hindi mabilis maniwala sa mga bagay-bagay, lalo na nang umuwi ako sa bayan ng aking ama sa Cabagan, na may napakaraming pamahiin na hindi mo maririnig sa Kamaynilaan."

Kakasabi lang na walang utility ang sining, pero narito ang papuri sa babala ni Roda Tajon sa pagkalimot sa kaniyang sanaysay na "Panimdim." "Madali" nga lang daw ang pagpupugay. Kumbaga, may template. Para ngang pinaparodiya ni Tajon ang sarili sa kaniyang pagiging hasa: "Ganito ang mga linyahan: "Narito tayo, mga kasama, sa parangal ni __________. Nagpupugay tayo sa kanyang kabayanihan at kabutihang inialay sa bayan. Palagi nating maaalala at ng masa si ____________ sa buhay niyang laan para sa tunay na kalayaan ng bayan."" Mas mahalaga ang kaniyang agam-agam: "Subalit paano kapag dumating ang panahong hindi na sila maalala ng mga susunod na henerasyon?" Madalas idismis ang personal na sanaysay bilang "me me me" o egosentrikong ehersisyong mas malala pa sa pagsasalsal sa publiko (o paggamit ng social media). Ipinapaalala ng piyesa ni Tajon na pulitikal ang pag-alala. Kung walang aalala, makalilimutan. Ang memorya ay materyal.

Ang constructed na kalikasan ng realidad ay dapat nating laging nasa isip pag binabasa ang mga piyesang ito. Sa popular na imahinasyon, hindi man "mabuti" ay hindi rin "masama" ang isang bus. Sa dagli ni Mykel Andrada, maeengkuwentro ang nakagugulat na metaporang ito: "Mga dambuhalang ahas ang mga bus na gutom na gutom sa pasahero." Ito ang "ostranenie" o depamilyarisasyon na siya

namang marka ng literatura. Ang mga bus dito ay lumalamon, ang mga pasahero dito'y pagkain. Sa talinghagang ito, napapahamak ang mga tao sa kanilang sitwasyon (wala naman yatang gustong makain!). Ang karaniwang nararanasan natin, sa mga kamay ni Andrada, ay nagiging pelikulang horror o suspense, pero imbes na malaking ahas ala *Anaconda* (1997, dir. Llosa). Hindi buhay ("hanap buhay") ang nakukuha natin sa pagpila, bagkus nawawalan tayo ng buhay. Sa itaas na talata, napansin ng ating flaneur na may nawawala sa hagdan. Tanong niya sa sarili: "Ilang kilo kaya ng bigas ang nabili mula sa napagbentahan ng inumit na bakal?" Dito din, magugulat tayo dahil tila ba walang kondemnasyon mula kay Andrada sa "magnanakaw." Sa "matira matibay" na kapitalistang lungsod, bakit naman magmomoralistikong sermon tungkol sa pagiging disente at malinis ang mga kamay? Kung puwedeng pagkakitaan ang kamatayan ng tao (halimbawa, manininingil ng mataas ang mga multinasyonal na kompanyang pharmaceutical para sa bakuna sa COVID, o di kaya'y Ozempic), bakit hindi hinihirang ang "entrepreneurial spirit" ng mang-oomit? Winawasak nga ng mga kompanya ng pagmimina ang ating mga gubat at bundok, ang kalikasan at ang mismong daigdig sa kanilang paghahabol sa tubo, kaya 'wag tayong magtaka sakaling may mga gusto ring humarbat sa "commons."

Sa ibabaw na talata nito, ang presensiyang nagpaparamdam ay kawalan: "Wala ang mga tindero't tindera. Walang nakalatag na mga sako kung saan madalas nakahain ang ikinakalakal na mga baseball cap at sapatos." Itong mga miyembro ng impormal na ekonomiyang iwinawaksi, itinatakwil. Ang paraan nila ng pagbebenta ay hindi katanggap-tanggap, anoman ang papuri sa "malayang" mercado. "Nililinis" ang lungsod, itinatapon ang mga elementong hindi kaaya-aya.

Perpektong larawan ng alienation itong mga dagli ni Andrada. Pero hindi huli ang lahat, hindi pa tapos ang laban. Mayroon pa ring koneksiyon na nalilikha ang mga tao, patunay na walang dikotomiyang ako-iba sa Pilipinas, mayroon lamang "kapwa." Bagaman siyempre, hindi pa rin lubos-lubusang nahihilom ang pagiging estranghero natin sa isa't isa: "Narinig ko ang isang babaeng pasahero na kumakanta ng "Just Give Me A Reason" ni Pink. ... Nakikanta na rin ako nang mahina – 'yung kumakanta pero gumagalaw lang ang bibig at dila pero walang tinig na lumalabas." Ito'y maliit at maikling sandali ng komunidad. Ang musika, ang sining (kasama na ang panitikan) ang instrumento para sa ating pagbibigkis.

Alyenasyon din ang nararanasan ng protagonista ng "Ang Amaranhig sa Sitio

Kauswagan.” Sa kasong ito, ang alyenasyon bilang babaeng trans. At hindi lang alyenasyon, kundi pandarahas pa nga. Naliteralisa ang imahen ng “disposable body”: “Tatlong araw ang nakararaan, natagpuan niya ang sariling dinapuan ng malay, sa gitna ng mamasa-masang lote, sa loob ng itim na trashbag. Marahas siyang gumalaw upang mapunit ang pinagsisidlan. Bulok siyang gulay na hindi na mapakikinabangan ng nagtitinda kaya itinapon na lamang kung saan. Pataba sa lupa. Pagkain ng langaw.” Sa puntong ito ng huling kapitalismo, mahirap maniwalang mayroon pa ring mga biyolohikal na determinista, mayroon pa ring hindi pa Deleuzeo-Guattarian. Ginagamit ng mga tulad ni Richard Dawkins, halimbawa, ang ideolohiya ng siyentismo (iba sa agham, at hindi siyentipiko) para igiit ang “natural” na pagkakaiba ng mga kasarian. Sa kaso ni Dawkins, “gametes” daw ang standard. Ito ang parehong Dawkins na sinasabing itinuturing niyang malay ang kausap na ChatGPT. Ang parehong Dawkins din ang nagpapalaganap ng mito ng reypist na trans para sumuporta sa mga polisiyang kontrababae at marahas. Tunay ngang ang Kanluran ang pinagmumulan ng sibilisasyon!

“Nakita ko, Mario, sa cellphone mo! No’ng naliligo ka sa banyo no’ng isang araw, malas mo lang kasi naiwan mong nakabukas ’yang cellphone mo.”

Si Mario ang kumakatawan naman sa patriarkal na dominasyon sa “Kauswagan.” Pamilyar ang senaryong ipinamalas sa maikling kuwento, ang gaslighting na ’pag hindi gumagana ay nauuwi sa pandarahas: “‘Tang ina mong babae ka, ako pa talaga’ng pupukulan mo ng bintang e ikaw ’tong magnanakaw? Sa’n ka kumukuha ng kapal ng mukha?” Hindi aatras si Cynthia: “Nakita ko, Mario, sa cellphone mo! No’ng naliligo ka sa banyo no’ng isang araw, malas mo lang kasi naiwan mong nakabukas ’yang cellphone mo. ’Yang cellphone na sabi mo dati, no’ng bago pa lang tayo: pakialaman mo na’ng lahat, h’wag lang ang cellphone ko. Kaya pala, kaya pala, Mario. Ano, ako lang ba ang nauna mong girlfriend na, sabi mo pa: binabae? Ilang tumbong na ba ang nadilaan mo bago ang sa akin? Ilang tumbong ba ang dinilaan mo habang tayo pa?” Ang paghihiganti ni Cynthia (spoiler alert!) ay maihuhugpong natin sa paghihiganti ng panulaan ni Ortiz.

Personal man na sanaysay ang "Mga Tip sa Paglilinis ng Dyip," mababasa dito ang parehong tema sa mga piksiyonal na teksto sa itaas. Samantalang sa popular na imahinasyon ang jeepney driver ay hindi sumusunod sa batas, "balakid" sa mga kotse, kamote, inilalarawan ni Pozon hindi lang ang hirap na nararanasan nila, kundi ang kanilang sipag: "Hindi maiiwasan na wala nang pahinga si Tatay Domeng, pati ang araw ng koding ay nauuwi rin sa pagkakalikot at paghuhugas niya ng dyip." Ito ay tagulaylay para sa Mamang Drayber na kasa-kasama natin mula pa noong kabataan, na isinantabi sa ngalan ng "modernisasyon."

Ang mga jeepney ay hindi lamang "bagay" na pinagkakakitaan, kundi sisidlan ng alaala, at, sa interpretasyong ito kay Pozon, miyembro na nga ng pamilya: "Palibhasa'y unang nabili si Bruha kaya marahil ito ang flagship na dyip nina Tatay Domeng at Nanay Orang. Paborito ko rin at pinakamalapit sa akin ang dyip na ito dahil maliban kay Tatay Domeng, maraming taon din na dinala ni Papa si Bruha noong hindi pa sila naghihiwalay ni Mama."

> ***"Mahal, papayag ka ba kung magpapapasok pa tayo ng iba?"***

Ang naratibo ng mga jeepney kay Pozon ay naratibo din ng kaniyang pamilya. Laban sa walang pagod na pesimismo (o realismo) ng mga kapatid na gawa sa isyung ito ng *Agos*, parang agos (sa disyerto) na makatagpo ng eksena ng pagmamahal sa mga pahina. Nang mahuling naglalaro ng "paper dolls," musika (o makapangyarihang sining!) din ang naggarantiya ng komunidad: "Tumango lang ako at ni hindi ako makatingin sa kaniya. Iniabot niya sa akin ang kahon. Inakbayan ako ni Nanay Orang at kinantahan: "This boy is turning to a woman and I thanked you for the tenderness last night…""

Pinahapyawan naman ni Mark Andy Pedere ang pulitikal na isyu ng polyamory sa maikling kuwento niyang "Kadang-Kadang." Tiyak na mawawalan siguro ng balanse ang mambabasa kung sa siya ang kausap ni Pol sa eksenang ito: "Pagtapos na pagtapos nating magtalik — pagtapos na pagtapos din ng ilang linggo nating pagkaabala sa akademya — ay sinalubong mo ako ng nakalululang tanong mo: "Mahal, papayag ka ba kung magpapapasok pa tayo ng iba?" Dapat pa nga sigurong magpasalamat ang narrator, dahil pagkatapos magtalik imbes na bago siya tinanong. Paglala ba ang nangyari sa kanilang sitwasyon? Agosto 16 naganap

ang siping nauna, at sa Agosto 19 naman ito: ""Mahal ko kayo pareho. Puwede naman 'yun, 'di ba?"." Hindi na iis-spoil ng mga patnugot ang ending.

Sa mga hindi nasama sa isyung ito, wag sana kayong panghinaan ng loob. Sa mga nais magsulat, maging manunulat, pagpalain kayo. At sa iyo, mahal naming mambabasa, isang daang bagsak.

Ang isyung ito ng *Agos* ay piging. Maglaway sana ang mambabasa sa antisipasyon sa eksperimento ni Orquiola, sa alegorya ni Salanga-Torralba. Namnamin sana niya ang mga tugma nina Aguinaldo at Gutierrez. Sipsipin sana niya ang marrow ng interogasyon nina Camba at Gloria sa kapangyarihan ng panulat. Halina, magpakabusog!

## Ang mga Editor

Si **Maynard Manansala** ay awtor ng *Tao Po… Samot-Saring Tao sa Dula* (UST Publishing House, 2024). Guro siya ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Ngayong taon, muli siyang sumusubok sa pagdidirehe ng dula para sa entablado habang hinaharap ang disertasyon.

Si **U Z. Eliserio** ay awtor ng *Ang mga Alipin* (AdMU Press, 2025), talata por talatang pakikipagtuos sa *Noli Me Tangere*. Siya ay kritiko, mandudula, at tagasalin. Bisitahin siya sa ueliserio.com/books.

# Dagli



# Dambuhalang Ahas: Mga Dagli sa Bus

Si **Michael Francis C. Andrada (Mykel)** ay kasalukuyang propesor ng panitikan, malikhaing pagsulat, wika, at Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Isa rin siyang mamamahayag at manggagawang pangkultura. Miyembro siya ng Surian ng Sining, Inc. (SUSI).

# Overpass

OVERPASS ANG TAWAG DATI sa mga footbridge ngayon. Bakal at semento ang pangunahing mga sangkap nito; hindi tulad ng MMDA footbridge ni Bayani Fernando na pangunahing sangkap ang bakal na negosyo ng kanilang kamag-anak.

Ang overpass ang una kong iniisip na destinasyon habang pinag-uunahan ko ang aking mga paa sa kalye ng Monte de Piedad bitbit ang mga bagahe ng pagbiyahe: backpack na bundat sa mga tsetsekang papel, mga libro at ilang damit, sling bag ng iniingatang maliliit na technocomplex ng cellphone, charger, kable at salapi, dambuhalang eco bag ng Expressions na bahagyang busog sa mga ream ng papel, at higit dalawang litro ng tubig.

Kotseng kuba ako dahil sa bigat ng nakasukbit sa likod. Binabalanse ko ang sarili habang nakikipagpatintero sa mga tae ng aso na napitpit na ng kulang ilang suwelas at gulong, at naghunyango na bilang mga peklat ng kalsada. Lagi kong naiisip ang posibilidad na baka kumapit sa talampakan ng tsinelas ko ang dumi at amoy ng tae ng aso. Naiisip ko rin na may lumilipad na fecal debris kaya inuuntian ko lang ang paghigop ng hangin gamit ang ilong.

Walang masyadong tao pero naiingayan ako. Nagkakarambola ang mga alalahanin sa loob ng utak ko habang nagpapaligsahan ang busina at makina ng mga parokyano ng Cubao at EDSA. Bago humapon sa overpass ay madaraanan ko ang terminal ng HM Transport. Doon ako dati sumasakay para makarating sa Los Baños, Laguna kung saan ako unang nagturo. Kung tama ang alaala ko, P71.50 lang noon ang one way na pamasahe.

Nasa tapat ng Mang Inasal sa EDSA-Cubao ang overpass. Habitus ko na ang luminga-linga – ang maging mapagmasid at maingat – tuwing nasa pampublikong espasyo. Biglang nagsulputan ang mga tao sa harapan at likuran ko, lahat nasa direksiyon patungong overpass. Nagpatihuli ako. Tinamaran ko ang mga hakbang habang binilisan ko naman ang paglinga-linga. Pinauna kong umakyat sa overpass ang dumagsang mga tao. Malayo pa lang ay nakita kong may tatlong kabataan na nakaupo sa hagdan ng overpass, inookupa nila ang kanang bahagi ng siguro'y ikapito at ikawalong hakbang ng hagdan. Nakapagkit ang kanilang mga tingin sa cellphone ng isa. Ano kayang pinag-uusapan nila at ang dalawa sa kanila'y nakangiti?

Sa kaliwang bahagi naman ng ikasampu o ika-11 hakbang ng hagdan ay may nakaupong matandang babae, mahigpit ang hawak niya sa kaniyang saklay. Sa harap niya'y nakatayo pero bahagyang nakayuko ang isa pang babae. Itinapat nito ang kaniyang palad sa namamagang paa ng matanda.

Pagdating ko sa tuktok ng overpass ay mga tanod ang nakahimpil. Wala ang mga tindero't tindera. Walang nakalatag na mga sako kung saan madalas nakahain ang ikinakalakal na mga baseball cap at sapatos. Walang makukulay na mga powerbank at cellphone. Walang makikinis na mga screen protector. Walang nakasampay na mga hoodie at t-shirt. Walang mga bata na madalas naghahabulan habang ang matatanda ay itinataguyod ang impormal na ekonomiya sa overpass.

Hindi ako yumuko nang dumaan sa ilalim ng MRT. Nasa isang dangkal lang siguro ang pagitan ng tiyan ng riles ng MRT at ng bumbunan ko. Pababa ng overpass papuntang terminal ng Five Star, kapansin-pansin na hubad na ang hagdan sa maninipis na bakal na nakadisenyo dati sa bawat hakbangan. Tinanggal at ipinakilo ba ito sa junk shop ng kung sinong nangangailangan? Ilang kilo kaya ng bigas ang nabili mula sa napagbentahan ng inumit na bakal?

Wala ang nagtitinda ng mais at ang kaniyang kariton sa paanan ng overpass. Iniiwasan ng mga pasahero ang mga bumubuwelong mga bus ng First North Luzon, Five Star, at Bataan Transit. Mga dambuhalang ahas ang mga bus na gutom na gutom sa pasahero.

# Gag Show

MABILIS AKONG NAKASAKAY ng bus kanina pauwing Pampanga. Nakaupo pa ako sa bintana kaya libre ang tunay na pelikulang mapapanood sa salamin: nagmamadaling mga tao, papadilim na langit na lumulukob sa mga gusali, EDSA na pinakukutitap ng mga ilaw ng poste at sasakyan, NLEX na bawat hinga ko ay nagpapalit ng malalaki't magkakasunod na billboards ng negosyo. Marahil ay bago pa ang bus, o bagong linis. Hindi sira ang seradura ng aircon. Hindi ako mangangaligkig.

May umakyat na pasahero. Nilampasan niya ang bakanteng upuan sa tabi ko. Huminto siya sa bakanteng upuan sa likuran ko. Hindi pa niya naibababa ang lahat ng gamit niya'y kinausap niya ang pasahero sa likod ko. Dahil sa tinig niya kaya ko nalamang babae siya. Sabi niya, "Puwede po bang lumipat na lang kayo ng upuan kasi may kasama po ako?" Tutal raw mag-isa lang 'yung pasahero ay tumabi na lang sa akin. Sa loob-loob ko, a, baka kasi bata o senior ang kasama. Lumipat ang pasaherong nasa likod ng kinauupuan ko. Pagtabi niya sa akin, isa siyang sumisinghot at medyo nagpipigil-ng-ubong lalaki, payak ang pananamit, napapipinid ang mga mata, at tila pagal sa maghapong trabaho. Manggagawa si Kuya. Hindi ko narinig na sumang-ayon siya sa babae.

Dumating ang kasama ng babae. Isa siyang transgender na malakas din ang boses, at mukhang masayahin at malakas ang pangangatawan. Bakit ang manggagawa ang pinakiusapan ng babae sa halip na ako, samantalang pareho naman kami ni Kuya na mag-isa?

Aalis na sana ang bus ngunit sinabi ng babae sa konduktor na paparating na raw sa terminal ang isa pa nilang kasama. Pinaalis nila ang kahoy na bangkito na nasa ilalim ng mga upuan nila dahil marami raw silang gamit na ilalagay. Hindi magkandaugaga ang konduktor. Nagkusa ang katapat nilang pasahero na du'n na lang sa kaniya ilagay ang bangkito.

Siguro naman ay nagpasalamat ang babae at ang transgender, o hindi ko lang narinig kasi malakas ang canned laughter sa Caucasian gag show na pinalalabas sa TV ng bus. Sa sobrang lakas ng canned laughter ay hindi ko na narinig ang Salita ng Diyos na binabanggit ng Kristiyanong nangangaral sa aisle. Ang naulinigan ko lang ay iyong "hindi nabubuhay ang tao sa tinapay lamang." Nang makaandar na ang bus, tumigil na rin sa pagsasalita si sister. Hindi niya ako nilampasan at inabutan niya ako ng makulay na envelope na may malalaking mga salita na "Donation for God's Mission" at may kinalaman sa Pasko.

Maayos at komportableng nagkuwentuhan ang dalawang pasahero sa likod ko. Narinig ko pa ang babae: "Very English. Very British... It's just a piece of the cake." Nagte-text naman si Kuyang Manggagawa na naging katabi ko na. Gusto kayang manood ni Kuyang Manggagawa sa salaming TV ng bintana? Inihaharang niya sa bibig ang kaniyang kaliwang kamao habang pinipigilang umubo. Anong mga salita kaya ang pinigilan niyang palabasin kanina nang pinalipat siya mula sa puwestong pinili niya sa tabi ng bintana?

# Luklukan

PAGKASAKAY KO NG BUS SA Guagua, Pampanga, sabi ng konduktor ay may tatlong bakanteng upuan pa raw. Marami rin raw ang bababa sa San Fernando. Pangatlo ako sa umakyat. Nasa likod ang mga bakanteng upuan, pero dalawa lang. Ang dapat ay isang bakanteng luklukan ay inuupuan ng dalawang bata. Katabi nila ang kanilang nanay (o lola, hindi ko sigurado) na may kandong na isa pang bata.

Nanatili na lang akong nakatayo sa isla ng busa. Nakidantay ako sa isa sa mga sandalan. Narinig ko ang isang babaeng pasahero na kumakanta ng "Just Give Me A Reason" ni Pink. Pagtingin ko sa TV ng bus, palabas ang MTV ni Pink – naka-bra at panty siya habang naglulupasay sa ibabaw ng queen size bed na napaliligiran ng tubig. May TV rin sa loob ng MTV ni Pink kung saan kumakanta ang ka-duet niyang lalaki na hindi ko alam ang pangalan. Nakikanta na rin ako nang mahina – 'yung kumakanta pero gumagalaw lang ang bibig at dila pero walang tinig na lumalabas.

Inabutan ako ng konduktor ng tiket at siningil ng pamasahe. Pero bago ko siya bayaran ay siningil ko muna siya sa paraang itinuro sa akin ng diplomasya: "Kuya, saang upuan po 'yung bababa ng San Fernando?" Nagturo siya ng tatlo hanggang apat na upuan.

Isa sa itinuro niya ay ang kinaluluklukan ng mag-asawa sa tapat ko. Karga ng lalaki ang sanggol na lalaki. Ang babae naman ay nagpipigil na maduwal dahil siguro sa biyahilo. Binuksan ko ang bag ko upang maghanap ng plastik na puwedeng

itulong sana para sukahan ng babae. Wala. Binuksan ng lalaki ang kaniyang bag: may plastik na may lamang brown envelope, kaparis ng sapatos ng bata, at salawal ng sanggol. Iniabot niya sa babae ang salawal at doon dumuwal ang babae. Nagdesisyon akong hindi sa luklukan nila uupo pagkababa nila. Sa oras na iyon, kumakanta na sa MTV ang Westlife, ng bersiyon nila ng "Uptown Girl."

Sa 'di kalayuan, may isang lalaking punumpuno ng mga tattoo ang kaliwang braso. Sinisingil na siya ng konduktor. Makapal na pamaypay ang kaniyang mga perang namumulaklak na tig-iisanlibong piso. Palabas na sa TV ang isa pang MTV ng Westlife. Naisip ko kung ano na kaya ang hitsura ng boyband na ito ngayon. Maya-maya ay tumayo si Kuya Tattoo. Wala pa sa San Fernando ay nakaupo na ako. Naramdaman ko ang init na naipon sa luklukan. Hindi naman ako nabalisawsaw.

Tumugtog naman ang "Ikaw" ni Yeng Constantino. Sa MTV, nagkukulitan sila ng asawa niya sa dagat. Tamang-tama ay humapon na ang bus sa terminal ng Genesis sa San Fernando. Maraming bumaba. Marami ring umakyat. May ilang kaaakyat lang na bumaba na rin dahil wala nang luklukan.

May tumabing bata sa akin, sa luklukan sa kaliwa ko. Nang may umakyat na tindero ng buko pie, bumili siya. Nakasumbrero ang bata at nakadilaw na t-shirt. Masaya niyang kinain ang buko pie. Antok na antok siya matapos kumain. Nakayuko siya kanina at ipinatong ang mukha niya sa mga tuhod para matulog. Hawak-hawak niya ang brown na coin purse niya. Nag-iba siya ng puwesto. Ginawa niyang unan ang arm rest ng luklukan niya hanggang sa makatulog siya. Katatapos lang kumanta ng higanteng Celine Dion sa MTV ng "My Heart Will Go On." Pagkalubog ng Titanic, love story ng mga bampira ng Twilight ang MTV ng "A Thousand Years."

Maraming pasahero ang nagsi-siesta. Habang tumutugtog ang "Thinking Out Loud" sa TV, nakatanaw naman ako sa bintana nitong bus. May dalawang lalaki na nag-aayos sa kanilang maliit na sakahang putikan. Pasulpot-sulpot ang abang mga bahay sa gitna ng malawak na mga sakahan sa gilid ng NLEX. Nagtatayugan ang malalaking logo ng McDo at KFC sa nadaanang stopover sa Petron. Higante ang billboard nina Dingdong at Marian para sa PNB. May billboard ng Cherifer. Tinitingnan ko ang mga kable ng kuryente, nagbabakasakling may mga ibon na nakihapon. Maraming puno at halaman sa gilid ng NLEX. Ang mga dahon ay parang mga matang tinatanaw akong tumatanaw sa kanila.



Si **Arlan Manalon Camba** ay kasalukuyang naninirahan sa Angono, Rizal kapiling ang kaniyang asawa at dalawang anak. Nagtapos ng AB Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) at MA sa Marikina Polytechnic College (MPC) ng digring Master of Arts in Teaching Major in Instructional Technology; at may yunits sa PhD Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas. Nakapaglathala na rin siya ng kaniyang mga koleksiyon ng mga tula; ang BULOK: Antolohiya ng mga Tulang Nilalangaw (2019) at Mga Tíbô ng Taludtod (2023). Kamakailan lang ay napasama ang kaniyang sanaysay sa Ikasiyam na Isyu ng Luntian Online Journal at ang kaniyang kuwento sa Agos Journal Tomo IV. Naging fellow siya sa prestihiyosong Palihang Rogelio Sicat (PRS 11) noong 2018. Tumatayo siya bilang Pangulo ng Pandayan ng Literaturang Pilipino (PANDAYLIPI INK.) at UGPUP o UNYON NG MGA GURO SA POLITEKNIKONG UNIBERSIDAD NG PILIPINAS.

# Lunod

TILA LUBID NA NAKAPULUPOT sa kaniyang leeg ang nararamdaman niyang kalungkutan. Hindi siya nito pinahihinga. Pakiramdam niya ay nilulunod siya ng mga pangamba at agam-agam sa mga masasamang balitang nababasa niya sa *social media* at naririnig sa mga kaibigan. Pinanlulumo ng mga balita ng kamatayan ang kaniyang katawang lupa, natitigagal ang kaniyang puso, binabakbak nito ang kaniyang isip, pinahihina nito ang kaniyang paniniwalang espirituwal.

Sino ba kasi ang hindi matatakot sa kamatayan? Kanina, nang magbukas siya ng kaniyang *facebook account,* nakita niya ang mga kulay na itim sa ilang mga *profile pic* ng ilang mga *FB Friends*. At sa kanilang mga *status*; puspos ng mga mensahe ng pamamaalam sa kanilang *common friend* na si Grace: RIP Grace…, Rest In Peace Grace…, R.I.P. GRACE MAHAL KA NAMIN…, RIP GRACE No More Pain….

Tinayuan siya ng balahibo. Ang kilabot ay gumapang hanggang kaniyang batok. *"Patay na si Grace… si Grace Calusin…!"* ang paulit-ulit na isinisigaw ng kaniyang utak.

Ilang dekada na ang nakakaraan, si Grace 'yung tinedyer na iniligtas niya sa tiyak na pagkalunod; isang tag-araw iyon nang magkayakagang silang mga magkakapit-bahay mag-*outing* sa isang *beach resort* sa Real, Quezon. Nang mawalan ng malay si Grace, lakas-loob siyang nag-CPR *(Cardiopulmonary Resuscitation)*. Sa awa ng Diyos, na-*revive* n'ya si Grace.

Hindi siya makapaniwala. Napakabata pa nito para mawala. Nagkasakit ba ito? Naaksidente? Nagka-COVID? Pang-ilan na ba si Grace sa mga malalapit niyang kaibigan at kakilala na namatay dahil sa pandemya?

Binasa niya ang *thread of messages* tungkol sa pagkamatay nito.

*Asphyxia. Napugto ang kaniyang hininga dahil sa pagsakal ng lasenggong asawa habang inginungudngod ang ulo nito sa timba ng binabanlawang labada….*

*"Putang-ina…"* napapamura siyang nag-*sign-out* sa kaniyang *social media account.* Hindi siya makahinga. Nilulunod siya ng masamang balita.

# Star of the Night

*"LADIES AND GENTLEMEN, once again; for her last set of performance… please welcome on center stage; our star of the night… the most beautiful and the most alluring, Ms. Latifah!"*

Dumilim ang buong paligid. Humugong sa kabuuan ng lugar ang palakpakan at sigawan ng mga manonood. Eksakto ang aming dating. Marahan ang aming hakbang patungo sa bakanteng mesa na nasa harapan ng entablado. Tanging ang malamlam na liwanag ng *pin light* sa bahaging *bar section* ng *club* ang nakabukas. Kasabay ng maharot na tugtugin, lumiwanag ang *center stage* mula sa binuksang *spot light.* Nakapokus ang liwanag sa babaeng nakatalikod. Nakalugay ang katamtamang haba ng katamtaman ding pagkakulot ng buhok nito. Nakapulang bra, nakapulang bikini, nakapulang boots, at sa balikat ay nakasabit ang *red feathered shawl.*

Unti-unting umimbay ang kaniyang balakang. Maharot. Umaakma sa maharot ding tugtog. Kumukurba ang kaniyang katawan sa saliw ng nang-aakit na musika. Hindi siya kaputian ngunit hindi rin maitim. Makinis siya. Nagpapantay ang kulay ng kaniyang balat sa sinag ng nagbubutil nitong pawis na dumadausdos sa halos hubad nitong katawan. Katamtaman ang hulma at haba ng kaniyang binti. Tamang-tama sa mabibilog nitong hita. Namumutok ang kaniyang puwitan na humahakab sa pula nitong bikini.

Mula sa kaniyang pagkakatalikod ay pinadausdos nito ang kaniyang mga paa. Dahan-dahan. Parang gunting na pinabubukaka. Lumapat ang kaniyang mga biyas sa sahig ng entablado. Lapat na lapat! Maya-maya'y dahan-dahan niyang

ikinilos muli ang kaniyang mga binti. Marahan niyang itinukod ang mga kamay upang unti-unting makatayo na nakaharap sa mga manonood!

At mabilis kong pinagmasdan ang kaniyang kabuuan. Ang binti, ang tuhod, ang hita, ang umbok na natatakpan ng suot na bikini, ang kurba ng balakang, ang pusod, ang hakab ng mga dibdib, ang mga braso, ang mga balikat, ang leeg, ang labi, ang ilong, ang pisngi, ang mga mata…

Napaigtad ako. Napalunok. Nanlumo. Nanghinayang! Ito ang mga matang kamakailan lamang ay humihilam at namamaalam….

*"Sir, hindi na po ako makakapasok… hindi na po ako makakapag-aral… mas kailangan kong magtrabaho para sa aking pamilya!"*

# Writer's Block

PAKIRAMDAM NIYA AY ISANG MALAKING BAHAW na banga ang utak niya ngayon. Walang laman, puro hangin. Kahit anong pilit na mag-isip ay wala siyang mapiga. Hindi tulad ng dati, parang bukal ang pagbalong ng mga ideya. Sumasabay ang kaniyang mga kamay sa takbo ng kaniyang iniisip. Dumudulas sa papel ang sinasabi ng kaniyang utak. Para siyang "nagtatae ng ideya." Kakambal ng kaniyang panulat ang paggagap sa katotohanan. Matalim ang kaniyang panulat. Sumusugat! Marami na ring nasaktan, nagalit sa kaniyang mga patutsada at *exposé* sa kaniyang kolum na lingguhang lumalabas sa isang kilalang pahayagan. Matalim ang kaniyang mga salita. Pinupuntirya nito ang mga buhong at limatik ng lipunan. Ilang kongresista na ba ang nagalit sa kaniya? Ilang senador na ba ang umikot ang tumbong nang mabasa ang kaniyang kolum? Kahit ang *Chief Executive* na nasa palasyo ay hindi nakaligtas sa kaniyang maaanghang na banat. Naging laman ng kaniyang mga sulatin ang palpak na pagtugon ng pamahalaan sa COVID-19, ang mas lumala pang korapsiyon, ang mga pagdukot at pagpatay, ang "*war on drugs,*" ang lahat ng ito ay hindi nakaligtas sa kaniyang matalim na panunuligsa.

Naging numero uno siyang kritiko ng maling pamamahala. Kaya naman, hindi nakapagtataka na araw-araw ay inuulan siya ng maraming pagbabanta sa kanyang buhay. Kahit ang pinakamataas na pinuno ng bansa ay hindi na rin maitago ang ngitngit at galit sa kaniya. Minsan, sa isang panayam; bagaman hindi siya pinangalanan nito ay damang-dama niya ang poot sa napakalutong na mura na lumabas sa bunganga nito; *"putang ina mo ka… hindi ka pa namatay nu'ng bata ka, may oras din sa mga tulad n'yo!"*

Sa halip na matakot ay lalo pang umanghang ang kaniyang mga birada; mas lalo pang tumalim ang kaniyang mga batikos. Naging mainit sa mata ng mga

dorobong politiko ang kaniyang kolum sa diyaryo.

Ngunit ngayon ay hindi siya makapag-isip. Ginagambala ang kaniyang utak ng pag-aalala.  Kinukutkot na ba ng takot ang kanyang panulat?

Dalawang araw nang hindi umuuwi ng bahay ang kaniyang panganay na anak. At kanina, isang *video clip* na may labindalawang segundo ang haba ang ipinadala ng kung sino sa kanyang *cellphone.* Kita niya sa *video* ang lamog na katawan ng kaniyang anak. Tila wala nang buhay.

Halos pagsakluban siya ng lupa at langit. Halos panawan siya ng katinuan. Durog na durog ang kaniyang puso. At kahit hindi siya makapag-isip nang tama; sa likod ng kaniyang utak ay itinuturo na ng panulat kung saan at sino sa kanila ang una niyang pupuntiryahin.



Kasalukuyang guro ng wika at panitikan si **John Carlo S. Gloria** sa Kagawaran ng Filipino, Paaralan ng Humanidades ng Pamantasang Ateneo de Manila. Nagtapos siya ng kaniyang Masterado sa Panitikang Filipino sa nasabing institusyon at ng kaniya namang Batsilyer sa Pamantasang Normal ng Pilipinas. Mababasa ang kaniyang mga akdang tula at kuwento sa ilang antolohiya at diyornal sa loob ng bansa.

# Himala ng Isang Sanggol[1]

Siyam na buwan matapos ang atubiling pagsisimula ng rebolusyon buhat nang matuklasan ng mga kaaway ang Katipunan, lagi nang lambong ng ligalig ang mga araw. Napadadalas ang pag-ulan. Marahil, pangitain ng mga diyos sa napipinto. Ngunit para kaninong panig? Hirap ang ugnayan namin sa ibang kampo, naaagaw pabalik ng puwersa ng Español ang ilang dating napalayang bayan, at panipis nang panipis ang imbak ng mga pangangailangan para makapagpatuloy. Sa kabila nito, hindi pa rin naglalaho ang bisa ng aming mga anting-anting—nag-uulol ang taktika ng kalaban, hindi madaling napaaatras ng kanilang mga baril at kanyon ang mga Anak ng Bayan. At nito lamang, kumalat ang balitang pagbibitiw ni Gobernador Heneral Polavieja bilang pinuno ng kanilang sandatahan, bunga ng kahihiyan.

Laging kulimlim at napadadalas ang pag-ulan. Pag-agos, pagbaha, pagdanak.

Taliwas sa ganitong panganorin, liwayway na maituturing ang anak ni Heneral Apoy na si Pacita, kung tawagin namin. Sa kagustuhan ng ama, bininyagan ang sanggol sa kapilya ng Indang habang tinutugis ang aming pangkat ng mga guardia civil. Minadali lang ang seremonya at doon, sa pakiwari ko, binasbasan si Pacita, hindi ng pananampalataya, kundi ng mismong pakikibaka. Tumulak kami agad pagkaraan tungo sa bundok Paliparan para magkubli't tagpuin ang iba pang

[1] Hinalaw ang ilang detalye ng akda mula sa Alvarez, Santiago. *The Katipunan and the Revolution: Memoirs of a General*. Ateneo de Manila U P, 1992.

kasamahan. Balot lamang ng kumot, kalong ko sa dibdib si Pacita sa gitna ng pag-akyat sa tarik at dulas ng daan. Binagtas namin ang mga bundok ng Tagaytay at Sungay, sinugod ang nagngangalit na ulan, at binata ang mapambulag na dilim. Sa pagitan ng paghimpil upang makapahinga, iiyak nang malakas ang bagong binyag na sanggol at tatahan lamang kung uusad kami sa paglakad. Pagdaka ay siya namang pagdating ng mga tumutugis sa 'ming mga Español sa dati naming kinaroroonan. Makailang beses itong naulit at naging pananda namin ang pagtangis ni Pacita upang magpatuloy gaano man kalakas ang hampas ng ulan. Hindi kami ipinagkanulo ng kaniyang mga luha. Isinalba kami nito hanggang makarating sa Paliparan.

Wala mang tuwirang nagsasabi, alam naming lahat na naroroon na anak si Pacita ng rebolusyon at ng bayan. Sa kaniya nananahan ang banal.

# Fanboy

UUNAHAN NA KITA SA SIMULA PA LANG: wala kang makikitang kuwento o kuwenta rito. Panay papuri lang sa idol kong manunulat. Fanboying, sabi nga ng Gen Z. O baka pakikisawsaw ko lang talaga 'to sa putikang daigdig ng panitikan. Gusto ko rin kasing maging writer. Sikat na writer, tulad nu'ng idolo ko. 'Yung tipong may naiisip agad na akda pagbanggit pa lang sa pangalan ko sa sinumang kinakausap. Gano'n kaastig dapat, 'tol. Dahil kung hindi, 'di bale na lang.

Walastik itong sinasabi kong writer. In a league of his own! Kayang sumulat ng fiction at tula. Long at short form, 'tol. Palanca Hall of Famer sa limang akdang ipinanalo niya sa sunod-sunod na taon. Panis 'yung mga writer na kakilala mong higit sandekada ang inabot bago mag-Hall of Fame o mas malala, kinamatayan na lang ang pangarap na masungkit 'to. Ang malupit pa kay idol, bago maglabas ng bagong libro, nagfi-fieldwork muna. Antropologo at etnograpo rin kasi siya (ang totoo, 'di ko 'to alam nu'ng una. Inilagay niya lang sa bionote niya sa huli niyang libro). Pupuntahan niya ang mga lumad, makikipamuhay sa kanila habang itinatala ang kanilang oral na panitikan. Kaunting kalikot at pagtatahi lang sa mga nanenok na mga detalye tapos, boom! Meron na siyang nobela o koleksiyon ng kuwento (mas mahirap nga naman kasi kung tutulaan pa niya ang mga 'to). Ganito naman daw ang postmodernong mga akda, sabi ni Jameson: pastiche. Pagbabalasa at pag-uugnay-ugnay ng bago at lumang mga teksto at mga piraso nito. May sining at ganda sa kasabugan! O, 'di ba? Huwag mo na lang akong tanungin kung ano'ng nangyari sa mga etnolingguwistikong pangkat matapos malimbag ang mga libro ni

idol. That's for another conversation and wouldn't help my aspirations of being a great writer.

Ang huling balitang narinig ko tungkol kay idol e may grant siyang nakuha para sa kaniyang binubuong libro. Tungkol daw sa panitikan naming mga Manobo. At ito ang ikukumpisal ko sa 'yo: nang marinig ko ang detalyeng iyon, 'di ko maiwasang isipin na sana, lulunin din si idol ng dambuhalang ahas na sumagpang sa Nalandangan.

# Nekronomiya

*"Instead of going to drugs, you might want to put up a business, sabihin ko sa inyo, itong mga panahon, itong mga araw na dadating, kung may punerarya ho kayo, kikita kayo nang husto… Iyong small time punerarya dito, doon, at siguradong hindi kayo malugi…"*

---

"Mag-aalas dos na ata nung kumalabog 'yung pinto namin sa sunod-sunod na katok. Naalimpungatan ako sa katatawag ng kapitbahay. Ang sabi lang, 'Te Linda… 'Te Linda, si Jepoy, asa bangketa.' 'Di ko naman akalaing ganu'n na pala ang nangyari."

---

"Tinrabaho agad ni Boss Tonton ang pagpapa-accredit sa Bright Funeral Service sa mga lespu. Kelangan ng padulas syempre. Sa pangalan lang kasi maaliwalas 'tong punerarya. Dilaw na ang dating puting tiles, 'yung singit-singit, kahit anong kuskos ang gawin, itim na talaga. Residente na rin dito sa 'min 'yang mga ipis. 'Asa tapat lang kasi namin 'yung imburnal. 'Pag minalas-malas pa, pati bubwit, nakikironda. Pero kahit ganito, aprub pa rin ang negosyo basta't napagkasunduan ang presyo."

---

*"… At pag humina na ang negosyo n'yo, sabihin ko lang sa mga pulis, bilis-bilisan n'yo nang konti para kumita 'yung tao sa negosyo nila."*

---

“Naghanap kami sa ospital, morge, ipinagtanong namin sa estasyon ng pulis pero kung saan-saan lang kami itinuturo. ’Ka ko, please naman tsip, kayo ang nag-ayos ng bangkay, e. Sabihin n’yo naman kung saan dinala, kung nasaan.”

---

| | |
|---|---|
| PERMIT (Registration & Burial) ..................................................... | Php. 1,000.00 |
| EMBALMING .......................................................................... | Php. 8,000.00 |
| AUTOPSY (morgue, manpower, ambulance) .................................. | Php. 9,000.00 |
| CREMATION / CEMETERY (casket & hearse) ............................ | Php. 5,500.00 |
| OTHER EXPENSES (tarpaulin, flowers, balloons) ......................... | Php. 3,500.00 |
| Restoration of Human Remains ...................................................... | Php. 17,500.00 |
| **TOTAL:** | **PHP. 44,500.00** |

“Dagdag trenta mil kung gusto n’yo ng dagdag na turok ng formalin para mas tumagal ang lamay. ’Di agad mangangamoy ang bangkay. Mas kikita kayo sa tong sa lamay.”

---

“Misis, in-autopsy na namin kasi ke’ tagal-tagal n’yong dumating dito. Wala kahit isang kamag-anak. ’Di naman puwedeng nakatiwangwang lang dito ’yan. Sunod-sunod ang dating ng mga katawan dito kaya inaasikaso namin kaagad.

Pambihira naman kayo, e. Sarado na ang presyong ’yan dito sa Bright. Ganyan sa lahat ng accredited. ’Pag binabaan pa namin, lugi na kami. Pumunta kayo sa DSWD tsaka sa City Hall para humingi ng assistance.”

---

“Bente singko hanggang trenta mil lang dito sa Eusebio. E pa’no, wala akong obligasyon kaya mura dito sa ’min. Kasi kung may obligasyon ako sa bawat nagbibigay ng bangkay, syempre, ’mamahal na ’yan.”


---

Amnesty International, a human rights watchdog, released a report in January 2017 stating that “Police investigators appear to be running a racket with funeral homes, forcing families to spend money they can ill afford to claim the body.”

---

BRIGHT FUNERAL SERVICE

Dito ka na sa maganda at libreng funeral service at sementeryo worth 25k. Handog sa atin ni Vice Mayor Janice Beltran, House Speaker Diosdado Beltran, Jr., Cong. Arnold Beltran at Mercy Beltran. Sa Bright Funeral Service, 'di ka iiyak sa presyo ng serbisyong babayaran. LIBRE basta residente ng QC. TAWAG NA… 434-3697, 996-6066, at 09198177888.




# Maikling Kuwentong Pambata

Nagtuturo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman si **Elyrah L. Salanga-Torralba**. Nagsusulat siya ng sanaysay at mga akdang pambata. Awtor siya ng "Nanay and the Moon" at ng "First, A Warning (Mga Kuwentong Hindi Para Sa Lahat)."

# Ginoong Buwan

ISANG GABI, NAISIPAN NG BUWAN na tumakbo bilang mayor sa lungsod ng San Miguel. Pinuntahan niya ang mga tao't hayop.

"Mga kababayan, nais kong ipaalam sa inyo na nais ko kayong pagsilbihan bilang inyong Mayor. Ipinapangako kong hindi ko pababayaan ang aking tungkulin bilang Buwan ninyo sa aking pagkahalal," sabi ng Buwan habang itinataas ang kaniyang kamao.

Nagpalakpakan ang mga tao habang ang iba nama'y naluha sa sobrang galak. Naalala ng mga tao ang kabutihang ginawa ng Buwan para sa kanila; nagsilbing gabay ang liwanag sa gabi, nagbabantay ng panahon, inaayos ang klima.

Hindi nag-aksaya ng panahon ang mga tagasuporta ng Buwan. Bumuo ng iba't ibang grupo ng suporta para sa buwan ang mga tao. Mayroong Mga Aswang para sa Buwan, Mga Manggagawang Overtime para sa Buwan, Mga Buntis para sa Buwan, Mga Guwardiya para sa Buwan, Mga Taga-Call Center para sa Buwan, at Mga Nagtitinda ng Balut para sa Buwan.  Bilang suporta, nagsusuot sila ng mga puting t-shirt at baller IDs. Makikita rin sa mga bahay-bahay ang mga tarpaulin na may mukha ng buwan na nagsasabing "Gabi-gabing maglilingkod nang tapat!"

Samantala, naging mainit ang bentahan ng kung ano-anong memorabilyang may kinalaman sa buwan. Ginamit ang iba't ibang mukha ng buwan sa mga tumbler at laruan ng mga popular na kainan: bilog na bilog, kalahati, at mukhang gasuklay. Naging numero uno sa listahan ng most requested song ang mga kantang may pamagat o kinalaman sa buwan. Lumaganap ang #buwan, #istanbuwan, at #dikanagiisabuwan sa social media. Sumikat ang iba't ibang disenyo ng buwan bilang wallpaper sa cellphone o sa phone case.

Nagsumikap ang Buwan sa kaniyang pangangampanya. Nagtiyaga siyang

bisitahin ang mga bahay ng mga tao at hayop. Kinamayan niya ang bawat isa. Nakipag-selfie at groufie pa sa ilan. Namigay rin siya ng mga putoseko dahil ayon sa kaniya, kamukha niya ang mga ito. Nagtawanan ang mga tao nang sabihin niya 'yun. Saan man siya magpunta, sinusundan siya ng mga tao. 'Di lamang siya sikat, mahal na mahal siya ng mga tao. At gusto nilang siya ang manalo. Kung kaya noong araw ng eleksiyon, walang nagulat sa pagkapanalo ng kanilang pinakamamahal na Buwan. Kay tindi ng kaniyang pagkinang noon sa sobrang saya.

Nang mahalal, nagsimula nang magtrabaho ang buwan. Dumalo siya sa mga inagurasyon, nagbigay ng mga talumpati sa mga magtatapos, at nanguna pa sa mga outreach program tulad ng Chalk at Pambura, isang proyekto para sa pag-aaral ng kabataan. Nagsulat at pinirmahan niya ang mga batas para sa Disiplina at Kalinisan, Aruga para sa mga Senior, at Feed the Children.

Noong una, maayos ang lahat. Tulad ng kaniyang ipinangako, hindi kinalimutan ng Buwan ang kaniyang responsabilidad para sa kaniyang mamamayan. Nagpatuloy siya sa kaniyang pagkinang sa langit habang bumababa sa lupa para manilbihan bilang mayor. Naging karaniwan nang nakikita ang Buwan na nakikipag-usap sa mga tao't hayop habang nasa langit ito.

Gabi-gabi kung magtrabaho ang Buwan. Binigyan niya ng atensiyon ang mga may kailangan ng kaniyang tulong. Tumulong siya sa kaniyang programa para sa pagkain. Namigay siya ng lugaw at tinapay sa mga nangangailangan. Nakita rin siyang tumutulong sa pagpapatayo ng mga bahay ng mga nasalanta ng bagyo. Ang lahat ng ito ay kaniyang nagawa sa kabila ng kaniyang pagkinang pa sa langit para sa mga nangangailangan ng kaniyang liwanag.

Hindi tumitigil sa pagtulong ang buwan sa mga tao't hayop. Mayroong demolisyon na nagaganap? Naroon ang mayor. Nag-aaway ang magkapitbahay? Andu'n si Mayor para ayusin ang gulo. Kailangang magpakasal? Naroon siya para ikasal sila. Nawawala ang aso? Tutulong rin siya sa paghahanap.

Hindi niya nararamdaman ang pagod dahil masaya siyang nakapaglilingkod sa kaniyang sinasakupan. Dahil sa kaniyang mga gawain bilang mayor, napapadalas ang kaniyang pagbaba sa lupa. Napansin niyang mas gumagaan ang trabaho kung sa lupa siyang maninilbihan.

Maraming nagmamahal sa buwan bilang mayor. Hanggang sa dumating ang gabing napapadalas na siya sa lupa kaysa langit. Nakikita ng mga tao at hayop ang mga pagbabago sa buwan dahil sa kaniyang pagsubsob sa trabaho sa lupa. Napapadalas nang lagi siyang nakakasama sa mga okasyon. Lagi na lang siya nasa opisina pumipirma ng mga papeles. Minsan, matutulog na mismo sa opisina sa

umaga. Lagi siyang nariyan kapag kailangan siya ng mga tao. May mga nakapansin na unti-unting umiimpis ang kaniyang pangangatawan. Hindi na rin masyadong kumikinang ang kaniyang liwanag. Minsan, kumukurap-kurap o mahina ito.

Ang gabi na ngayo'y nangangahulugan na wala nang buwan sa langit. Nahirapan nang makakita sa dilim ang mga tao. Madadapa o matitisod ang mga ito. Hindi na rin makakapaglaro sa labas ang mga bata ng tubigan dahil wala na ang liwanag ng buwan. Nauso na rin ang pagbenta ng mga flashlight, helmet na may flashlight, at mga lampara. Ang mga okasyon ay ipinagdidiriwang na lamang sa umaga dahil delikado nang maglakad pauwi sa gabi.

Nang lumaon, dumating na ang mga reklamo. Hindi lahat ay masayang naging mayor ang Buwan. Unang nagsampa ng reklamo ay ang mga aswang. Inireklamo nilang hirap silang magbagong-anyo sa gabi. Ayon sa kanila, kailangan nila ang liwanag ng buwan para sa kanilang mahika. Sumunod naman ang mga ibon. Dahil sa nagbago na rin ang panahon, nahihirapan silang umuwi. Naghain rin ng reklamo ang mga hayop na panggabi. Dahil wala na ang buwan, hindi nila alam kung dapat na bang lumabas upang maghanap ng pagkain o hindi. Nagsampa rin ang mga tao ng kasong negligence o kapabayaan laban sa Buwan. Pakiramdam ng mga mangingisda, nagiging mga inutil sila sa kanilang trabaho dahil hindi na naaakit ang mga isda sa liwanag ng buwan. Kulang pa rin ang nakukuha nilang isda kahit mayroon na silang mga lampara. Dumaing rin ang mga makata. Ayon sa kanila, nawala na ang nakabibighaning katangian ng buwan magmula nang mahalal ito kaya di na sila nakapagsusulat ng mga tula tungkol sa kaniyang pagiging buwan. Nagreklamo na rin ang mga nagbebenta ng balut. Naghahanapan daw sila sa dilim ng kaniyang customer. Minsan, sa sobrang dilim, penoy ang naibigay niya't 'di balut. Nagalit sa kaniya ang customer.

"Fake news lang ang mga 'yan," sabi ng Buwan nang tanungin siya sa isang panayam. "Gawa-gawa lang 'yan ng mga kalaban ko sa politika," dagdag niya. "Hindi ko pababayaan ang aking mga sinasakupan. Kailangan nilang malaman ang katotohanan, at ang katotohanan ay puro kasinungalingan lamang ang mga paratang nila laban sa akin. Kailangan natin magkaisa para sa ating pag-unlad!" sabi ng buwan. Nagpalakpakan ang kaniyang mga tagasuporta.

"Buwan! Buwan! Buwan!" sigaw ng kaniyang mga tagasuporta.

Nadesmaya ang mga tao't hayop sa mga nangyayari. Tumungo sila sa kalsada't nagsimulang magprotesta.

"Buwan! Buwan! Itaas! Itaas!" ang sigaw ng karamihan.

"May liwanag ang buhay!"

"Tama na ang pagiging Mayor!"

"Ibalik ang Buwan!"

"Umuwi ka na, Buwan!"

Nagsilabasan ang iba't ibang sarbey na kumikilates sa popularidad ng Buwan. Bagsak siya sa rating ng mga ito. Umalma ang mga tagasuporta niya.

"Mga peke lang 'yan!" sabi nila.

"Hindi totoo!" sigaw ng ilan.

Marami sa mga nagprotesta ang gustong magbitiw na sa puwesto ang Buwan. Naging bulong-bulungan naman ang salitang impeachment.

Nagbingi-bingihan ang Buwan. Masaya kasi siyang naglilingkod sa mga tao. Nagpatuloy pa rin siya sa kaniyang mga gawain bilang Mayor. Minsan, kasama siya sa mga pagdiriwang. Moonyanita ang tawag niya sa mga ito. Kapag bumibisita naman siya sa mga bahay-bahay, buwanang dalaw ang tawag nila rito.

Hanggang sa isang gabi, bigla siyang nagkasakit. Hirap siyang makatayo. Hirap huminga. Nawalan rin siya ng pang-amoy. Higit sa lahat, nawala ang kaniyang liwanag. Nataranta siya nang husto. Tinawag niya ang mga eksperto.

"Baka may nakain ka lang na 'di hiyang sa iyo," sabi ng isang siyentipiko.

"Naku, mukhang nakakuha ka ng virus. Saan ka ba nagpupupunta?" tanong naman ng astronomo.

"Mukhang nausog lang. Dapat kang lawayan sa t'yan para mawala," sabi ng albularyo.

Tumatango-tango lang ang buwan sa kanila. Sinubukan niyang inumin ang mga gamot na inireseta sa kanya: mga gamot na matamis at maalat sa panlasa. Ngunit nagpatuloy pa rin ang kaniyang sakit. Matamlay pa rin siya't walang liwanag.

Natakot ang mga tao't hayop. Bumuo sila ng mga prayer vigil para sa kaniyang paggaling. Ang iba nama'y umakyat pa sa bundok ng Banahaw upang humingi ng tulong sa mga kilalang manggagamot doon. Nag-alay sila ng manok at nagdasal para sa paggaling ng Buwan.

"Ano na ang ating gagawin?" tanong ng mga dalubhasa nang sila'y magpulong tungkol sa kalagayan ng Buwan.

Isang botaniko ang nagbigay ng payo sa Buwan matapos niyang suriin ito.

"Kailangan mong umuwi sa langit," sabi ng botaniko. "Katulad ng halaman, hinahanap ng kaniyang ugat ang lupa upang lumago't manatiling matatag. Nawala ang iyong liwanag dahil hindi ang mundo ang iyong tahanan. Tinatawag ka ng langit. Panahon na upang muli mong itanim ang iyong mga ugat

sa iyong tahanan sa langit."

Napaisip ang Buwan nung gabing 'yun. Nahirapan siyang makatulog. Iniisip niya ang mga tao. Iniisip niya rin ang sarili. Kailangan na niyang magdesisyon.

Kinagabihan, dagsa-dagsang tao ang nakinig sa huling panayam ng Buwan sa plaza.

"Mga kababayan, labag sa aking kalooban ang iwan kayo bilang Mayor ninyo. Ngunit napagtanto kong muli ang halaga ko sa inyo bilang buwan. Babalik na ako sa langit kasama muli ang mga kapatid na bituin."

Nagpalakpakan ang mga tao sa huling pagkakataon. Nag-iyakan at nagyakapan pa ang ilan sa sobrang tuwa.

Magmula noon, nakikita na muli ang buwan sa kalangitan. Paminsan-minsan bumibisita pa rin siya sa lupa, hinihingan ng payo ng mayor at iba pang opisyal. Nanumbalik ang katiwasayan. Nakauwi na muli ang mga ibon. Nakalipad na ang mga aswang. Higit pang naging inspirado ang mga makata. Humupa ang alon-alon sa dagat. Nagliwanag ang paligid. At nakahinga na nang maluwag ang mga tao't hayop sa lungsod ng San Miguel.



# Maikling Kuwento

Si **Klara Domagtoy Espedido** ay isang transgender woman mula sa probinsiya ng Sorsogon, rehiyon ng Bicol. Kasalukuyan siyang sophomore ng Associate in Arts in Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman. Ang kaniyang tula, sanaysay, at dagli ay nagwagi sa Saranggola Blog Awards, Palanca Awards, The Leoncio P. Deriada Award for Literature, at The Jigger S. Latoza Prize for Socially Relevant Literature. Itinanghal rin ang kauna-unahan niyang dula sa PedXing Kolab Series Year 7 sa Legazpi City. Mababasa ang kaniyang mga akda sa Likhaan 18: Journal of Contemporary Literature ng UP Institute of Creative Writing, Kinaiya: Mga Sining at Sulat mula sa LGBTQIA+, Circle's Magazine ng 8letters Publishing, at Beyond the Binary ng Philippine Association for Transgender Health. Naging fellow siya sa Ikalawang Palihang Rene O. Villanueva na itinataguyod ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas at 21st San Agustin Writers Workshop ng University of San Agustin. Ang kaniyang panulat ay nakatuon sa panitikang pambata, panitikang queer, at panitikang rehiyonal.

# Ang Amaranhig sa Sitio Kauswagan

**I.**

MAGDADALAWANG LINGGO NANG MAY GUMAGALANG HAKA-HAKA sa Sitio Kauswagan. Pagsapit ng alas-kuwatro ng hapon, kapag tapos na ang labada't makahihinga na pansamantala ang katawan sa mga gawaing bahay, mag-uumpukan ang mga nanay sa harap ng malaki-laking hardware ni Mario. Sa kanilang lugar, ito na yata ang pinakamaalwang tindahan kung saan maaaring maghuntahan. Bukod sa mayroong bubong na nakausli para maging silungan ng mga nagbabalak tumambay, madalas, mayroon din ditong libreng pameryenda – lalo kapag mabulas ang pasok ng pera sa negosyo. Nakatutulong ding kailanma'y 'di sila sinita ng nagmamay-aring lalaki. Dahil madalas, ang katiwala lang nitong si Karlo ang nagbabantay.

Sa pag-uusap ng mga ginang, pinagpapasa-pasahan ng kani-kanilang dila ang tungkol sa hinihinalang amaranhig na, ayon sa mga nakasaksi, ay madalas na masumpungang naniniktik sa paligid ng bahay ni Mario – na nakatayo lang din sa likod ng hardware. Walang sinumang makapagpatotoo sa haka-haka. Liban na lamang sa tatlong lalaking 'di umano'y saksi sa misteryong nagdudulot ng namumuong takot sa dibdib ng mga taga-sitio.

Ang lasinggerong si Hulyo, kapag nasa ilalim ng impluwensiya ni San Miguel, hindi maiwasang ikuwento nang pasigaw, sa kalsada kung saan siya susuray-suray na naglalakad, ang namataan niya isang gabing tikatik ang ulan at sarado ang mga bintana't pinto sa takot na baka pasukin ng hanggang bukong-bukong na baha. Sabado raw iyon. Kagagaling lang niya sa handaan ng kaibigang may anak na pumasa sa Licensure Examination for Teachers. Pagkatapos na mabundat ang

tiyan sa nilantakang bihon at lumpiang shanghai, nagkayayaan silang uminom. Lambanog daw na pasalubong ng misis ng kaniyang kumpare, na kagagaling lang sa Tayabas, ang kanilang tinungga. At sa kasaysayan ng gabi-gabi nilang inuman, unang beses daw nilang makatikim ng lambanog.

Halos makabisado na ng mga taga-sitio ang anekdota ni Hulyo. Kung nakapagsasalita nga lamang ang mga alikabok, gulong ng traysikel, o ang mismong kalsadang mga piping saksi ng kaniyang bukambibig, tiyak na pare-pareho ang sasambitin ng mga ito: Pauwi na ako no'n, sisimulan ng alikabok. Kaunti lang naman ang nainom ko dahil sabi ko sa kanila, magkukumpuni pa ako ng bubong ng bahay dahil tag-ulan na naman. May butas pa naman ang bubong namin. Nang madaanan ko iyang bahay ni Mario, napaatras ako. Kung sinusuwerte nga naman, nakakita pa ng amaranhig! Sigurado ako, amaranhig 'yon! Saka magsasalaysay ng paglalarawan ang gulong ng traysikel: Mahaba ang buhok no'ng babae. Labas ang pusod dahil kay-ikli-ikli ng damit. Tapos, ang pantalon, gutay-gutay. Sumasayad sa tubig-baha. 'Di ko mamukhaan. Kinusot-kusot ko nang ilang beses ang mata ko, 'di pa rin. Sabi ko, baka dahil nakainom lang ako. Pero punyeta, nang humarap sa akin bigla, para akong sinapian ng paa ng kabayo! Takbo ako hanggang makalayo! Ang kalsadang dinalaw ng kakayahang magsalita ang magbibigay ng kongklusyon sa deklamasyon ng lasing: Pagkauwi ng bahay, binungangaan ako ni Misis. Bakit daw aniya e para akong hinabol ng isang pulutong ng bubuyog. 'Ka ko, nakakita ako ng amaranhig. Sinampal ba naman ako? Huwag ko daw siyang pinagloloko.

Noong una, si Hulyo lang naman ang sambit nang sambit ng sinasabi niyang amaranhig. Walang gustong maniwala sa kuwento ng kaibigan ni San Miguel. Kahit anong ulit niyang sabihing totoo ang nasaksihan niya, 'di pa rin maniwala ang sangkabahayan. Bakit daw 'di binidyohan? Gago, sagot ni Hulyo, paano ko bibidyohan e nakay Misis ang selpon ko. Pero isang hapon sa harap ng hardware, humahangos na naupo si Beata. Kagagaling lang daw niya sa kanilang bahay. Wika ng ginang sa pagitan ng pagkahingal at panginginig, namumutla raw na nagising ang bunso niyang si Mikko mula sa pagkakatulog. Tinanong niya raw kung ano'ng nangyayari sa binatilyo. Dinalaw daw ito ng amaranhig sa panaginip. Ang amaranhig na nakita mismo ng mga mata ng binata noong gabing pauwi siya galing magbasketbol. Ayon sa anak ng ginang: babae ang amaranhig. Mahaba ang buhok. Nakausli ang buto sa braso. Gula-gulanit ang suot na damit. Tapos, 'yong pantalong hapit, nagkabutas-butas na. 'Di raw makagalaw ang binata habang hawak-hawak ang bola. No'ng lumingon sa kaniya, nakita niya raw ang mukha: sabog ang pisngi ta's ilong. Halos wala nang mukha!

Mas lalong napagtibay ang mga haka-haka nang masundan ito ng testimonya ng nagde-deliver ng parcel sa sitio. Taga-ibang barangay ang binata. Minsang narinig nito ang umpukan ng mga taong nagkakandabulol-bulol sa takot habang nagkukuwentuhan tungkol sa amaranhig, ’di niya naiwasang makisabat: ’Tang ina! ’Di lang pala ako ang nakakita no’n? Akala ko dahil pagod lang ako, iiling-iling siya kasabay ng isang mahabang buntonghininga. Saka niya imumuwestra sa mga nakikinig, gamit ang kamay at bibig, ang animo’y pagsasadula ng mga pangyayari: Ginabi na ako no’n sa pagde-deliver. Sabi ko, dahil ito namang bahay ni Boss Mario ang pinakamalayo sa lahat ng address ng mga ide-deliver, ihuhuli ko na lang. Nakailang sigaw ako sa harap ng gate, walang sumasagot. Pinindot ko pa nang ilang beses ’yang doorbell pero wala talaga. Aalis na sana ako nang may mapansin akong babae. Nakatayo sa may likod mismo ng hardware, sa tapat ng Santol, malayo-layo rin mula sa ’kin. Lalapitan ko sana. Pero ‘tang ina, no’ng humarap, kahit ’di ko masyadong nakita, natulala ako. Tapos, tapos, biglang naglakad papunta sa akin. Nanlilisik ang mga mata! Mata lang ang makikilala sa mga parte ng mukha niya. Parang handang kumain ng tao! ’Di ako naniniwala sa mga multo-multo na ’yan pero naihi ako sa takot no’n. Namalayan ko na lang, tumatakbo na ako. ’Di ko nga alam kung sa’n napunta ’yong hawak kong parcel, e. Nawala bigla. Buti ’di tumawag si Boss Mario sa number ko para magtanong.

Magdadalawang linggo nang halos sabay-sabay na nagsasara ang mga bintana’t pinto ng kabahayan. Nakakandado pa ang mga ito. Pagkatapos mag-umpukan sa harapan ng hardware, kapag nagdarasal na ang butiki sa lupa, magkakaniya-kaniya nang paalam ang mga nanay. Ang mga may-ari ng tindahan, ayaw mang malugi pero sinasara na, kahit alas-siyete pa lang, ang kanilang negosyo. Mahirap na raw ang panahon ngayon. Pagpatak ng alas-otso, wala nang mga batang naglalaro sa harap ng mga poste. Ang noong kaysiglang bumbilya na halos mabingi sa tilian ng mga batang nagtatagu-taguan, ngayo’y mga gamugamo na lamang ang iniilawan. Paos na rin ang mga bidyoke. ’Di man lamang makabirit hanggang matapos ang curfew. Ang alikabok sa daan, tuwing may liwanag na lamang kung magsumiksik sa gulong ng mga traysikel at pedicab. Awtomatikong nagiging abandonadong lugar ang sitio sa tuwing nagtatago ang araw. Pangahas ang sinumang magtatangkang lumabas sa pagsapit ng dilim.

Isang maliit na lugar lamang ang Sitio Kauswagan. Binubuo ito ng nasa limampu hanggang pitumpung kabahayan na nagsisiksikan sa lugar na dati’y tapunan ng mga basurang galing sa mga kalapit na pook. Apatnapung taon na rin

ang nakararaan simula nang mayroong apat na mag-anak, na pawang lumuwas mula sa Antique, at wala nang mahanap na lugar para pagtirikan ng bahay sa bakal na gubat, ang nagdesisyong tambakan nang tambakan ng lupa ang lugar. Dito nanirahan ang apat na pamilya hanggang sa madagdagan nang madagdagan ang populasyon. Sa paglipas ng mga taon, unti-unting umunlad ang lugar. Dito nagsitipon ang kamag-anakang kadalasa'y mula sa probinsiya. Naging sementado ang dating lupa na madalas maging putik tuwing nangangasim ang panahon. Nakapagpatayo sila ng maliit na kapilya sa sentro ng sitio kung saan din nakatirik ang barangay hall sa likuran. Sampung bahay mula rito, matatagpuan ang maliit na basketball court kung saan ginaganap ang mga pagdiriwang at programa. Isang matandang mula sa Antique ang nagpangalan sa sitio. Dahil nais daw niyang makalayo sa taguring sila'y mga basurero dahil sa kasaysayan ng lugar, ito ay marapat lamang na tawaging: Sitio Kauswagan. Sa gayon, hindi na amoy ng naaagnas na latak ng kabahayan ang umalingasaw sa lugar kundi ang halimuyak ng pag-uswag; ng pag-unlad. Magmula noon, ang dating tambakan ng basura ay naging santuwaryo para sa mga taga-probinsiyang naghahangad ng kahit kaunting alwan sa buhay.

Hindi na bago sa lugar ang mga haka-haka ukol sa mga hindi maipaliwanag na kababalaghan. Noong isang taon, napabalita rin ang isang abat, isang lumilipad na kalahating katawan ngunit hindi tinutubuan ng pakpak bagkus ay mga braso mismo ang ginagamit upang makalipad, na gumagala raw tuwing namimilog ang buwan. Magdadalawang buwan ring wala ni isang nangahas na lumabas tuwing gabi. Humupa lang ang takot makaraang maluklok ang bagong halal na kapitan, si Kap Recto, na nangakong hindi niya kailanman pababayaan ang kaniyang mga ka-sitio. Maayos ang naging pamamalakad ng kapitan; nagtalaga siya ng mga roronda tuwing gabi. Payapa na sana ang sangkabahayan kung hindi lang nangyari ang aksidenteng kinasangkutan ng tapat na lingkod. Nasawi si Kap Recto nang mahulog ang ipinapasada niyang traysikel sa bangin. Sa ilalim ng pamumuno ng humalili sa nasirang kapitan, natigil din ang pagronda ng mga dating naatasan.

Minsa'y tinanong ng mga nanay si Karlo. Bakit daw hindi na namimigay ng libreng meryenda ang bantay ng hardware. Natigilan si Karlo. Siya man din ay nagtataka kung bakit ilang araw na niyang hindi naaamoy ang paboritong panlalaking pabango ng kaniyang amo, ang amoy ng langkang hinog – na madalas niyang malanghap sa tuwing binibisita nito ang hardware. Wala siyang balita kung saan pumunta ang pinagsisilbihan. Tanging alam niya'y huli niya itong nasumpungang balisang-balisa habang may hinihilang itim na trash bag, isang

gabing babale sana siya rito. Tuloy, hindi niya maibalita sa amo ang tungkol sa amaranhig na kumakalat-kalat sa kanilang lugar– partikular sa harap, likod, o gilid ng bahay nito.

Sa huli, walang nagawa si Karlo kundi ang mangibit-balikat.

## II.

Suot ang bulak sa puting dress, at habang maingat na maingat na sinusuklayan ang buhok na halos humalik na sa puwitan, matipid na ngumiti si Cynthia kay Mario. Nasa loob sila ng secondhand na kotseng pagmamay-ari ng pitong buwan niya nang kasintahan. Matipid na ngiti lamang ang naisukli niya nang tanungin siyang muli ni Mario tungkol sa matagal na nitong kinukulit sa kaniya: Mahal, pakasal na tayo? Mapapipikit si Cynthia kapag sinasambit ito ng lalaki. Isasagot ng dalaga: Hindi puwede. Bawal namang magpakasal sa Pinas, e… Bago pa man niya mabuo ang sasabihin ay kaagad na aalma ang lalaki. Kukunot ang noo; saka yayakap. Sa pagitan ng katawan nilang magkadikit ay hahalo sa hangin ang halos awtomatikong sagot ni Mario: E 'di… sa New Zealand tayo magpakasal, o sa Netherlands, Taiwan… sa'n mo gusto, Mahal? Papakasalan kita kahit saang bansa pa 'yan. Pagkatapos nito'y 'di na sasagot ang dalaga. Mananatiling tikom ang bibig niya habang nakatulala. Kakalas siya sa yakap at bubuntonghininga. Mabait namang tao si Mario, hindi niya maitatanggi. Kung ang kahulugan ng kabaitan ay buwan-buwang pagbibigay ng pera para maipadala niya sa tinutustusang pamilya, at walang kagatol-gatol na pagbibigay ng allowance para may maipambili siya ng mga nilalaklak na gamot – matatawag ang lalaki bilang mabait.

Kung sa iba sigurong kagaya niya, matutuwa at kaagad na tatango ang mga ito kapag inayang magpakasal. Batid niyang madalang lamang ang mga lalaking maglalakas-loob na pakasalan siya – lalo na dahil sa kasarian niya noong ipinanganak, at sa minsan niyang naging hanapbuhay. Ang mga ito'y hindi alintana ni Mario, bagay na ikinalulugod ng dalaga. Ngunit may sapat siyang dahilan upang huwag habambuhay na itali ang sarili sa lalaki. Nakatitiyak siya.

Makaraan ang ilang segundo'y nagpasiya nang bumaba mula sa kotse ang dalawa. Naunang lumabas si Mario upang pagbuksan ng pinto si Cynthia. Hindi magawang bigkasin ng dalaga ang pasasalamat para sa kilos ng lalaki. Bumaba siya't tumango lamang sa nakangiting kasintahan. Lumingon siya pabalik sa kotse para siguruhing wala siyang naiwan. Nakita niya ang repleksiyon ng mukha sa salamin ng kotseng dirty white. Simputla ng kulay ng kotse ang kaniyang mukha.

Hinaplos ng lalaki ang kaniyang buhok kaya napalingon siya rito. Saka nito hinawakan ang kaniyang kanang kamay. Napatingin siya sa kanilang kamay na magkasalikop. Napansin niya ang namumutok na mga ugat sa kamay at braso ni Mario. Dumako ang tingin ng dalaga paitaas, naglandas ang mga ito sa maputi niyang braso. Biglang humangin nang malakas at nahawi ang telang tumatakip sa braso niya. Natigil ang kaniyang mga mata sa isang pasa na singlaki ng bunga ng puno ng santol sa harap ng bahay ng kasintahan. Kaagad niyang hinawi pababa ang manggas ng suot.

Hindi ito ang unang beses na nakapunta siya sa Sitio Kauswagan. Lampas na sa daliri ng dalawang kamay ang bilang ng pagpapabalik-balik niya rito. Kabisado niya na ang boses ng mga kapitbahay; lalo na iyong madalas kung maabutan nilang nagkukumpulan sa harapan ng hardware. Binabati siya ng mga nanay ngunit kaagad lamang siyang yuyuko dahil pinangungunahan siya ng hiya. Pagyuko ang isa sa mga bagay na itinuro sa kaniya ng dalawang naunang trabaho. Salungat sa kasintahan niyang kilala ng buong sitio, hindi na siya nag-abala pang ipakilala ang sarili sa lugar.

Sa loob ng hardware, napapansin niya madalas ang nanunukat na tingin ng isang binata. Katiwala raw ito, ayon na rin kay Mario. Hindi niya na naitanong ang pangalan ng binata. Pero matipid din itong ngumingiti lalo kapag nagsasalubong ang kanilang tingin. Pagkatapos magbilang ng kita ay magpapaalam na si Mario sa katiwala. Hudyat ito para tumayo na rin siya upang daluhan ang kasintahan. Lulusot sila sa pintong nasa likurang bahagi ng hardware. At doon, babatiin sila ng pulang gate na lampas sa dibdib ni Cynthia.

Malaki-laki rin ang bahay ni Mario. Bunga ito ng kaniyang lumalagong negosyo. Sa kanilang sitio, ito na yata ang pinakamalaking bahay. Bungalow ang estilo nito't beige cream ang kulay na sumasakop sa dingding. Binuksan ni Mario ang gate. Nadaanan ng dalawa ang mga dahon mula sa malaking puno ng santol. Winalis ito ng paa ni Mario. Pagkapasok, kaagad na dumiretso ang dalawa sa ikalawang kuwarto ng bahay. Sinalubong ng panlalaking amoy ang butas ng kanilang ilong makaraang mabuksan ang silid. Amoy-langkang hinog. Umupo si Cynthia sa kama. Sinundan niya ng tingin ang nakatayong si Mario. Tumingin ito pabalik sa kaniya at kumindat. Wika ni Mario: Matagal-tagal na rin akong hindi nakakatikim, Cynthia. Walang naisagot ang dalaga. Pinagmasdan niya lang ang kasintahang maghubad ng damit pang-itaas at salawal. Nang boxer shorts na lamang ang natitirang saplot ni Mario, nagtungo ang lalaki sa cabinet na gawa sa kahoy, sa tabi ng kama. May kung anong hinahalughog ang lalaki. Ilang segundo

pa'y hawak na nito ang maliit na paketeng naglalaman ng – para kay Cynthia ay – sakuna. Napayuko ang dalaga. Alam niya na ang kahahantungan nito.

Binuksan ni Mario ang hawak na pakete. Tinaktak niya ito sa nakabukas na palad. Pagkatapos, tumingin ang lalaki sa kasintahan niyang ngayo'y nakayuko. Inutusan niya itong makipagtitigan sa kaniya. Iniangat ni Cynthia ang kaniyang tingin alinsunod sa utos ni Mario. Mapapansin ang unti-unting panginginig ng kamay ng dalaga. Ang kanang kamay niya'y nakahawak sa braso. Nang maiangat ang tingin, muling nasaksihan ni Cynthia ang pagdutdot ng daliri ni Mario sa tumpok na nasa palad. Pagkatapos, hayok at marahas nitong nilamutak sa itaas at ibaba ng gilagid ang dumikit na mga puting buhangin. Nang masiyahan sa ginagawa, hinawakan ng lalaki ang ulo ni Cynthia. Singhot, anyaya ng lalaki. Umiling si Cynthia. Mario, aniya, napag-usapan na natin 'to, 'di ba? Biglang pumungay ang mga mata ni Mario. Parang sinapian ng anghel mula sa ikapitong langit. Mahal, sagot nito, kahit ngayon lang. Nagmatigas ang dalaga. Ilang ulit na siyang tumatanggi sa tuwing inaalok siya ng kasintahan.

Ngunit hindi inasahan ng dalaga ang sunod na ginawa ni Mario. Marahas na inginudngod ng lalaki ang ulo ni Cynthia isang pulgada ang layo sa nakabukas nitong palad. Unang beses na makita nang malapitan ni Cynthia ang pinapapak ng kasintahan. Singhot, utos muli ni Mario. Ngunit kumpara sa malambing at nanghihikayat na tinig nang unang beses niya itong sambitin, naging malalim ang boses ng lalaki. Tumuwid ang kilay; naging blangko ang mukha. Muling gumapang ang takot sa dibdib ni Cynthia at naging mas marahas ang panginginig ng kaniyang mga kamay. Parang mga dahon ng santol na ngayo'y yinuyugyog ng hangin. Gagawin mo, sigaw ni Mario, o hindi? Palakas nang palakas ang boses ng lalaking ngayo'y paunti-unti nang sinasapian ng puting halimaw. Nasa'n na ang anghel na kanina'y bumisita sa kaniyang katawan? Palala rin nang palala ang pamamawis ni Cynthia habang nakikinita niya ang nagbabadyang panganganak ng mga pasa sa kaniyang braso.

Pitong buwan ang nakararaan, napapayag si Cynthia na maging kasintahan ni Mario. Mabait naman ang lalaki. Pinangakuan siya nitong ibibigay ang anumang kaniyang naisin. Dahil gipit nang mga panahong iyon, tinanggap ng dalaga ang alok. Maayos naman ang naging mga unang buwan nila. Binilhan siya nang binilhan ng lalaki ng iba't ibang mamahaling damit. Iyong mula sa mga sikat na brand. Buwan-buwan siyang nakapagpapadala ng dalawampung libo sa pamilya niya sa probinsiya. Sa tulong din ni Mario, naipaayos niya ang bahay na tinutuluyan ng kaniyang nanay at dalawang nakababatang kapatid. Katuparan ito

ng pangarap ni Cynthia. Hindi niya akalaing kagyat na mababago ang kanilang buhay sa tulong ng kasintahan.

Masyadong nalunod sa benepisyo si Cynthia. Hindi niya natantiya ang kakambal nitong delubyo. Sa ikaapat na buwan ng kanilang pagsasama, nalaman niyang may itinatagong bisyo ang kasintahan. Pinag-awayan nila ang bagay na ito. Unang beses sa loob ng ilang buwang payapa ang relasyon, unti-unting nagkaroon ng lamat sa puso ng dalaga. Ang pag-aaway nilang iyon ay humantong sa bangungot ni Cynthia. Iyon ang unang beses na nasaksihan niyang sinapian ng halimaw ang kasintahan. Sinampal siya ng halimaw. Pinagtatadyakan ang tiyan hanggang sa maubo siya ng dugo. Ilang beses na humalik ang kaniyang ulo sa dingding. Nabahiran ng pulang mantsa ang beige cream.

Akala ni Cynthia, hindi na siya aabutan ng umaga. Ngunit nang paos niyang isigaw na hihiwalayan niya si Mario, unti-unting humupa ang pagwawala nito. Lumayas ang halimaw mula sa katawan ng lalaki. Umamo ang mukha nito't nanlaki ang mga mata sa tanawing nasa harapan. Niyakap ni Mario ang nakahandusay na si Cynthia at ilang beses na humingi ng tawad. Iyon ang huling natatandaan ng dalaga bago siya sakupin ng dilim.

Isang linggong bumalik sa dating ugali si Mario. Binantayan niya't inalagaan si Cynthia habang nagpapagaling sa mga gasgas at pasang siya rin ang lumikha. Nangako ang lalaking hindi na kailanman gagamit ng naging sanhi ng kanilang pag-aaway. Lumambot ang loob ni Cynthia. Inakala niyang hindi na kailanman mauulit ang gabing iyon. Ngunit ang hindi niya alam, ilang beses pang mababahiran ng pula ang dingding na beige cream. Ilang beses pang manganganak ang mga pasa sa kaniyang katawan. Ilang beses pang manghihina ang kalamnan niyang tadtad ng sipa. Sa ilang beses na sasapian ng halimaw ang kaniyang kasintahan, makikipaghiwalay din siya nang paulit-ulit. Ngunit hahantong lamang sa isang siklo ang lahat. Magkakabati rin sila agad. Walang magawa ang dalaga. Kailangan niya ang tulong ng lalaki. Sa paulit-ulit na pangyayari, pikitmata na lamang na tatanggapin ng dalaga ang kinahantungang situwasyon. At sa kaniyang pagpikit, mababanaagan niya ang mukha ng dalawang nakababatang kapatid, nakabukas ang mga palad; at ng kinakapos sa hininga niyang nanay na tinataktak ang botelyang pinaglalagyan ng gamot.

Kaya't hetong inuutusan siya ng kasintahan, kahit labag sa loob, pikitmata niyang hinayaang salain ng maliliit na buhok sa kaniyang ilong ang mga kaprasitong kumatok sa bukana nito.

## III.

*Baka gusto mong subukan, Sis?* Napatigil si Cynthia sa tanong ng kaibigang si Julie. Selpon ang namamagitan sa dalawa. Katatapos lang magkuwento ni Cynthia sa kaibigan. Ibinahagi ng dalaga sa kausap ang tungkol sa pag-alis niya sa pinagtatrabahuang kompanya.

Isang taon na lamang sana at makapagtatapos na ng kolehiyo si Cynthia. Ngunit napilitan siyang huminto dahil sa ilang beses na pagkakaospital ng nanay na madalas sumpungin ng hika, at mga nakababatang kapatid na kailangang pag-aralin. Mula probinsiya, nakipagsapalaran siya sa matatayog na gusali ng Kamaynilaan. Ilang beses siyang nabigo sa pagbabakasakaling matanggap sa mga bakanteng trabaho. Kaya nga, suwerte kung kaniyang ituring ang makapasa sa pihikang panlasa ng kompanyang nagpatuloy sa kaniya. Dito siya halos dalawang taong nakipagharap sa marmol na sahig upang alisin ang anumang bahid ng dumi. Dyanitres siyang madalas na nasa pasilyo at naglulublob-punas, nagkukuskos-linis ng iniingatang marmol.

Tatlong daan, sa isang araw, ang kinikita ni Cynthia. Hindi sapat para sa buwanang gastos ng kaniyang pamilya. Ngunit dahil walang ibang trabahong malapitan, tiniis ng dalaga ang ilang beses na pagkaantala ng suweldo, ang lampas sa walong oras na serbisyo, at ang matutulis na bunganga ng mga tinuturing niyang amo – dahil 'di hamak na mas mataas ang posisyon sa kaniya ng mga ito.

Natigilan siya sa alok ng kaibigan. Ilang beses na umalingawngaw sa kaniyang isip ang binanggit nito: pinakamaliit na sa isang gabi ang forty-kwit, kung sinusuwerte ka't patok ka sa mga parokyano, sureball na'ng may mabubulsa kang one-hundred thousand. Matapos maglayas sa trabahong tiniis niya nang dalawang taon, dalawang linggo nabakante si Cynthia. Kinukulit na siya ng may-ari ng tinutuluyan niyang maliit na boarding house. Dalawang buwan na siyang hindi nakapagbabayad ng upa. Idagdag pa ang bayarin sa koryente, tubig, at pagkain. Wala siyang mahanap na trabaho. Kung mayro'n man, hindi man lamang siya mapagbigyan ng pagkakataong patunayan ang sarili. Rejected na raw kaagad, unang tingin pa lamang sa kaniyang resume.

"O siya," sambit ni Julie na nasa kabila pa ring linya, "tawagan mo na lang ulit ako kapag nakapagdesisyon ka na." Ibinaba nito ang tawag at naiwang tulala pa rin si Cynthia. Kanina, natanggap niya ang text mula sa kapatid na si Julius, nanghihingi ng pera pambili ng kuwaderno't mga gamit para sa nalalapit na pasukan. Ayon din sa kapatid niya, ubos na ang iniinom na gamot ng kanilang

nanay. Muling napaisip ang dalaga sa alok. Sa tuwing ganitong tatawag ang pangangailangan, paano ba dapat tumugon? Mga tatlong buwan lang, Cynthia, aniya sa sarili. Mga tatlong buwan lang ang pangako niyang pamamalagi sa papasuking trabaho habang naghahanap ng trabahong mas magaan sa kaniyang loob. Natapos ang gabing iyon sa pagtawag niyang muli sa kaibigan.

Unang gabi, sinamahan siya ni Julie sa isang tagong bahay sa likod ng kumpol-kumpol na kabahayan sa tabi ng marungis na ilog. Madilim na ang paligid ngunit banaag niya pa rin ang lumulutang-lutang na mga diaper, dumi ng tao, at kung ano-ano pang isinuka ng kabahayan. Naagaw ang kaniyang atensiyon ng dalawang dagang lumandas sa harap ng kaniyang paa. Tara na, pag-aaya ng kaibigan. Noon niya lang napansing nasa harap na sila ng isang bahay. Pagkabukas ng pinto, kaagad silang binati ng isang matandang bakla. Nakasuot ito ng bulaklaking daster at may pamaypay na hawak. Pinakilala siya rito ni Julie. Ayon sa kaibigan, si Mama Sonya ang kanilang boss. Mabait daw ito sa mabait. Ngunit kilabot sa mga bigla na lamang aalis sa trabaho nang walang pasabi. Napalunok si Cynthia habang napangingiwi sa amoy ng parang panis na kaning napabayaang amagin sa loob ng kaserola.

Maganda ka, 'Ne, sambit ni Mama Sonya, mababaliw sa 'yo ang mga parokyano. Ngumiti nang tipid si Cynthia. Hindi niya alam kung magpapasalamat siya sa sinabi ng matanda o hindi. Iginiya siya ng matanda sa isang kuwarto. Samantalang ang kaibigang si Julie, pumasok din sa kabila. Ang loob ng kuwarto ay nahahati sa tatlo. Okupado ng dalawa ring nagtatrabaho, na parehong wala nang pang-itaas na saplot, ang dalawang maliit na silid. Hinahati ng dalawang manipis na plywood ang kuwarto. Sa pinakadulong bahagi, doon pinaupo si Cynthia. Sa harap niya ay isang bukas na kompyuter. Masakit sa mata ang ilaw nitong tanging liwanag sa kinapaloloobang kuwarto. *Ikaw na'ng bahala kung ano'ng gagawin mo, kaniya-kaniya ritong diskarte.* Iyon ang huling sinabi ni Mama Sonya bago iwan si Cynthia.

Ilang minutong nakipagtitigan si Cynthia sa kahon. Nakabukas na ang website kung saan naghihintay ang mga kustomer. Pumikit siya't inalala ang dahilan kung bakit siya narito't nakaupo sa harap ng iskrin. Maya-maya, napalunok siya't hinawakan ang mouse. Laking-pasasalamat niyang kahit paano'y may alam siya sa paggamit ng kompyuter. Mahina niyang pinindot ang kanang pisngi ng mouse. Isang garalgal na klik at kaagad nang lumitaw ang namumuting balbas ng isang matanda. Binati siya ng matandang ngayo'y malawak ang ngiti. Hindi alam ni Cynthia kung ano ang mararamdaman. Bukod sa dagang hawak-hawak upang gabayan ang kursor, may mga daga ring naghahabulan sa loob ng kaniyang dibdib.

*Hi, what can I do for you?* Mabuti na lamang at may naibulsa siyang Ingles. Kaharap ang matandang mula sa kabilang lupalop ng daigdig, nagmistula siyang saleslady na nag-aalok ng produkto. Ngunit sa pagkakataong ito, hindi selpon, o perfume, o membership sa isang money-lending company ang kaniyang inilalako. Katawan. Nasiyahan ang matanda sa tanong niyang iyon. Sa mga susunod na minuto, tuluyang ilulubog ni Cynthia ang kaniyang ulo sa drum. Magpipigil siya ng hininga habang nakalubog sa tubig. Gustong magmaktol ng kaniyang mga kamay. Pero matatagpuan na lamang niya itong tumatalima sa manwal ng hari.

Basahin ang manwal:

| MANWAL SA MASINOP NA PAGPAPAILALIM |
| --- |
| 1. Hubarin ang damit. Ilantad ang dalawang umbok sa dibdib. |
| 2. Lamasin ang namimintog na bunga ng ilang taong pag-inom ng pills. Lawayan ang tatlong daliri at sundan ang galaw ng ruweda; gawin ito sa dalawang pasas na nakatayo. |
| 3. Pagkatapos, hubarin ang suot na salawal. Itira ang panty. May namamagitan mang tela, himasin ang humihikbing patpat. Kung maaari, sakalin ang leeg nito para matigil sa paghikbi. Higpitan. |
| 4. Kagatin ang labi. |
| 5. Pagsalitain ang mga mata. |
| 6. Damhin ang pares ng matang sumasabay sa liwanag ng iskrin upang mahipo ang bawat sitio ng iyong balat. |
| 7. Ulitin mula sa simula. |

Sa mga susunod na gabi, ganito ang magiging kalakaran: papasok si Cynthia para maging alipin sa kahariang kahon; at uuwing may dalang, madalas, lampas pa sa isang daang libo. Tuwang-tuwa sa kaniya si Mama Sonya. May dala raw siyang suwerte sa negosyo. Samantala, inggit na inggit sa kaniya ang kaibigang si Jessica. Hindi man lang kasi nito maranasang lumampas sa, aniya'y forty-kwit, ang

naibubulsang sahod gabi-gabi. Makailang ulit na kinulit ni Jessica si Cynthia kung ano'ng lihim ng dalaga't ganoon na lamang ito kung makalimas ng salapi sa mga nahihibang na laman. *Ambongga mo, Sis, a! Pinag-aagawan!* Ngisi lamang ang iguguhit ng dalaga sa hangin.

Ang lingid sa pang-unawa nina Mama Sonya at Jessica, at ng lahat ng naroon sa loob ng bahay: kasabay ng ilang ulit na pagpipigil ng hininga ni Cynthia habang nakalubog ang ulo sa drum, ay ang pagtaas din nang pagtaas ng tubig sa loob nito. Kalaunan, hindi na lamang ulo niya ang nakalubog. Kundi pati buong katawan. Nasustentuhan niya ang pangangailangan ng pamilya. Sumpungin man ng hika ang nanay ay mayroon siyang mahuhugot na ipon. Hihingi ng baon ang nakababatang kapatid? Hindi na niya kailangang pang mangutang para matugunan ito. Nakapagbukas na rin siya ng account sa bangko. Nang huli niyang subuan ang ATM, apat na itlog na ang masusumpungang nakahanay; nakapila sa tabi ng maliit na numero kinse.

Ngunit gaano man kapresko sa pakiramdam ang paglubog sa drum, may mga gabing mangangatog siya sa lamig. Mangungulubot ang mga daliri sa kamay at paa. Magkukulay-dagtang mula sa dinikdik na talulot ng gumamela ang labi. Maririnig ang sumisilbatong takure mula sa loob ng tainga. Nasa karera siyang maghahabol ng hininga. At sa mga ganitong pagkakataon, nanaisin niyang umahon; umalagwa; makalayo sa laway ng drum.

Marami nang nagdaang mukha sa birtuwal na kahon. Mula sa edad ng pagtuklas hanggang sa edad ng pagkalagas. Mula sa kilometro hanggang milya. Mula sa sariling lahi hanggang sa mga hindi pamilyar. Nagsilbing lunan ang kahong iyon sa paglalakbay ni Cynthia sa mundo kung saan isa siyang one-dimensional na karakter. At ang papel niya rito, saanman siya mapadpad, ay iisa: manatili sa ilalim.

Ngunit kakaiba ang gabing iyon. Kakaiba sa lahat ng mga nagdaang gabi ng pagtatanghal; ng pagsunod sa manwal na madalas marebisa alinsunod sa kung sino ang nagpapatupad. Nang gabing iyon, kasabay ng garalgal na klik mula sa mouse ay ang paglitaw ng mukha ng isang lalaki, tantiya ni Cynthia'y nasa mahigit trenta anyos. Malaman ang lalaki. May bigote sa ilalim ng ilong. May sa-kuwago ang dalawang mata ngunit bumabagay sa pisnging maumbok. Kumakaway sa kaniya ang ngiti nito. Nadagdagan ng ngiting iyon ang liwanag mula sa iskrin. Akmang sisimulan na ng dalaga ang palabas nang bigla siyang pigilan ng boses mula sa kabilang linya. Parang kamay iyong humawak sa kamay niyang nasa laylayan ng damit – mahigpit na mahigpit, tumataliwas. Kaagad na napintahan

ng pagtataka ang mukha ng dalaga. Unang pagkakataon sa piling ng kahong iyon, hindi ang inensayo niyang tinig, na nakaprograma na sa kaniyang bibig, at madalas na hinihingi ng mga kausap, ang kaniyang pinakawalan. Sarili niya nang tinig ang nangusap. Hindi niya napigilan ang sariling magtanong.

"Bakit?"

"Hindi mo kailangang gawin 'yan."

Patlang.

"Oo, alam ko. 'Yan ang trabaho mo…"

Patlang.

"Pero h'wag mo nang gawin. Mukha kang namumutla, e. Nakakawalang-gana haha!"

Patlang.

"Biro lang. Ako si Mario. Ano'ng pangalan mo? Matagal na akong bumibisita rito pero ngayon lang kita nakita. Bago ka ba?"

Iling.

"I see. H'wag mo nang gawin. Oo, alam ko, nag-log in ako rito para d'yan. Pero nagbago na'ng isip ko. Parang ang bait mo kasi, e. Nakakakonsensiya."

Patlang.

"Bawal ka bang tumawa? 'Di ka naman robot, a. Gan'to na lang, sagutin mo na lang ang tanong ko."

"Alin?"

"Ako si Mario. Ano'ng pangalan mo?"

Patlang.

Titig.

"Sige na! Pangalan lang naman."

Titig.

Patlang.

"Cynthia."

Akmang ibubukang muli ng lalaki ang kaniyang bibig nang makarinig sila ng sigawan mula sa espasyong pinaghihiwalay ng mga plywood. Dumoble ang laki ng mga mata ng dalaga kasabay ng pag-awang ng bibig ng lalaki. May pamilyar na tunog silang naririnig, tunog na kulay asul at pula, pula at asul, umiikot na asul at pula at pula at asul. Napatay ang liwanag mula sa kompyuter kasabay ng pagkalaglag ng headphone sa ulo ni Cynthia. Tumayo siya't nagmamadaling tinahak ang dilim. Hinahabol siya ng mga mukha mula sa kahon. Naging lawa ng

pawis ang kaniyang noo. Nagsasagutang sigawan pa rin ang kumukulay sa larawan ng gabi. Maya-maya, may kamay na humila sa kaniyang braso. Hinatak siya nito. Nagpatangay siya sa lubid ng mga daliring nakatali sa kaliwa niyang kamay. Sa tulong ng lumalagos na mga silahis ng liwanag mula sa labas, unti-unti niyang napagtagni ang mukha ng sinusundan niyang paa. Ang kaniyang kaibigan.

Matapos ang gabing iyon, nabakante siyang muli. Pati si Jessica. Naging laman ng balita ang pagkakatimbog kay Mama Sonya at limang kasamahang hindi niya na nakilala. At marahil, hindi niya na muling makikilala pa dahil batid niyang ang birtuwal na kahong minsang kumulong sa kanila ay mapapalitan ng sementadong kahon. Hindi na lamang plywood ang naghihiwalay sa kanila kundi ang pangil ng batas. Ilang araw ding naging laman ng balita ang mukha ng mga dati niyang nakasama. Pinamugaran ang isyung iyon ng samu't saring komento. Mga kitikiting nagpaparami sa nakaimbak na maruming tubig. Karamihan sa mga komento: tama lang 'yan, 'di sa inyo matutuwa ang Diyos, bakit 'di kasi kayo maghanap ng marangal na trabaho, mas mabuting magnakaw na lang kaysa tumulad sa inyo, kahit anong gipit sa buhay 'di ako maghuhubad para sa pera. Pagkatapos magbasa nina Cynthia at Jessica, sunod nilang aabalahin ang mga sarili sa pag-iisip ng trabahong mapapasukan. Sunod nilang aalalahin ang mga pamilya. Ang mga pangarap para sa pamilya.

Limang buwan. Limang buwang walang inasahan si Cynthia kundi ang naipon niya mula sa tatlong buwang trabaho. Pagak siyang natatawa kung minsan kapag naiisip na nagkatotoo ang pangako niya sa sariling hindi siya magtatagal sa trabahong iyon. Sunod niyang nabalitaan, umuwi na ng probinsiya si Jessica upang doon na lamang maghanap ng ikabubuhay. Masaya siya para sa kaibigan. Kung maaari nga lang, ganoon din ang gagawin niya. Ngunit sadyang hindi tumatango ang situwasyon.

Isang umagang nagbabakasakali siyang makahanap ng trabaho, hindi trabaho ang nakabungguan niya ng balikat. Isang pamilyar na mukha. Isang pamilyar na ngiti. Ang dalawang pares ng may sa-kuwagong mata. Ang mga pisnging kahawig ng kinakain niya noong siopao. Kagaya ng huli niyang nakita ang lalaki, muling napaawang ang bibig nito. Nakaramdam siya ng ilang sa tumatagos na titig ng kaharap na bulto. Naamoy ni Cynthia ang samyo ng hinog na langka mula sa katawan ng nangingiting lalaki. Napapikit siya sa dayuhang sensasyon.

"Cynthia?"

**IV.**

Naaalala niya ang lahat. Ang mga pangako ni Mario. Ang una nilang pagtatagpo. Ang mukhang suot-suot nito minsang muli silang pinagbunggo ng landas. Ang mga nagawa nitong mabuti, lumot na nakadikit sa kaniyang gunita. Ngunit sadyang may mga pasang mas madikit kaysa lumot. May mga palad na mas mabigat kaysa lambing. Hindi niya makaliligtaang minsang naging San Miguel si Mario. Ngunit sa dulo ng digma, hindi niya batid ang naganap. Ang dating San Miguel ay pumailalim at naging ang anghel na ipinatapon mula sa langit. At kung impiyerno man ang kaharian ni Mario, hindi na siya mangingiming bisitahin ito. Aakayin niya ang kasintahang lumangoy, kasama siya, sa karagatan ng apoy.

Tatlong araw ang nakararaan, natagpuan niya ang sariling dinapuan ng malay, sa gitna ng mamasa-masang lote, sa loob ng itim na trashbag. Marahas siyang gumalaw upang mapunit ang pinagsisidlan. Bulok siyang gulay na hindi na mapakikinabangan ng nagtitinda kaya itinapon na lamang kung saan. Pataba sa lupa. Pagkain ng langaw. Naaamoy niya mula sa sariling katawan ang pinaghalong tumigas na dugo at samyo ng lupang mahalumigmig. Nakaimprenta ang mga ito sa katawan niyang kahawig ng dagang sumabog matapos mayupi ng gulong ng kotse sa kalsada. Hindi niya batid kung paanong muli siyang dinalaw ng malay matapos ang nangyari tatlong araw ang nakalilipas. Gusto niya itong ituring bilang isang himala. Ngunit may ganito bang himala na ibinibigay ang langit? Bago pa man malunod sa pagtataka at mga katanungan ay iniunat niya ang katawan mula sa pagkakabaluktot. Narinig niya ang paglagitikng kaniyang mga buto kasabay ng pagkapunit ng pantalon. Tumayo siya nang tuwid. Nabigo siya. Wari siyang baling poste sa gitna ng loteng binisita ng ulan.

Kusang gumalaw ang kaniyang mga paa. Nagkaroon ito ng sariling buhay; ng sariling isip. Hinanap nito ang landas pabalik – patungo sa direksiyong nilandas ng mga gulong ng kotse ni Mario noong gabing nakipagkamay siya sa dilim. Makaraan ang halos isang oras, natagpuan ni Cynthia ang sariling nakatayo sa harap ng bahay ng kasintahan. Binati siya ng malaking puno ng santol. Walang ilaw na tumatagos sa mga bintana ng bahay na beige cream. Dalawang linggo siyang magpapabalik-balik dito. Magbabakasakaling masusumpungan ang hinahanap na amoy. Sa umaga, maglalagalag siya sa isang gubat malapit sa lote kung saan siya itinapon. Doon siya makikipagtagu-taguan sa mga napapadpad sa pusod ng gubat. Naging ilahas siyang hayop – lumalayo sa presensiya ng mga humihingang nilalang. Sa gabi at nagiging abandonadong lugar ang Sitio Kauswagan, aaligid-

aligid siya sa bahay na minsang nagpatuloy sa kaniya. Buo na ang loob niyang maging kawatan. May nanakawin siya mula kay Mario. Sa pagdaan ng mga gabing hindi maiilawan ang bintana, mas lalong uusbong ang kagustuhan niyang makamit ang kaganapan ng kaniyang pakay.

Hindi lingid sa kaalaman niyang mayroong mga lalaking nakakita sa kaniya. Minsan pa nga'y sinubukan niyang manakot. Ngunit hindi niya itinuloy. Itinulos niya sa isip, hindi sila ang kaniyang pakay. Wala sa kanila ang halimuyak ng langkang hinog. Hindi sila ang lalaking hinahanap niya. Wala siyang balak na maghasik ng lagim sa buong sitio. Narito siya para magbalik. Nagbalik siya para sa iisang bagay.

Isang gabing hindi matigil sa pag-iyak ang kalangitan, habang siya'y nakatayo't nagmamasid sa gilid ng puno ng santol, matapos niyang akyatin ang pulang gate ng bahay, ay narinig niya ang busina ng isang sasakyan. Napalingon siya sa labas ng gate. Naroon at nakaparada ang isang dirty white na sasakyan. Nang magbukas ang pinto ng sasakyan, isiniksik niya ang sarili sa malapad na katawan ng puno. Humalik ang itim na sapatos sa kalsadang ngayo'y unti-unti nang napupuno ng tubig-ulan. Pagkatapos, kumatok sa kaniyang ilong ang halimuyak ng langkang hinog.

Sinundan niya ng tingin si Mario. Palinga-linga ang lalaki sa paligid. Makulit ang dalawang pares ng mga mata nito. Waring magkakambal na mansanas. Mamula-mula. Pumasok ang lalaki dire-diretso sa kabubukas na gate. Nilandas nito ang maliit na pagitan patungo sa pintuan ng bahay; habang winawalis ng paa ang mga dahon sa nadaraanan.

Sa pagsasara ng pinto, kaagad na kumilos ang mga paa ni Cynthia. Dumating na ang oras. Ipis siyang mabilis na humagibis upang tawirin ang landas patungo sa tarangkahan. Ginalaw-galaw niya ang doorknob at napangisi. Hindi ito nakakandado. Pinakiramdaman niya ang sala nang makapasok. Tumutulo mula sa kaniyang naaagnas na balat ang mga luha ng langit. Dumadausdos ito paibaba, sa sahig na saksi ng tumagas na dugo mula sa ulo niyang nayupi. Sinuyod niya ang kusina. Hinanap ang isang bagay. Binungkal ng kaniyang dalawang kamay ang mga nakasarang aparador. Sa ilalim ng lababo, makaraang buksan ang maliit na pinto ng lagayan, ngumiti sa kaniya ang nguso ng martilyo. Malinis-na malinis. Nangingintab.

* * *

Halos mangintab ang mga puting buhangin na ngayo'y nilalamutak ni Mario sa kaniyang namumutlang gilagid. Pagkatapos, nanlilisik na pinukol ng

tingin ang kasintahang nakaupo sa kama. H'wag kang sinungaling, aniya, ikaw lang ang may alam ng lagayan ko ng pera! Muling napapitlag sa sigaw si Cynthia. Hindi niya maarok ang bintang ng kasintahan. Magkakalahating oras nang naninigaw-nagwawala ang lalaki. Ang rason: may nawawalang tatlumpong libo sa pera nito.

Malinis ang budhi ng dalaga. Lumaki siya sa hirap ngunit hindi siya kailanman natutong magnakaw. Suspetsa niya, ang nilalantakan ngayon ni Mario ang pinuntahan ng nawawalang salapi. Isa pang sigaw mula sa lalaki at hindi na nakapagpigil ang bunganga ni Cynthia. Baka binili mo na naman ng gamot mo, singhal niya. *Alam mong kahit kailan, hindi kita ninakawan. Mahirap lang ako, Mario, pero hindi ako magnanakaw.*

Nakalkula na ng dalaga ang susunod na mangyayari. Pasugod siyang nilapitan ni Mario at hinawakan sa pisngi. Naramdaman niya ang pagbaon ng kuko ng lalaki. Blangkong mukha lamang ang kaniyang tugon. Buo na ang loob niya, pagkatapos ng gabing ito, hindi na siya muling pabubulag sa benepisyong naibibigay ng kasintahan. Winalis ng sampal ni Mario ang kaniyang pagninilay. Napahawak siya sa pisnging waring tinusok ng mga bubuyog. Gago ka, matigas na sambit ni Mario, ano'ng karapatan mong sagutin ako? Dinuro siya ng lalaki. *Baka nakakalimutan mo, ako ang nagpapakain sa 'yo*. Humugot ng lakas si Cynthia at matapang na hinarap si Mario. *Oo na, oo na! Ikaw na'ng nagpapakain sa akin! Pero hindi ibig sabihin niyan, mamaliitin mo na'ng pagkatao ko!*

Saglit na napatitig sa kaniya si Mario. At pumikit.

Napurnada ang pagkatok ng katahimikan sa pagitan ng magkasintahan nang mahagip ng alaala ni Cynthia ang isa pang bagay. Ang isa pang bagay na mas lalong nagpatibay sa kagustuhan niyang putulin na ang pisi ng kanilang relasyon. Kokomprontahin niya ang lalaki. Itatanong niya rito kung sino-sino ang mga nakakausap nitong trans woman sa isang website; sa halos magkahawig na website kung saan sila nagkakilala. Naibulalas niya ang nadiskubre tatlong araw ang nakalilipas. Napamulat si Mario. Hindi siguro inasahan ang lihim niyang nabungkal ng dalaga. Pinagsasabi mo, matigas na sambit ng lalaki, talagang iibahin mo ang pinag-uusapan para h'wag kitang pagbintangan? Umigting ang panga ni Mario. *'Tang ina mong babae ka, ako pa talaga'ng pupukulan mo ng bintang e ikaw 'tong magnanakaw? Sa'n ka kumukuha ng kapal ng mukha?*

*Nakita ko, Mario, sa cellphone mo! No'ng naliligo ka sa banyo no'ng isang araw, malas mo lang kasi naiwan mong nakabukas 'yang cellphone mo. 'Yang cellphone na sabi mo dati, no'ng bago pa lang tayo: pakialaman mo na'ng lahat, h'wag lang ang cellphone ko. Kaya pala, kaya pala, Mario. Ano, ako lang ba ang nauna mong girlfriend na, sabi mo pa: binabae? Ilang tumbong*

*na ba ang nadilaan mo bago ang sa akin? Ilang tumbong ba ang dinilaan mo habang tayo pa?*

May sira ba ang tuktok mong babae ka, sagot ni Mario. *H'wag mo 'kong sisimulan. Baka 'di mo 'ko makilala.*

*Matagal na kitang hindi kilala! Matagal na!*

*Talagang…*

Hindi na tinapos ni Mario ang sasabihin. Tumuwid siya ng tayo. Nagsitayuan ang balahibo sa katawan ni Cynthia nang kumuyom ang kamao ng lalaki at sumuntok sa kama. Batid niya, nariyan na ang halimaw. Katabi niya ang halimaw. Isang duro pa kay Cynthia at nanununtok na tingin bago ito naglakad palabas. Lumagabog ang pinto ng kuwartong kasasara. Saglit na nakahinga nang maluwag si Cynthia. Ngunit kipkip pa rin sa takot ang dibdib. Ang takot ay napalitan ng hilakbot nang pumasok muli ng kuwarto si Mario. Hawak-hawak sa kanang kamay ang isang martilyo.

Kaagad na umiling ang dalaga. Mario, please lang, kung ano man 'yang binabalak mo, huwag. Ngunit hangin lamang ang pagmamakaawa ng dalaga – tinangay ng patlang sa mukha ng halimaw. Bawat hakbang ni Mario ay dagundong ng pintig sa dibdib ng dalaga. Nangangatog ang mga kamay niya. *Ano'ng gagawin mo, Mario? Umayos ka. Ano ba'ng nangyayari sa 'yo?*

Hindi na nasundan ang mga tanong ng dalaga nang sa kapayapaan ng gabi ay narinig ng mga uwak ang pagkabasag ng kaniyang bungo. Walang pakundangang pinaghahampas ni Mario ng martilyo ang kasintahan. Pilit na nagpumiglas si Cynthia ngunit kahit kamay niya'y marahas na hinawakan ni Mario. At muli, nabingi ang uwak sa lagutok ng mga butong nabali sa braso. Gumuhit sa dingding na beige cream ang mapa ng karahasan. Kulay pula. Batik-batik. Pulo-pulo. Isang hampas pa ng martilyo'y bumulwak ang dugo sa bibig ni Cynthia. *Mama, mga kapatid ko…* Kung ilang palo-pukpok-hampas ang tinamo ng katawan niyang binalot sa pasa, hindi niya batid.

Nahagip pa ng kaniyang ulirat ang pagngisi ng halimaw sa kaniyang harap. Dinilaan nito ang kamay na namantsahan ng dugo mula sa kaniyang kahubdan. *Hayop ka, Mario, hayop ka!*

***

Hawak ang martilyo, maingat na binuksan ni Cynthia ang pinto sa kuwarto ni Mario. Nang mabuksan, nasumpungan niya ang nakatalikod na lalaki, nakaupo sa kama. May kausap. Bigla siyang napapikit nang dumaan sa kaniyang gunita ang nangyari sa kuwartong ito, ilang linggo ang nakararaan. Nilunok niya ang pait sa lalamunan. Pagkatapos, diretsong tiningnan ang nakatalikod na nilalang. Hindi

niya batid kung sino ang kausap ni Mario. Baka bagong biktima? Dahan-dahan siyang lumapit.

*'Yong sabi ko sa 'yo, h'wag mong kakalimutan. Oo, oo, makakaasa ka. Ikaw pa, malakas ka sa 'kin. Kita tayo sa Sabado, a?* Mapaklang gumuhit ang ngisi sa labi ni Cynthia. Kung aabutan ka pa ng Sabado, sa isip-isip niya. Hinigpitan niya ang hawak sa martilyo. Narating niya ang kinaroroonan ng lalaki. Nang isang kama na lamang ang pagitan nila, sinitsitan niya si Mario. Hindi ito lumingon. Isa pang sitsit. *Pssst… pssst…* tatlo, apat, at sa wakas, lumingon ang lalaki. Kaagad na napatayo sa gulat si Mario nang magtama ang kanilang paningin. Napaatras ang mga paa nito, magkakambal na mga hakbang hanggang sa dumikit ang likod sa dingding. Sino ka, sa nauutal na tinig, bakit ka nandito? Ngisi lamang ang sinukli ni Cynthia. Naglakad ang dalaga nang dahan-dahan. Katumbas nito ang mas lalong panginginig ng mga kamay ni Mario. Nagkaharap silang muli. Akmang susuntok ang lalaki nang mabilis na kumilos si Cynthia.

At sa katahimikan ng gabing binabasag ng tikatik ng ulan, narinig ng mga uwak sa kagubatan ang paghambalos ng martilyo sa bungo ni Mario. Bago pa man makasigaw ang lalaki, inumpog ni Cynthia ang ulo nito sa dingding. Nawalan ng malay si Mario sa lakas ng pagkakahampas. Dumausdos ang katawan ng lalaki paibaba. Pagkatapos, hinawakan ni Cynthia ang ulo ni Mario. Mahigpit na mahigpit. Saglit niyang inilatag sa kama ang martilyo. At gamit ang dalawang kamay at brasong bali, buong-puwersa niyang pinilipit ang leeg ng lalaki. Parang turnilyong lumuwag. Kinulang sa langis. Lumaylay ang ulo ni Mario. Tumulo ang dugo mula sa mata. Ang dila, baging na lumawit sa bunganga. Nahilat ang balat nito sa leeg. Napalitan ng langsa ang halimuyak ng langkang hinog. Tinapon ni Cynthia ang katawan ni Mario sa kama. Kaagad na nanuot sa puting tela ang pamumukadkad ng mga rosas. Nasiyahan si Cynthia sa tanawing nakahain sa harap.

Pagkatapos, hindi pa nakuntento, hinablot niya ang martilyo. At muli, pinagpupukpok niya ang dibdib ni Mario. Nagmistulang buto ng prutas ang tingin niya sa dibdib. Pinukol niya ito ng magkakapatid na hambalos-palo-pukpok. At nang mabitak ang buto, lumuwa ang dugo. Lumabas mula rito ang ugat na unti-unti nang humihina ang pintig. Hinawi niya ang kaliwang baga upang diretsong mahablot ang pakay. Kasinglaki ng kamaong madalas magdulot sa kaniya ng pasa ang hawak niya ngayong mainit-init na laman. Para lang siyang pumitas ng bunga ng santol. At nang nasa kanang kamay niya na ang ilang linggo ring hinangad, tinapon ni Cynthia ang martilyong nasa kaliwang kamay.

Dahan-dahan siyang tumayo. Bali mang poste kung titingnan sa malayo, may multo ng ngiti sa mukha ng dalaga. Hawak-hawak ang pusong paunti-unti nang nilalayasan ng pintig, humakbang siya palayo sa katawan ni Mario. Halos marinig niya sa gumagaralgal na pagpitlag ng hawak ang sala-salabid na boses ng mga lalaking nakaharap niya sa kahariang kahon. Nagbalik sa kaniya ang naghahalo-halong tinig ng mga lalaking nagpiyesta sa kaniyang laman. Laman ang kaniyang ipinuhunan, laman din ang kaniyang binawi. Laman sa laman.

Lumabas siya ng bahay ni Mario. Winalis ng paa niya ang mga dahon sa nadaraanan. Binuksan niya ang gate na hindi nakakandado. Humupa na ang ulan. Nang makalabas, naglakad-lakad siya sa kailaliman ng gabi. Nadaanan niya ang hardware. Saglit siyang tumigil. Pagkatapos, muling binagtas ang kalsada papunta sa gubat. Sa 'di-kalayuan, naaninag niya ang kumpol ng mga asong nakahiga sa gilid ng tindahan. Bago pa man siya nito pukulin ng sunod-sunod na tahol, binahog niya sa mga hayop ang hawak-hawak. Huli niyang nakita ang pag-aagawan ng pangil at laway ng mga aso sa kapirasong laman ni Mario.



Si **Cris R. Lanzaderas** ay isang guro sa UP Los Baños. Nagtuturo ng wika at panitikan sa Junior High, at research at creative writing naman sa Senior High. Kasalukuyang mag-aaral ng PhD Araling Filipino sa De La Salle University – Manila. Mababasa ang ilan sa kaniyang malikhaing akda sa mga publikasyon ng Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman, Likhaan: UP Institute of Creative Writing, UP Los Baños, Cultural Center of the Philippines, PUP Center for Creative Writing, UST Publishing House, at Lampara Books. Nakapaglathala na rin siya ng mga papel-pananaliksik sa Malay (DLSU), ImaheNasyon (Mapua University), Makiling Review (DHum-UPLB), at UP Press.
Kasalukuyang ingat-yaman ng All UP Academic Employees Union – Balangay ng Los Baños at full time tito sa kaniyang pamangkin na si Celestine.

# Isang Araw sa Buhay ni Maria Mikaela Pasion

***8:05AM – MATHEMATICS IV***

"Ms. Pasion. The Guidance Counselor wants to see you."

'Di pa man nag-init ang puwet ko sa pagkakaupo ay pinatawag na ako sa Guidance. Malamang ay tungkol na naman ito sa eleksiyon ng bagong tayong samahan sa eskuwelahan. Ayoko pa namang ma-miss ang unang period dahil Math iyon. At alam ng Diyos kung gaano ako kapalyado sa Math.

"Ms. Pasion?"

"Yes Ma'am. Tinatapos ko lang po ang notes ko."

Diyos din si Ma'am. Kapag nag-utos na, dapat ay sunod kaagad. Pinapanginoon siya ng buong school. Halimaw sa mga numero, sa mga x at y, sa mga formula, sa mga hugis na kailangang sukatin at lagyan ng shade. Nanginginig ang lahat kapag nagsimula na siyang mag-lecture sa klase at lalong mainit ang mga mata niya sa akin dahil wala naman akong kadunung-dunong sa arithmetic. Adviser ko rin siya at maliban dito, head siya ng Discipline Office ng eskwelahan.

Lumabas ako ng classroom na mabigat ang mga paa. Kasabay ng unang hakbang ko paglabas ng pintuan, nagsimula na naman siya sa kaniyang lecture.

Sa hallway ng ikalawang palapag ng high school building, may imahe ng Birhen ng Santisimo Rosaryo. Rosary month na naman sa eskuwelahan kong naturingang non-sectarian pero sa santo naman nakapangalan. Nakatoka ang bawat klase na panatilihing sariwa ang mga bulaklak sa imahen. Kapag naabutan ng principal na lalanta-lanta ang mga bulaklak at halaman sa paligid ng Birhen, pihadong tatalak na naman siya sa flag ceremony. Special mention ang buong klase. At susundan naman ito ng sermon galing kay Ma'am Ancheta kapag nasa homeroom class na. Kami naman ng mga kaklase ko ang malalanta.

Noong nakaraang linggo, tinipon ng Guidance Counselor ang lahat ng mga babaeng may record ng serbisyo sa kani-kanilang parokya. Mga lector, commentator, miyembro ng charismatic groups, at choir. Basta't Katoliko, pasok sa qualifications ng bagong tayong samahan. *Lambs of Mary*. Mga kordero ni Maria. Hindi ko pa tiyak kung ano ang gawain ng samahan. Ang tiyak ko, magiging busy kami dahil Rosary Month at magpa-Pasko na rin. May mga gawain sa simbahan na ire-require kaming pumunta.

Oktubre pa lang pero nagkakabit na ng parol at makikintab na garlands sa Cashier's Office. Sa window nito, abala si Ma'am Alfonso sa pagbibilang ng pera. Bahagyang natatakpan ang kaniyang mukha ng isang anunsiyong nakapaskil sa salamin – *Tuition and Miscellaneous Fees*. May larawan din ng Birhen ng Guadalupe. Nang mapadaan ako sa butas na lusutan ng bayad at dokumento, naramdaman ko ang buga ng malamig na hangin. Bastante yata sa aircon ang opisina samantalang tagaktak ang pawis namin sa loob ng mga classroom.

Katabi ng Cashier's Office ang Guidance. Sa pinto naman nito nakapaskil ang mga pangalan namin. Ako lang ang galing sa section namin. Mayroong lima sa Third Year, apat sa First Year, at tatlo sa Second Year. Katabi ng listahan ng aming mga pangalan ang isang litrato ng Birhen ng Antipolo na may nakasulat sa ilalim na *Mama Mary, please pray for us!* Kadikit ng larawan ng Birhen ang *Dates to Remember* kung saan naka-highlight pa ang schedule ng summative exams. October 11-13, Second Summative Tests. Naka-highlight din na ang lahat ng installment ang ginagawang pagbabayad sa tuition ay dapat nang ayusin ang anumang dapat bayaran. Naka-bold ang paalalang *No permit, no exam*.

Binuksan ko ang pinto. Kumililing ang wind chime na nakakabit sa doorknob. Pagpasok sa Guidance, nakaupo na ang iba pang ipinatawag ni Sir Pedro, nakatingin sa aming mga bagong dating. Bakante ang upuan ng Guidance.

"Si Sir?" tanong ko sa taga-Galileo na first year.

"Lumabas po, Ate Mika."

Puno na ang mga upuan kaya isiniksik ko na lang ang sarili sa armrest ng isang sopa. Suki naman na ako ng Guidance Office, hindi dahil may atraso ako. Requirement kasi ang pirma ng Guidance para sa scholarship papers. Pero para sa karaniwang estudyante, pinangingilagan naman talaga ang Guidance dahil kapag pinatawag ka rito ay siguradong may kaso ka. Pero puwede ring inuutusan ka lang ng adviser na magdala ng mga documents o kaya naman ay kapag may usaping pansimbahan. Ang totoo, mas papasang kapilya ang Guidance Office kaysa consultation o counselling area. Walang sulok na walang maliit na altar.

May Santo Niño sa mesa ni Sir. Tatlong klase naman ng Birhen ang nasa sulok malapit sa kaniyang mesa – isang Birhen ng Antipolo, isang Peñafrancia, at isang Manaoag. Kahit ang lamesitang nasa gitna ng mga sofa, may table runner na may disenyong krus. Sure akong ma-o-offend ang sinumang non-Catholic na papasok dito. Mabuti na lang at hindi amoy insenso sa loob. Mas nanuot ang amoy ng bulaklak galing sa air freshener na nasa gitna ng lamesita.

Kumuliling muli ang chimes. Si Sir Pedro.

"Good morning!" bati sa amin.

Napapanot na si Sir Pedro. Hindi malayo sa kapangalan niyang santo na inilalabas namin kapag Semana Santa. Si San Pedrong may hawak na susi ng langit at sa tabi ay may tandang na simbolo ng kaniyang pagtatwa kay Hesus. Wala pa naman akong naririnig na isyu na may kinalaman kay Sir Pedro. Wala pa naman siyang itinatatwa. Hindi katulad ng principal naming naging usap-usapan ang pagpunta sa Jerusalem nitong nakaraang Semana Santa. Sa tsismisan namin palaging inihihirit na buti pa raw ang tuition namin, nakarating na sa Holy Land.

"I know you girls know already the reason kaya ipinatawag ko kayo."

"Opo Sir," sagot naming tulad ng koro.

"So, mamayang hapon, the school service will be fetching you from here papuntang simbahan. Doon tayo mag-e-eleksiyon."

"Sir? Sa simbahan pa?" tanong kong puno ng gulat.

"Why? May problema ba, Ms. Pasion?"

"Wala po Sir," napahiya ko namang tugon.

Iniabot ni Sir Pedro ang dalawang pahinang papel. Isa ay may maikling introduksiyon sa kung ano ba ang *Lambs of Mary* at ang isa naman ay membership form.

"Fill it up tapos ipasa ninyo sa akin. Read the intro first para maging acquainted kayo."

May litrato ng Birhen ng Fatima ang unang pahina. Sa ibaba ng litrato ay may maikling kasaysayan ng pananampalataya kay Maria. May mga taon at petsang hindi ko na inintindi pa. May mga pangalan din ng ilang mga santong naging banal dahil sa mga himala ng Birhen.

*Why join the Lambs of Mary?*

Tiningnan ko si Sir Pedro. Abala ito sa pagbabasa ng ilang mga dokumentong nakapatong sa kaniyang mesa. Naniningkit pa ang mga mata at sinisipat nang mabuti ang kung anumang nakasulat sa papel. Nagsulat at muling nagbasa. Gusto ko sanang tanungin kung maaaring hindi tumuloy. Ako naman

ang tiningnan ni Sir Pedro. 'Yun bang tingin na nanunukat. *Tatanungin mo ako kung puwedeng hindi tumuloy?* Ngumiti siya. Wala naman akong nagawa kundi suklian din siya ng nangangambang ngiti. Ayokong maging officer.

*The Lambs of Mary is an organization composed of students who are active members of their parishes. Lectors, commentators, and choir members are welcome! For the glory of the Sacred Heart of Jesus and Immaculate Heart of Mary!*

May kagat ng pangongonsensiya ang imahen ng Birhen ng Fatima sa papel. *Ikaw ang pinakamatanda sa grupo. Ikaw ang senior. You must lead them,* parang sabi pa ng Birhen. Abala na ang lahat sa pagsusulat sa form samantalang ako ay nakatitig pa rin sa mga mata ni Maria, nakikipagtawaran na huwag ako ang gawing lider.

Ayokong maging officer. Ayoko rin namang maging miyembro ng bagong tayong samahan na ito. Malapit na ang summative tests. Graduating na ako. Pero wala naman akong pamimilian sa sitwasyong ito. Ilang taon ko na ring inilaan ang malaking bulto ng oras ko sa mga gawain sa simbahan dahil required ang service hours sa aming mga iskolar. Kung gagawin pa akong bagong miyembro o malala, officer, dagdag responsibilidad ito. Ayoko na. Pero hindi dapat tumanggi sa Guidance dahil tiyak na makararating ito sa adviser namin. Nakinita ko na ang magiging reaksiyon ni Ma'am kapag nalamang tinanggihan ko ang maging miyembro ng samahan. Magre-reflect ito sa Homeroom grade ko. Sesermunan pa ako at ang buong klase tungkol sa leadership. Kesyo binigyan na ng oportunidad pero hindi pa rin kinagat. Sinasayang ang talento't kakayahan. Na magiging honor lang kami kung aktibo sa mga gawain sa labas ng classroom.

Tahimik ang loob ng Guidance Office. Tikom ang bibig ng iba pang mga mag-aaral habang pinupunan ng laman ang membership form. Maririnig lang ang paglipat ng mga pahina ng binabasang dokumento ni Sir Pedro. Batas ang mga nakatataas – masungit o mabait man, maluwag man o mahigpit.

Sinulatan ko na lang ang membership form. Pangalan. *Maria Mikaela Pasion.*

***12:00 NN – EKONOMIKS IV***

"Tangina!"

Matalim ang naging tingin sa akin ni Ma'am Velasquez pagkarinig na pagkarinig niya sa hindi ko naman sinasadyang masabi. Bumagsak kasi ang lahat ng gamit ko sa armchair nang bigla akong tumayo dahil sa pagtugtog ng school bell para sa Angelus. Hindi kasi puwedeng hindi tumayo. Required ang partisipasyon, mapa-Katoliko man o hindi. 'Yung mga non-Catholic, tatayo lang. Bilang respeto

na rin sa tradisyon.

Nang matapos ang dasal, nagsimula naman ang sermon ni Ma'am hinggil sa bad words at sa pag-akyat ng tao sa langit. Economics ang klase pero parang nagkaroon kami ng instant Religion class at Leadership training. *I am expecting more from you, Ms. Pasion. As an honor student and an active member of your parish, you must be a roooole model for your classmates.* Galit na galit sa "O" si Ma'am. Ganito rin sa iba pang tunog "ow" – *looooooow of supply and demand*, *oooooooykonomiya*. Para raw muling ipinapako namin si Hesus sa krus sa tuwing nagmumura kami. *Sooooooooooorry po,* sabi ko sa isip.

"I'm sorry po Ma'am."

"Apology accepted, Ms. Pasion. But makararating ito sa adviser mo."

Alam kong hindi nagbibiro si Ma'am Velasquez. May record na si Ma'am sa amin na talagang nakararating sa aming adviser ang anumang kasalanan o paglabag namin sa school policies. Nakarating kay Ma'am Ancheta ang relasyon nina Mark at Rubyline dahil nahuli sila ni Ma'am Velasquez sa patio ng simbahan. Na-guidance na rin sina Edwin at iba pa niyang kagrupo nang makita sila na nagpa-practice sa labas ng eskuwelahan. Napatawag na rin ang mga magulang nina Danny at Jane nang mahuli silang naghahalikan sa likod ng elementary building. Maraming school policies ang nakikita naming hindi patas para sa amin – no vulgar words, no romantic relationships, no practices outside school, required ang attendance sa church services, late na sa flag ceremony ang hindi aabot sa rosary kada umaga at napakarami pa. Pero hindi na namin kinukuwestiyon. Masyado na kaming pagod sa pagiging estrikto ng eskuwelahang ito. At idagdag pa ang acads. Magra-rally kami? Bawal, sabi ng handbook on student conduct.

Warning pa lang naman sa unang beses na mahuli. Pero iba mag-warning si Ma'am Ancheta. Paalala na hindi mo na talaga uulitin kahit kailan. Sana makalimutan ni Ma'am Velasquez.

"Okay. Don't forget your graphs on demand curves. Submission tomorrow. Goodbye, Saint Augustine!"

"Goodbye and thank you, Ms. Velasquez!"

Paglabas na paglabas ni Ma'am ay sinundan kaagad ito ng kantiyaw ng mga kaklase ko.

"Nako, Mika. Patay ka kay Ma'am Ancheta."

Sarkastiko ko na lang na nginitian ang mga nambuska. Pero kahit 'di hamak na magaan naman ang nagawa kong kasalanan kumpara sa romantic relationships o sa cheating o sa use of drugs inside school premises at wala mang na-suspend

dahil lang sa pagmumura, maitatala ito sa aking records. Graduating ako pero ayokong maging dahilan ito na mag-refund ako ng tuition dahil sa pagbabawi ng scholarship.

***12:15PM - LUNCHBREAK***

Natanaw ko mula sa second floor si Ma'am Ancheta. Nagmamadali at tiyak kong aakyat ito papuntang classroom. Kumabog ang dibdib ko. Sabi sa klase namin sa Filipino, *may tainga ang lupa, may pakpak ang balita.* At pinatunayan ito ni Ma'am Velasquez. Napakabilis naman at ni wala pang sampung minuto nang makababa siya. Tiyak na sermon ang magiging pananghalian ng buong klase. Magiging dessert ko pa ang matatalim na titig ng mga kaklase dahil isang oras na nga lang ang lunchbreak ay kakainin pa ni Ma'am Ancheta ang kalahati.

Hindi lang pala ako ang nakatanaw na papaakyat ang aming adviser. Sa likod ko, ang presidente ng klase ay inutusan ang lahat na maupo nang tahimik. Sumunod ako hanggang sa humahangos na dumating si Ma'am Ancheta. Pero hindi na siya nagtuloy sa loob ng classroom. Tumayo lang siya sa frame ng pintuan. *Augustine, kayo na ang sunod sa living rosary.* Natawa ang class clown na sinundan naman ng hagikgikan ng hulihang row kung saan ako kasama. *Anong nakakatawa?* Napatigil ito sa pagtawa. *Sa gym kayo, now. Diretso na sa stage.* Pinasadahan ni Ma'am Ancheta ng tingin ang buong classroom. Tiningnan ko ang matatalim niyang mga mata pero hindi ako tumitig. Baka maging bato ako tulad ng sumpa ni Medusa sa nabasa kong summary ng isang epic sa English IV. Sinipat yata ni Ma'am ang sahig kung may piraso ng papel o tetrapak ng juice. Pagkatapos ay inilipat ang tingin sa akin.

"Ms. Pasion?"

Hindi kaagad ako nakasagot. Naging bato yata ako at hindi umubra ang pag-iwas ko ng tingin. Akala ko ay kakayanin kong harapin si Ma'am Ancheta. Pero kapag naroon ka na, kapag ikaw na ang gigisahin, aatras pala ang lahat. Maging ang aking lakas ng loob na kanina ko pa naipon.

"Ms. Pasion, are you okay?"

"Ye-yes, Ma'am. Ba-bakit po?" nanginginig ko pang tugon.

"Ano'ng laman ng meeting ninyo with Sir Pedro?"

"A-about po sa-sa Lambs of Mary."

"Ano 'yan?"

"Group po-po ng mga magse-service sa si-simbahan."

"Ah. Okay."

Umalis siya nang walang anumang iniwang *thank you*. Umalis siya na

parang wala lang. Na parang hindi siya nag-alala na obvious namang takot na takot ako sa pagsagot. Na sa iilang segundo ng aming tanungan ay natawag ko na yata ang lahat ng mga santo at santang naisulat ko sa Religion notebook. *San Lorenzo Ruiz, San Pascual Bailon, San Rafael, Santa Teresita, Santa Rita, San Nicodemus, Santo Niño sa Pandacan, puto seko sa tindahan! Diyos ko, ang kaba ko!*

"Saint ----- A---tine, please go ---- the gym ---- now."

Pugak-pugak na ang tunog ng speakers ng eskuwelahan. Tamad na kumilos ang mga kaklase ko. Tatlumpung minuto rin ang rosary. Ibig sabihin, mangangalahati ang oras namin para sa pananghalian. Nakangisi ang mga non-Catholic kong kaklase. *Mga diablong ito. Swerte*.

Kasama namin si Ma'am Ancheta sa rosaryo. Sinindihan niya ang mga kandila sa altar na asul ang motif. Sa gitna nito ay ang imahen ng Imaculada Concepcion. Halatang antigo dahil kumupas na ang kulay ng pintura at alam naman ng buong eskuwelahan na panatiko ng mga antigong poon ang principal. Hindi katulad ng opisina ni Sir Pedro, mas mukhang museum naman ang Principal's Office. Siguro'y dalawa o tatlong beses na akong nakapasok sa loob tulad sa kung ilang beses na akong nakabisita sa regular na museo sa Maynila. Malamig ang opisina. Sakto para sa pagpreserba ng mga kahoy na imahen.

Nakapalibot ang buong klase sa altar. May hawak na rosaryo ang karamihan pero ang ilan naman ay wala. Muling sinipat ni Ma'am Ancheta ang bawat isa sa amin. Sinuri kung may dumuduyang rosaryo sa kamay ng mga mag-aaral. Iyong mga wala ay halos mapigtas na ang leeg sa pagkakayuko. Nauna na yata sa pagdarasal at sa paghingi ng patawad sa kanilang nagawang kasalanan.

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.*

*Amen.*

Sa tantiya ko, tatlumpung minuto ang tagal ng isang round ng rosaryo. Tatamarin na namang magklase si Ma'am Perez dahil kinain na naman ng living rosary ang oras ng Physics. Pihadong mag-iiwan na lang iyon ng activity na ipapasa bago siya umuwi.

### *4:35PM - TECHNOLOGY AND LIVELIHOOD EDUCATION IV (EARLY DISMISSAL)*

Maaga ang naging dismissal ng TLE kaya nagpauna na akong maglinis ng classroom. Nagkataong cleaner din kasi ako at ayoko namang maparatangang tumatakas sa gawain dahil lang sa eleksiyon saLambs of Mary. Sa sulok ng compartment room, matiyagang naghihintay ang mga bikakang walis tambo

at bungi-bunging mga pandakot. Tuloy lang sa pagwawalis kahit marami pang nagtsitsismisang mga kaklase. Ang mahalaga ay makita nila akong naglilinis.

Bigla-bigla ang pagpasok ng tunog ng takatak ng sapatos ni Ma'am Ancheta. Walang prologo man lang para nakapaghanda ang lahat sa kanilang magiging hitsura o kahit man lang ang magiging anyo ng mismong classroom. Nagkagulo ang St. Augustine. Masyadong malayo ang mga walis para magpanggap ang ilang natitirang cleaners para maglinis. Walang nagawa ang marami kundi maupo at magpanggap na tahimik na naghihintay sa pagdating ng aming adviser. Ako lang ang natiyempuhan niyang naglilinis pero wala akong natanggap kahit matipid na ngiti. Tiningnan niya ako mula ulo hanggang sa bitbit kong walis.

"Augustine, cleaners na lang ang maiiwan sa room. Everybody, pwede nang umuwi Well, except you Ms. Pasion. We need to talk," sabi ni Ma'am Ancheta. "Sumunod ka na lang sa faculty room," dagdag niya.

Bawal pumasok ang estudyante sa faculty room, maliban na lamang kung sadyang pinatawag para sa isang conference. Naroon ang iba pang teachers ng Math Department na nakatitig sa akin habang papasok ng silid. Para bang hindi sanay ang kanilang mga mata sa mga estudyanteng nasa loob. Pinaupo niya ako sa silyang katabi ng teacher's table. Malungkot ang mesa niya kung ikukumpara sa table ni Sir Pedro. Nakabalot lang ng kartolinang baby blue at may ilang mga litratong nakaipit sa pagitan ng mismong mesa at ng isang malaking salamin. Graduation pictures yata. Hindi ko na nabanaag ang mga mukha pero tatlo silang nakatoga. May maliit na imahen ng Immaculate Heart of Mary at ng Holy Family, isang kahong chalk, at lumang latang ginawang suksukan ng mga ballpen at lapis na nakapatong sa ibabaw.

Naupo rin si Ma'am Ancheta at binuklat ang isang record book.

"May nabanggit sa akin si Mrs. Velasquez regarding your attitude sa klase niya kanina. Is that true?"

"Yes Ma'am. Pero hindi ko po 'yun sinasadya."

"Alam mong it's against the school policy. Bawal ang vulgar words. Lalo na sa loob ng classroom." Nakataas ang kilay niya.

Hindi na ako sumagot. Napatungo na lang ako at tumitig na lamang sa liwanag ng ilaw na tumatalbog sa salamin. Pero tinanggal din agad ang pagkakatitig dahil nasilaw at ibinalik ang tingin sa kilay ni Ma'am. Naging mahinahon ngunit humigpit ang tono ng boses ni Ma'am Ancheta. "Warning pa lang ito, Ms. Pasion. Hindi ko na ire-report sa Guidance Office. But I'll be recording it sa iyong anecdotal records. For filing."

“Thank you, Ma’am. Sobrang sorry po. Hindi ko po talaga ’yun sinasadya.”

Akmang tatayo na ako nang pigilan ako ni Ma’am Ancheta.

“Alam kong mamaya ang inyong eleksiyon sa Lambs of Mary. Sana naman maging officer ka. Kailangan mo for you to be in the honor roll.”

“Ma’am, okay lang po.”

Napatayo mula sa kinauupuan si Ma’am. “What do you mean na okay lang?” Tumaas ang kaniyang boses. “Okay lang na hindi ka ma-honor?”

Lalong tumaas ang kilay ni Ma’am Ancheta nang tumango ako bilang pagsang-ayon.

“And your scholarship?”

Hindi na bumaba ang kilay ni Ma’am. Malalim ang kaniyang paghugot ng buntonghininga. Hindi na ako naghintay na paalisin niya ako ng faculty room. Dumiretso na ako sa classroom at nag-ayos ng gamit kung saan inabutan na ako ng tunog ng bell para sa Thanksgiving Prayer.

***5:15PM - EXTRA-CURRICULAR WORK***

Napuno ng alingawngaw ng tunog ng mga takong ang simbahan na siyang pinakapuso ng bayan. Literal na puso dahil nasa gitna ito at sa kabilang banda ay dahil sa mga pangunahing gawaing panrelihiyon na ginagawa rito. Sa katunayan, tuwing araw ng Linggo, punumpuno ito ng mga tao. Pero sa hapon ng eleksiyon para sa Lambs of Mary, ni hindi pa namin napuno ang dalawang linya ng mga upuan.

Hindi ko alam pero sa hitsura ng mga kasama ko, may bahid ng kaba at nerbyos sa kanilang mga mukha at kilos. Walang humpay sa pagpapaypay ang isa kahit nakatutok ang higanteng bentilador sa kaniya at pumapasok naman sa simbahan ang ihip ng hangin, ang isa naman ay may bitbit na rosaryo, at ’yung isa ay buklat-sara ng dala-dalang textbook. Hindi ko naman itinatanggi ang kabang nararamdaman din dahil ayokong maging officer. Ayoko ng dagdag na responsibilidad dahil hindi na nga ako magkandaugaga sa mga requirements sa klase. At isa pa, dadayo pa ako ng bayan para lang dumalo sa mga misa na pareho lang naman ng sa amin. Effort masyado.

Lumabas mula sa isa sa mga pinto sa kaliwang bahagi ng simbahan ang isang may katandaang babae. Naka-t-shirt na may litrato ng Birhen ng Divina Pastora. Nagpakilala bilang miyembro ng Liga ni Maria at siyang mangangasiwa sa eleksiyon. Nakaupo lang si Sir Pedro sa isang monobloc chair sa gilid at tumatango sa sinasabi ng babae kahit nagpakilala lang naman ito. Sumama rin si Ma’am

Ancheta at nakapuwesto sa gilid ni Sir Pedro.

"... Familiar na naman kayo sa Lambs of Mary, ano?" tanong ng babae.

Tumango kami. Nagkaisa naman yata ang lahat na epektibong familiarization ang isang pahinang pagsasakasaysayan ng samahan kahit wala naman itong espesipikong detalye kung ano ang dapat naming gawin.

Dinampot ng babae ang isang pamilyar na papel. May imahen din ng Birhen. Binasa niya ang laman nito.

"The Lambs of Mary is an… composed of … active members of their parishes. Lectors, commentators… members…"

Ito rin naman yata ang laman ng membership form na aming sinagutan kaya lumutang na lang ang kaniyang mga salita at hindi ko na naintindihan kung anuman ang mga sumunod pa. Nagmistula kasing alulong ang pumaimbulong na boses ng babae. Madalang yata siyang bisitahin ng ngiti dahil sa kaniyang pagsasalita ay ni hindi man lang ito sumilip kahit isang beses. Seryoso ang kaniyang pagpapaliwanag pero hindi ko na rin inunawa.

Iniligid ko na lang ang aking paningin sa simbahang miminsan ko na lang ding nabibisita. Kaiba sa aming parokya, mas malaki ito at nakakailang ang luwang. Para bang nasa loob ka ng katawan ng isang balyena o kung anumang malaking nilalang. Sa gitna ng altar ay isang malaking Kristong nakapako at sa gilid ay nakapagkit sa dingding ang malaking imahen ng Kristong muling nabuhay. Naka-display din ang isang replica ng Divina Pastora na dinesenyohan ang paanan ng mga puti at dilaw na bulaklak.

"Iha?"

Siniko ako ng katabi. Sumama yata ang atensiyon ko sa nagpalutang-lutang na boses sa kabuuan ng simbahan.

"Yes, Ma'am?"

"Pangalan mo?"

"Mika Pasion po."

"Okay, Ms. Mika, anong posisyon ang gusto mo?"

Nagbalik ang imahen ni Ma'am Ancheta sa akin. Nakakatawa pero sa pagkakataong iyon ay hindi ko alam kung ano ang aking isasagot. Tiyak ako sa sagot ko kay Ma'am pero tumiklop yata ang tapang ko sa harap ng Diyos. Baka magtampo Siya at magparusa. Isa pa, pakiramdam ko'y pinanlisikan ako ng mata ng Birhen. Kaya ngumiti ako sa babae at kunwaring nahiya sa ibinatong tanong.

"Kahit ano po."

Isinulat nito ang aking pangalan sa pisarang de-gulong. Palibhasa'y

natunugan na siguro na kabilang ako sa senior batch ng eskuwelahan kaya ipinuwesto na kaagad ang *Ma. Mikaela Pasion* sa presidente. Madiin na madiin ang pagkakasulat sa pangalan ko.

"Ma'am, buo po ang *Maria*," hirit ng isa kong kasama. Sinuklian ko siya ng titig. Pero iyong titig ng pagkatalo.

Hindi ko alam kung sadya man o hindi pero madiin din ang pagkakabura sa *Ma.* ng babaeng alagad ng Divina Pastora, sapat upang gumulong ito at matisod sa nakausling sa paanan ng lamesita hanggang tuluyan nang tumumba ang kaniyang sinusulatan.

"Ay putang ina kayo!"

Napatayo si Sir Pedro sa kaniyang kinauupuan samantalang hindi kumikilos si Ma'am Ancheta. Nagpabalik-balik naman sa matayog na kisame at dingding ng simbahan ang alingawngaw ng aking mura at ang alulong ng tumumbang pisara.



Si **Mark Andy Pedere** ay nagmula sa lungsod ng Taguig at probinsiya ng Leyte. Ilan sa mga akda niya ay lumitaw na sa *Ani, Liwayway, Entrada, Katitikan, Agwat-Hilom 2, TLDTD, Novice magazine, Voice & Verse Poetry magazine,* at iba pa. Nagwagi siya sa ilang pambansang timpalak at mapalad na naging fellow sa Ateneo National Writers Workshop, IYAS La Salle National Writers' Workshop, Amelia Lapeña-Bonifacio Writers Workshop, Virgin Labfest Writing Fellowship Program, at Palihang Rogelio Sicat. Noong 2024, naitampok siya bilang Festival Artist sa Southeast Asia Queer Cultural Festival ng ASEAN SOGIE Caucus. Co-founder siya ng Kinaiya: Kolektib ng LGBTQIA++ na Manunulat.

# Kadang-Kadang

**16 Agosto 2024**

Pagtapos na pagtapos mong upusin ang halos hindi pa nangangalahating istik ng sigarilyo ay sumilid ka sa moskitero[1]. Nakisiksik sa banig. Sumuot sa kumot at itinanday ang paa sa aking kaliwang binti. Gaya ng nakasanayan, pumantay ka sa aking ulo. Naamoy ko tuloy ang mapait na pahuling usok mula sa bibig mo. Napausog ako nang bahagya. Ngunit sumunod ka. Tumabi. Sabay marahan mong inilakbay ang iyong mga daliri sa aking dibdib. Taimtim. Tila nakikiramdam sa nililikhang lagabog ng puso ko kasabay ng mga sumisiyap na tamsi[2] sa bukirin. Kung bubuksan nga lang ito at babalatan nang dahan-dahan, tulad ng kung paano natin unang beses na pinag-isa ang ating mga katawan, baka nasalat mo ang tanong na kanina pang kumukutkot sa aking isipan: Pol, mahal mo pa ba ako?

Ito ang ikalawang gabi natin sa Tanauan. Sa totoo lang, hindi ko naman talaga inaasahang mapapapayag kitang bumisita rito sa aming bayan. Noong una ay nag-aalangan pa ako. May pawang digmaan pa sa isip ko: ang taong Norte ba na tulad mo — na palaging galit kung magsalita, biro ko dahil sa tono ninyo (*bauninam!*[3])

---

[1] Kulambo. Minsan naipagtapat ko na sa iyo na nagiging mahimbing ang tulog ko sa tuwing kinikiskis ang aking mga paa sa kulambo. May sensasyon itong dinadala sa akin na para bang pumapawi sa pagod ko mula sa maghapong paglalakad. Natawa nga ako noong nagbalak ka pang bumili sa Shopee ng “Kulambo Foot Sock” para sa akin.

[2] Maliit na ibong ang kulay ay pinaghalong dilaw at abo. Hindi ka pamilyar rito, pero noong ipinakita ko sa iyo ang larawan ay inilarawan mo lang itong “tarat na nagpakulay.”

— ay sasama sa Leyte na ang istereotipikong pagtingin sa mga taga-rito ay mga *maisog*[4]? E 'di magbulyawan tayo, gulatin natin sila sa piyesta ninyo, biro mo. Pero batid kong batid mo rin kung saan talaga ako nanggagaling: hindi pa ako talagang tanggap sa amin. Ibig kong sabihin, mabuti naman ang pakikitungo nila sa akin. Ito na raw ako e, 'sang bayot[5]. Wala na raw silang magagawa. Ang problema, may natitira pa rin silang prehuwisyo. Palaging may *pero* pagtapos ng kanilang pagtanggap (na hindi naman talaga pagtanggap). Sasabihin nila: magagabaan[6] *ka*. Kakarmahin. Parurusahan ng Diyos. *Bauninam!*

Pero sumama ka. Sabik mong inilagak ang mga gamit mo sa maleta. Hindi ko lang inaasahan na may iba ka pa palang dala-dala.

Ang gabing ito ay tulad din ng mga gabing wala akong matanaw sa kaloob-looban mo, liban sa alinlangan. Kanina lang ay ang saya-saya natin dahil, sa wakas, naglapat muli ang ating mga katawan. Ang tagal din natin 'tong hinintay. Pero heto, bigla kang may bagaheng ibinuyangyang. Ganito: Pagtapos na pagtapos nating magtalik — pagtapos na pagtapos din ng ilang linggo nating pagkaabala sa akademya — ay sinalubong mo ako ng nakalululang tanong mo: "mahal, papayag ka ba kung magpapapasok pa tayo ng iba?" Napabangon tuloy ako. Napaahon. Napabalikwas mula sa isang hindi inaasahang tila paglubog sa malamig na bubon[7]. Pol, tatapatin na kita: alam kong alam mong hindi ito ang unang beses na sumagi sa atin ang paanyaya mong iyan. Minsan, ay mali, halos palagi mo na itong naihahapag sa ating usapan. Umiiwas lang ako. Pero alam kong alam mo na ang sagot ko: Hindi ko pa alam.

---

[3] "Puki ng ina mo" sa Pangasinan. Malimit kong marinig sa nanay at lola mo sa tuwing bumibisita tayo sa inyo.

[4] Matapang. Lagi ko itong tanong sa sarili: matapang ba ako?

[5] Bakla. Bading. Beki. Shokla. Oo, ako 'yan.

[6] Karma. Noong unang beses akong sinaktan ng aking magulang dahil nalaman nilang bakla ako, kinarma rin kaya sila?

[7] Balon. Gaano na kaya kalalim ang pagmamahalan natin?

**17 Agosto 2024**

Dahil sanay na tayo sa pakikiramdaman, gaya ng nakasasakayan, hindi na tayo nagtalo. Nitong umaga, pinaunlakan mo kong tumanghod sa bintana para panoorin ang mga pamangkin kong sabik sa paglalaro ng kadang-kadang[8] sa gilid ng aming palayan. Ikinuwento mo sa aking namataan mo na rin ang ganitong praktika — bagaman ang iba ang tawag — sa ilang bayan sa Pangasinan at Tarlac noong ikaw ay kumikilos pa bilang community organizer. Ang sabi mo, ginagawa ito ng mga kabataang magsasaka para mabaybay ang putikang palayan sa tuwing nagsasaka. Pero ang sabi ko sa 'yo, masayang tingnan din ito sa lente ng kamusmusan. Ganito ko sa iyo ito ikinuwento: tuwing hapon, pagkatapos naming matulog ng aking mga pinsan, pagkatapos naming salubungin ang mamang nagbebenta ng ensaymada sakay ng kaniyang Kawasaki, ay tatakbo kami sa kabukiran para salubungin ang mga nakalatag na kopra. At mamimili kami. Dalawa. Pares. 'Yung maganda. 'Yung matibay-tibay at sasakto sa aming mga tiil. Saka bubutasan sa gitna, lalagyan ng lubid na siyang magsisilbing hawakan. Saka sisimulan ang pagkadang. Kadang-kadang. Kadang-kadang. Mag-uunahan papunta sa pinto nina Apo na naninigarilyo sa tabi ng mga makukulit naming *ayam*[9].

"Hindi ba masakit sa paa?" tanong mo.
"Masakit," sagot ko. "Pero masaya kasi may kasama ka."

Totoong masakit ang pagkakadang kapag nagtagal. Tulad, halimbawa, ng paglalakad natin isang hapon sa oval ng unibersidad na pareho nating pinagtuturuan. Bihis na bihis ka pa noon — naka-running shoes suot sa loob ang medyas mong may disenyo ng mukha ni Spongebob (regalo ko sa 'yo noong kaarawan mo), naka-dry fit sando, shorts, at may belt bag pang lulon ang selpon mong nagbibilang ng "steps" mo sa isang araw. Ang adyenda: samahan mo akong mag-*walking* (lang naman) para mahikayat ko ang sariling magpaka-*healthy* na, kasabay ng pag-inom ng aking gamot sa HIV. Noong mga panahong iyon ay aminado akong may sakit sa paglalakad dahil para kong pasan ang mundo kong unti-unting nagiging

[8] Praktika/laro kung saan ginagamit ang tiyakad na gawa sa bamboo bilang panlakad. Subalit sa aking danas, mas ginagamit ang bao o kopra.

[9] Aso. Natawa ka noong pinakilala ni Lolo Pilo sa iyo ang mga aso namin: sina Ding, Dong, Dan, at Tes. Kaya sa tuwing tinatawag niya ang mga ito, sumisigaw lang siya ng "Dingdong Dantes!"

sementeryo. Ang hirap-hirap. Takot na takot ako. Kahit matagal ko nang dala-dala ang karamdamang ito. Naalala ko tuloy ang unang beses na pinasubok sa akin ng aking lolo ang pagkakadang. Pagkakadang na pakiramdam ko, sa bawat hakbang ay madadapa ako. Paano kung mapigtas ang lubid? *Paano kung hindi na tumalab ang mga gamot?* Paano kung tumaklob ang kopra? *Paano kung mahawaan kita?* Paano kung malubog ako sa kumunoy? *Paano kung bumigay ang katawan ko?* Pero lalapit si lolo, habang bitbit ang paborito niyang tandang. *Dahan-dahan la*, 'ka niya, makakaabante ka rin, sasabihin *ninyo*.

Malayo-layo na rin ang naabante ng relasyon natin, Pol. Pagkatapos na pagkatapos nating grumadweyt (Community Development ka, Malikhaing Pagsulat ako), napagpasyahan nating magtipan sa iisang apartment sa Krus na Ligas. At sa 12 taon nating pagsasama roon, habang ako ay panaka-nakang bumabalik sa Leyte, para rin tayong nagkakadang-kadang. Halimbawa:

1. Minsan na tayong nagipit. Napilitan tayong magde-lata at instant noodles nang ilang araw. Pero naaalala mo pa ba 'yung ipinilit ko sa 'yo ang pagluluto ng laswa[10]? Sarap na sarap ka noong natikman mo. Tapos ibinida ko pa sa 'yo ang bulad[11] na sinabayan ng kamatis sa pagprito. Sabi mo tuloy, kung maghihirap tayo, sana iyon na lang ang ulam natin palagi. Ang sabi ko naman, hoy, walang romansa sa labis na kahirapan, *para kang 'di comm dev diyan!*
2. Minsan tayong nawalan ng oras sa isa't isa. Bukod sa teaching load na kailangang asikasuhin ay pareho pa tayong may admin work na kailangang igapang. Magkalayo pa ang sched natin — hindi na nagkakasabay kumain sa food service at hindi na rin nakapagsasabay sa pag-uwi. Ayoko naman ding paghintayin ka sa tuwing binubuno ko ang nakakaantok na 7PM class. Malaki na tayo, sa isip ko. Besides, malapit lang sa campus ang inuupahan nating apartment. PhD na tayo sa maturity, graduate na sa pagpapakapabebe. Sa madaling sabi, may kailangang tapusin kaya kailangang umastang may tatapusin. Pero umabot sa puntong naging *dry* ang lahat. Titig, hawak, halik, talik. Lahat-lahat. Isang gabi, habang

[10] Sinabawang gulay. Paborito mong higupin ito tuwing nagkakasakit ka.

[11] Tuyo. Gustong-gusto mo rin itong umagahan. Biro mo nga, Tusilog (Tuyo, Sinangag, at Itlog).

magkatabi sa kama, nabanggit mo: *pagod ako*, na sabi ko rin sa iyo. At sa sandaling iyon, maingat tayong huminto sa lahat — pinakiramdaman ang mga namamanhid (o nasusugat) nating mga paa. Huminga. Isa. Isa. Isa pa. At nagkatitigan, nagyakapan. *Nakakapagod*, pero hindi na natin kinailangang banggitin pa. Sa halip, ginugol natin ang buong gabi nang magkasama. Sapat na siguro iyon.

3. Minsan tayong nagsigawan nang sobra. Nang naglilinis ka ng kuwarto ay aksidente mong nahalughog ang mga gamit ko. Nakita mo sa pinakatatago kong *small bag* ang mga puting botelya na naglalaman ng gamot ko. *Dolutegravir + Lamivudine + Tenefovir Disoproxil Fumarate*[12]. Ano 'to? tanong mo. Vitamins lang, sabi ko. Pero hindi ka naniwala, nagpumilit ka. Dahil alam kong alam mo rin na hindi lang iyon basta-basta. Marahil pamilyar ka na. Ilang komunidad na nga ba ang napuntahan mo't natulungan para matugunan ang akses sa *screening* at mismong gamot pang-HIV/AIDS. Kailan pa? tanong mo. Noon pa, nahihiyang sagot ko. Noon pa, noong hindi pa ako maingat, noong hindi pa tayo. Bakit hindi mo sinabi? Natatakot ako. Bakit nga hindi mo sinabi? Natatakot nga ako! Bakit, nagdududa ka ba? Hindi naman sa gano'n! Joel, parter mo ko, dapat alam ko 'to! Sensitibo 'to! E sa hindi pa nga ako handa! Alam mo, ang makasarili mo! Wow! Bakit, natatakot ka? Hindi 'yan ang sinasabi ko! Na baka nahawaan kita ng putanginang bayrus na 'to? Anong pinagsasasab— Hindi! O e ano bang 'pinahihiwatig mo! Joel, natatakot ako kasi hindi mo ko kayang pagkatiwalaan sa mga bagay na tulad nito!

At sumabog ang mga luha ko noon. Hindi ko kinaya. Ikaw rin. *Patlang.* Pero lumapit ka. Niyakap mo 'ko. Sabi mo: *sa susunod na kuha mo ng gamot, sasama na ako*.

**18 Agosto 2024**

Bagaman lumaki sa luma-lumang henerasyon, masasabi kong hindi naman ako ganoon ka-konserbatibo. Nasa 30s na tayo. Plus, ewan ko na lang talaga kung magkataon dahil, hay jusko, halos hindi ko na mabilang ang mga librong nabasa ko na pumapaksa sa kasarian at seksuwalidad. Anu't anuman, siyempre, bilang

---

[12] Ilang taon ko na rin itong nilululon. Pasasalamat sa sariling katawan dahil patuloy niya itong kinikilala kahit minsan ay parang hindi ko na kaya.

isang nasanay sa *mono* at naimpluwensiyahan ng Lady of Assumption[13] (wow), may kaunti pang pagkakapa-kapa. Bumubuwelo sa pag-unawa. Kaya nitong umaga, pansin kong may pag-iwas pa rin tayo sa pag-uusap hinggil sa pinoproyekto mong *polyamory*.

Bandang hapon ay, dahil pakiusap mo, nilibot kita nang sandali sa aming bayan. Sa kapilya. Sa tiangge. Sa plasa. Pero ang pinakapaborito mo, sabi mo, ay ang pagdaan natin sa isang maliit na tindahan sa Sityo Kabungaan. Doon natin nabili ang kalamay[14] na pagkatamis-tamis. Mahilig ka pa naman sa matatamis. Halimbawa, noong nasa Maynila tayo, bago ka pumasok sa eskuwela ay lagi kang dumaraan sa 7/11 para bumili ng maliliit na tsokolate. Pampagising, dahilan mo. Kaya ayan, gumising din pati diabetes mo.

Habang pauwi, habang ngata-ngata pa rin ang kalamay, dinama natin ang kolektibong pagsayaw ng talahiban sa ilalim ng papalubog na araw.

"Nakapagtanim ka na ba?" tanong mo.
"Oo, pero hindi rin ako pinursigi nila mama."
"Bakit?"
*Patlang*.
"Kasi baka raw mapamahal ako sa taniman. Gusto nilang mag-aral ako."
"Wow. Burgis!"
"Gago."

Totoo 'yun. Sadya ang hindi ko paglaki sa sakahan dahil ninais ng aking mga magulang na makapagtapos ako para mabili nang buo ang lupang aming tinatamnan. Pero alam kong alam mo naman 'yun. May tiwala ako sa iyo. Kaya nga sa kakalakad natin ay naikuwento ko na sa iyo kung paano isang araw, sa gitna ng aking pagsakay sa kangga sa kabukiran kasama ang Pa Sendong ko, ay nakagat ako ng tungaw[15] sa aking bayag. Sa bayag! Humagalpak ka. Sabi mo, baka kasi

[13] Patron namin sa Tanauan. Biniro mo nga ako noon, sabi mo, "kaya ka pala asyumero." Kainis ka!

[14] Matamis na panghimagas. Gawa ito sa gata ng niyog, asukal, at malagkit. Sabi mo, mas masarap ito kaysa sa sundot kulangot ng Maynila.

[15] "Tick" sa Ingles.

hindi ako kilala. Wala akong balat ng magsasaka.

"Anong nangyari?" tanong mo.
"Ayun, nangati ang bayag ko. Parang lumobo. Nagkapantal."
"Talaga?"
"Oo nga. Buwisit nga e. Noong nasa bahay kami, biglang may bumisitang isang babae na kaedaran ko. Inasar tuloy ako nina lolo. Bakit daw lumulobo ang bayag ko. Naglilibog ba raw ako."
Tumawa ka.
"Huwag ka nga diyan! Pakagat kita sa tungaw e!" tugon ko.
"Sige, basta ikaw ang tungaw," sagot mo.

Napahinto ako sa paglalakad. Napatingin sa 'yo. Natawa. Ngumiti.

Aminado naman ako at hindi ko rin naman itatanggi: may pagkukulang ang relasyon natin sa seksuwal na aspekto. Sige, ganito. Lilinawin ko. Hindi rin kasi pantay ang libido nating dalawa. Mas mataas ang iyo. Halimbawa, sa tuwing nagkakataong magkasama tayong nag-aasikaso ng trabaho sa apartment, bigla ka na lang lalapit sa akin. Hihimas-himas. Hahalik-halik. Pero malulungkot ka kapag hindi ako tumugon. Dahil nga busy ako. Ayokong mawasak ang train of thought ko. May kailangan akong tapusing manuscript para sa publication na inaasinta ko.

Kaya masusungitan kita. Maiinis ka. Pero sasarilihin mo lang. Dahil gaya ng pakiusap ko sa iyo noong una pa lang, ayaw kong sinisigawan ako. Pero bumabawi naman ako. Tuwing gabi, tuwing parehas tayong tapos na sa mga kaniya-kaniya nating gawain, kumakalabit naman ako. Nakikiramdam. Minamapa ang katawan mong nangungulila. Pero may mga pagkakataong, muli aaminin ko, huli na talaga. Buo ka na. Narating mo na ang destinasyon at nais mo na lamang magpahinga.

Marahil sa mga paulit-ulit na pagkakataong iyon ay naipon na sila. Oo nga, marahil iyon — o isa sa iba pa — ang dahilan kung bakit mo gustong pumasok o magpapasok sa ating relasyon. Gusto mo ng sex life na parang ulan, hindi ambon. Tama ba?

**19 Agosto 2024**

"Si Roland," sagot mo.
"'Yung taga-History?" pagkukumpirma ko.
"Oo."

Mas bata si Roland sa amin nang halos 5 taon. Nagtuturo rin ng ilang mga GE at Majors. Masipag siya, sa isip-isip ko, dahil kung susumahin, sa edad niya ay marami-rami na rin siyang nailathalang mga libro at artikulo. Matalino. Interes niya ang usaping *espasyo* na siya ring interes ni Pol. Halimbawa, isang beses ko na silang naabutang nag-uusap sa isang kiosk sa pamantasan. Binabanggit nila ang isang Pranses na iskolar na ineeksplor ang binaryong dalumat ng "non-place" at "place." Dinidiskurso kasi ng naturang iskolar na ang "non-place," gaya ng mga paliparan at mall, ay mga pansamantala't kontraktuwal na espasyong nagkukulang sa panlipunang kahalagahan at identidad, habang ang "place" o "anthropological place"[16] naman ay mga espasyong may kabuluhang pangkasaysayan at panlipunan, gaya ng komunidad, kung saan ang mga tao ay magkakaugnay. Interesante kung pakikinggan ngunit naging kritikal sina Pol at Roland dito — nagbitiw ng mga tanong: sa konteksto ba ng Pilipinas, ang mga lugar na magdamag na pinupunan ng mga manggagawa ay *non-place*, gayong may ahensiya naman silang gawing makabuluhan ito sa pang-araw-araw nilang pagpasok? Ibig sabihin, pumapasok sa usapin ng pag-aangkin.

"Nag-usap na pala kayo. Ano pang magagawa ko?" wika ko.

May hitsura itong si Roland. Ang pinakatatak nga niyang katangian ay ang pagsulpot ng malalim niyang dimple sa tuwing siya ay ngumingiti. Matipuno rin, kung tutuusin. Kung ilalarawan ko nga, "probinsiyanong-probinsiyano" ang awra niya. Sa pakikipag-usap, masasabi kong artikulado siya. Maingat pero may pagbubukas. Minsan nga, nang magkasabay kami sa pagkain sa food service, nakapag-usap kami. Doon, nang malaman niyang mag-asawa kami ni Pol, naikuwento niya rin ang dati niyang relasyon. Noon daw kasi ay nagkaroon siya ng apat na taong relasyon sa isang baklang tulad niya. Naging masaya, ganiyan-ganiyan. Pero long story short, naghiwalay rin dahil nangaliwa ang partner niya.

[16] Sa tingin mo ba, ganito ang relasyon natin?

Tinanong ko siya noon kung may kinakasama na siya ngayon ngunit wala siyang nabanggit. *Patlang.* Paalis na kami noon ng canteen nang bigla siyang magpakawala ng isang kontekstuwalisadong tanong: *open ba kayo?*

"Sasabihin ko rin naman sa 'yo. Nakikiramdam lang ako," sagot mo.
"At anong sabi ng pakiramdam mo?"
"Makinig ka nga."
"Na ayos lang na mas mag-usap kayo kaysa tayo? Pol, tayo 'yung mag-asawa rito."
"Alam ko naman 'yun!"
"O, alam mo naman pala e!"
"Kinausap ko lang si Roland para mas maging madali ang pag-propose sa 'yo."
"'Yan! Kita mo? Imbis na manggaling sa atin, sa labas ka nagsimula. Tangina, planado ninyo na pala lahat!"
"Hindi naman sa gano'n! Sinusubukan lang namin planuhin para mas madaling maipaintindi—"
"Bakit mo ba kasi siya gusto? Ha? Tapatin mo nga 'ko!"
*Patlang.*
"Hindi ko alam."
"Anong hindi mo alam?"
"Basta nararamdaman ko!"
"Bakit, hindi ko na ba maparamdam sa 'yo? Kulang na ba, wala na bang—"
"Hindi! Hindi! Walang kulang sa 'yo!"
"O, e ano, Pol?"
*Patlang.*
"Mahal ko kayo pareho. Puwede naman 'yun, 'di ba?"
*Patlang.*
"Paano kung humindi ako?"
*Patlang.*

**20 Agosto 2024**

Abala ang buong bahay dahil kinailangang maghanda para sa selebrasyon ng kaarawan ni lolo. Gaya ng inaasahan, gumising akong namamangha sa kaliwa't kanang paglipana ng mga sumusunod na eksena: pagkayod ng niyog, paglaga ng saba, pagkatay ng manok, pagsugba ng baboy at bangus, paggawa ng kinilaw, pagtakal ng tuba, pagpapalamig ng gelatin, at pagtimpla ng mango juice.

Namataan naman kitang mag-isa sa duyan. Nakatingala sa kalangitan.

"Nag-almusal ka na? May suman pa roon," hikayat ko.
Hindi ka umimik. Pero umusog ka. Tumabi ako.
"Nabalitaan mo na?" tanong mo.
"'Yung?"
"Legalized na ang same-sex marriage sa Thailand."

May kung anong pumitlag sa dibdib ko noong sinabi mo iyon. Saya. Kaba. Kasabikan. Halo-halo. Minsan na rin kasi nating napag-usapan noong bago-bago pa lang tayo ang bagay na tungkol sa kasal. Ganito iyon umusad:

"Naniniwala ka ba sa kasal?" tanong ko.
"Bakit, gusto mo?" sagot mo.
"Medyo. Ikaw ba?"
"Oo. Pero gusto ko sana sa beach."
"Ang gastos!"
"Pag-iipunan naman. Saka metaphor 'yun."
"Ng?"
"Gusto ko kasing maging kasinlalim ng karagatan ang pagmamahalan natin."
"Ang corny mo!"

Pero bigla ko lang ding naisip. Kung sakali man — kung sakali! — na maging tayo ni Roland, magkasundo, magkaroon ng bagong positibong danas, lumalim ang pagmamahalan gaya ng corny-ng karagatang sinasabi mo, sa tingin mo ba, papayagan tayong maikasal na tatlo? Baka hindi, 'no? Masyadong Kristyanisado ang bansa natin. Pagiging isang bakla pa nga lang, kasalanan na, paano pa kaya kapag nagsama ang tatlo? Baka tayo na ang magmay-ari ng impyerno. Triumvirate. Charot. Biro lang. Naalala ko tuloy 'yung pinanggalingan ng Tanauan. Sabi kasi sa kasaysayan, nagmula raw ang ngalan ng bayan namin sa punong molave na nagsisilbing "look-out tower." "Tan-awan" o "Taran-awan" na nangangahulugang "tumingin" o "magbantay" para sa mga paparating na "piratang Moro." Na kung ilalapat ngayon, baka mga bakla na ang tingnan o bantayan. Wow ha! A, basta. Ang akin: tulad ng Thailand, sana magkaroon na rin tayo ng same-sex marriage. 'Yun marahil ang bagay na tatanawin ko.

Sa gitna ng ating pagninilay-nilay ay hinawakan mo ang kamay ko. Sabay nating inugoy ang duyan. Dahan-dahan.

**21 Agosto 2024**

Halos alas diez y media na nang gabi nang tayo ay makahabol sa sayawan sa Kabungaaan. Pero pagkarating na pagkarating natin ay buhay pa rin ang lahat: dumadagundong pa rin ang musika, tumatambling pa ang mga bata, nag-aangas pa ang mga bugoy at dalaga, at siyempre, ganado pa rin sa pagkuratsa ang mga matatanda. Sa ilang mga pagkakataon, nagsasagawa ng sayawan sa bayang ito bilang pagpapatuloy sa tradisyon ng gabi-gabing pagsasalusalo. Nagkataon nga lang na kaarawan din ng kapitan kung kaya't mas naging engrande ang handaan.

Sa isang gilid, ipinakilala kita sa mga tiyuhin at tiyahin ko. Nahiya ka pa. Nag-alangan ka siguro dahil hindi ko rin nasabi kung batid nilang bakla ako at mag-asawa tayo. Pero wala silang paki. Ang totoo, inabutan ka ng isang basong tuba. Isang baso! At humiyaw sila: "Parahubog! Parahubog! Parahubog!"[17] At gumuhit nga sa iyong lalamunan ang pait at tamis ng paborito naming inumin. Natawa ka. Saka namula ang iyong buong mukha. Lalong lumakas ang musika.

"Sayaw kita?" alok ko.
"Ha?"
"Sayaw ba! Sayaw. Ano, gusto mo?"
"Hindi ako marunong!"
"Hindi naman 'to kontes!"
"Sige! Bahala ka!" natatawa mong pagpaparaya.

Saka ko hinawakan ang kamay mo, hinatak papalapit sa puso ng plasa. At nang maramdaman natin ang tibok ng kuratsa, para tayong mga uod na sumayaw sa indak ng musika. Pakendeng-kendeng, palundag-lundag. Galaw. Galaw. Galaw. Galaw. Galaw. Ganito pala ang pakiramdam ng isang gabing malaya ka sa iyong paggalaw.

---

[17] Lasenggo. Hindi ka naman talaga umiinom masyado. Pareho tayo, kaya nagkasundo tayo. Ang pinaka-beer na siguro natin ay ang milktea na ibinibenta sa tapat ng apartment natin.

–

Nang matapos ang sayawan, sabay nating binagtas ang batu-batong daan pabalik ng bahay. May pag-iingat nga lang sapagkat halos hindi na natin makontrol ang ating mga lakad buhat ng kalasingan. Pero ang naghahabulang hamog sa aking isip ay nabulahaw nang magpakawala ka ng tanong:

"Gusto mo ba siya?"
"Sino? Si Roland?"
"Oo."
"Hindi ko alam. Medyo."
"Hindi ko naman ipipilit kung sakali. Kung ayaw m—"
"Pol, hindi naman ako sarado sa anumang posibilidad. Pero…"
"Pero?"
"Pero parang kailangan ko pang pag-isipan."

*Patlang.*

"Naalala ko tuloy 'yung tula mo," wika mo.
"Ano du'n?"
"'Yung tungkol sa paglikha."
"A. Tanda mo pa pala."
"Oo, pangarap ko rin 'yun e."

Napangiti ako. Hinawakan ko ang kamay mo. At habang binabaybay natin ang daan, inalala ko nang inalala ang tulang binabanggit mo.

**EKOLOHIYA NG PAGLIKHA**[18]

Naririto tayo sa ilahas
na balangkas ng ating
nagsasalabid na lawas.

---

[18] Kasama sa una kong libro na naglalaman ng mga tula hinggil sa danas LGBTQIA+. Tuwang-tuwa ka nang mabuklat ang unang pahina dahil nakaukit dito ang pangalan mo. Sa iyo ko ito inalay.

Ganito natin ito
pagmamasdan:
ang pagiging
at magiging
tayo ang inat at init
ng silahis ng araw
ang giliw at aliw-iw
ng payapang sapa
ang gaspang at samyo
ng natutuyong lupa.
Maglilingkis ang
ating loob at labas
ang linya, ang sulok
ang hugis, ang kulay.
Sisibol ang sibilisasyon
at doon—mamamataan
natin ang ating kairalan:
sa mga nangungusap nating
ukit ng sugat at tahi
sa dibdib, sa puki
sa titi, sa puwit
at sa mga nilululong
hormon na tumutulay
sa kasaysayang ipinagdiriwang
ang himpis at tambok
ng ating mga katawan.
Hindi tayo magigiba.
Hahalik ang liwanag
sa ating mga mata
at doon nila tayo
makikilala.
Sapagkat naririto tayo
para maglakbay
at huminto—masdan
ang pagiging
at magiging

tayo ang bukana at sukal
ang bungad at lilim
ang rabaw at ilalim
ang lagos at harang
ang tarik at tuktok
ang lawak at sikip
ang hiwa at umbok
na pumapagi-pagitan
sa sityo at purok
ng ating lilikhain
at lilikhaing kadlagan.
Sapagkat naririto tayo
para maging likha
na lumilikha
at muling lilikha
ng sarili nating
mga salita,
ng sarili nating
mga mukha,
ng sarili nating
mga katawan.
Lahat ng ito
ating pagmamasdan
nang may hinahon
at tapang—hindi
mapapatda ninoman.

**22 Agosto 2024**

Huling araw natin sa Tanauan. Ang naalala ko lang ay bandang gabi nito ay magkasama tayong dalawa sa beranda ng aming bahay, habang ang iba ay tulog na sa kani-kanilang silid. Nakaupo tayo — pinagigitnaan ng isang mesang pasan ang isang pitsel ng tuba.

“Naniniwala ka ba sa aswang?” tanong ko.
“Hindi,” sagot mo.

“What if sabihin ko sa ’yo na mayroon dito?”
“Alam mo, kaka-Malikhaing Pagsulat mo ’yan.”
“Seryoso ako.”
“Hindi nga?”
“Sa sobrang dilim ng paligid, sa tingin mo, walang nakatingin sa atin?”
“Aswang man o hindi, lagi namang may nakatingin sa atin.”

*Patlang.*

“Pagbalik bukas sa Maynila, kausapin natin si Roland.”
“Bakit?”
“‘Yung tungkol sa ’tin. Pag-usapan natin, ’ka ko.”
“Payag ka na ba?”

*Patlang.*


“Sa isang kondisyon.”
“Ano?”

Dinampot ko ang dalawang pares ng kadang na naiwan ng aking mga pamangkin sa isang gilid. Isa sa ‘yo, isa sa akin. Napangiti ka. Saka sinuot natin ang mga ito sa ating mga paa.

“Saan tayo?”
“Sa’n mo gusto?”
“Ang dilim, o.”
“Basta. Sabay tayo[19],” sabi ko.

[19] Kahit saan, basta magkasama tayo sa pagpapasya. Mahal kita, Pol, anumang pinto ang magbukas para sa ating dalawa.

# Sanaysay



Si **Joseph Fernandez**, anak ng mag-asawang magsasaka, ay lumaki at nagsimulang mangarap sa isla ng Patnanungan sa Quezon Province.

Naging fellow siya sa Palihang Rogelio Sicat, Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo, Caloocan Writers Workshop, Palihang Rene O. Villanueva, Cordillera Creative Writing Workshop, at Amelia Lapena-Bonifacio Writers Workshop.

Minsan na siyang nagwagi sa timpalak ng Komisyon sa Wikang Filipino, Saranggola Awards, at Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature.

Ginawaran siya ng National Commision for Culture and the Arts – National Committee on Literary Arts (NCLA-NCCA) ng National Youth Achievement Award for Literary Arts noong 2024.

Kasalukuyan siyang nagtatrabaho bilang Customer Service Senior Analyst/E-mail Specialist sa isang insurance company habang kumukuha ng kursong Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman.

# Lukáw

KASAMA ANG MGA KAEDARANG KABATAAN sa aming isla, ako ay madalas na makiumpukan sa mga matatandang lalaki sa Kalyeng Putol. Ito ang isa hanggang dalawang oras bawat hapon na kinasasabikan ko, ang naging pagtakas mula sa nakabuburyong mga takdang-aralin. Sa umpukan, walang limitasyon ang pagyayabangan tungkol sa mga nagawa noong kabataan nila, mga nakarelasyon, naka-sex, pati na ang mga nakabasag-ulo. Kaming mga bata na sasampuing taong gulang ay engganyong-engganyo sa mga kuwento nila. May kung anong kiliti ito sa aking murang isipan. Dito ako unang nahiwagaan sa mga kuwento bago pa man ako nahilig sa pagbabasa ng mga libro. Ito ang aming itinuturing na Primetime dahil karamihan sa amin ay walang telebisyon sa tahanan. Ang bida'y mga lalaking akala mo'y buhat sa mga pakikipagsapalaran at mga kuwentong iniyayabang nila'y ang kanilang pananagumpay. Dahil nga't puro lalaki at kamachohan ang laman ng usapan, minsang napunta sa aming mga bata ang pagtatanong ng matatanda. Kami naman ang pinagkuwento kung may mga natitipuhan na ba kaming babaeng kaklase, kasabay ng halakhakan sa tanong kung ilang beses na kaming nagsasalsal sa isang araw. Nasabi ko noon, paano ako makapagsasalsal kung hindi pa naman ako natutuli. Nagtawanan sila sa pag-aakalang ako ay nagbibiro.

Halos taon-taong may medical mission sa aming isla ang isang non-government organization, at isa sa mga operasyong iniaalok sa aming mga taga-isla ay ang libreng tuli. Walang ospital at mga klinika sa aming isla kaya sinasamantala ang mga ganitong pagkakataon. Ang aming isla sa Quezon, na siya nang pinakahuling bayan bago humalik sa pisngi ng Karagatang Pasipiko, halos

hindi na maabot ng mga pambansang programang may kinalaman sa kalusugan dahil sa sobrang layo.  Kung may nagkakasakit o naaaksidente noon na kailangan ng agarang panggagamot, malamang hindi na makararating nang buhay kung ibibiyahe papunta sa pinakamalapit na ospital, sa Infanta Quezon na ilang oras na biyahe sa bangka ang kailangan. Kaya madalas sa madalas, hindi mga doktor ang sasalubong sa maysakit kundi si Kamatayan.

Ilang ulit nang nag-usap-usap kasama ang mga kababata na magpatuli dahil nga libre, at mga Amerikanang doktor ang magtutuli. Bilang mga batang panay lokohan ang alam, nagkakaroon ng malakas na kantiyawan kapag sinasabing mga babaeng doktor ang magtutuli. Sabi ng isa, baka raw umurong ang titi dahil sa kaba kapag hinawakan na ng magtutuli. Sagot naman ng isa'y baka tumigas pa nga, dahil magandang babae ang hahawak sa titi. Naunang natulian ang ilan kong kasama, habang ako naman ay hindi na umabot sa cut-off. Sabik kong tinanong kung ano ang pakiramdam nang isang tuli na. Nakangiwi ang isang kababata habang hawak ang harapan ng kaniyang salawal at iika-ikang naglakad papalayo. Sabi ko sa sarili at sa mga kalaro, sa sunod na taon na lang ako. May kung anong lungkot na hindi pa ako natulian nang taong iyon. Nanliliit ako at pakiramdam ay may kung anong agwat sa pagitan ko at ng mga kalaro, ngayong sila ay natuli na habang ako, supot pa rin. Parang hindi na ako kabilang sa mga biruan. Naudlot pa ang pagpapatuli nang sumunod na taon dahil limitado lang ang mga doktor, hindi kasama ang libreng tuli sa nakahanay na gawain. Ipinalista pa rin ako ng aking Nanay. Iyon nga lamang para sa libreng bunot ng ngipin dahil iyon ang ipinalit sa libreng tuli.

Sa kagustuhang matuli na, at mapilit din ang aking Nanay dahil pareho kami ng bunso kong kapatid na hindi pa natutuli gayong malapit na akong mag-first year high school, nang bakasyong iyon, natuloy rin ang pagpapatuli. Iyon nga lamang, hindi sa kamay ng babaeng doktor, kundi sa kamay ng aking Tatay. Marunong magtuli ang aking Tatay. Sa katunayan, karamihan sa aking mga pinsan ay siya ang nagtuli. Pati nga ang ilan sa mga nakababata niyang kapatid ay siya rin ang nagtuli. Siya rin ang nagtuli sa aming panganay na kapatid. Karaniwan na lang iyon sa aming isla, na ang tagapagtuli'y kung hindi kamag-anak, ninong. Pribilehiyong maituturing ang pagkakaroon ng libreng tuli sa katulad ng mga medical mission, ngunit sa isang islang gaya naming malayo pa sa umaga ang pag-unlad, pagkakasyahan na lamang kung ano ang mayroon kami.

Pukpok, iyan ang tawag sa paraan ng pagtutuli sa amin na marahil ay nangyayari din sa iba pang panig ng bansa na walang kakayahang magpunta sa mga ospital. Madali lang ihanda ang mga gagamitin para matuli sa Pukpok. Matagal ko nang gustong matuli, at sa sandaling ito kung saan madalas na tawagin nilang pagtawid ng isang lalaki mula sa pagiging bata tungo sa pagbibinata, hindi ko alam kung handa na nga ba ang pisikal, sosyal, emosyonal, pati na sikolohikal na aspekto ng aking pagkatao. Hindi ito mahalaga sa akin noon, basta ang gusto ko lang ay ang matuli na. May kung anong pananabik at kaba ang dulot sa akin. Sabik na masabing ako ay tuli na rin at maiyabang sa ibang mga batang hindi pa natutuli. Isa pa, upang mas makasali sa usapan ng mga matatandang lalaki, upang mas magtanong ng mga katanungang may kinalaman sa pagiging lalaki na hindi ko magawang buksan bilang usapan sa harap ng mga magulang. Kaba dahil may kung anong pagkatakot sa aking Tatay. Naisip kong baka habang tinutuli ay mahimatay ako kapag napagalitan ni Tatay.

Tatlo kaming tutuliin ni Tatay. Ako, si JR (ang bunso kong kapatid), at ang matalik niyang kaibigang si Geobert. Sa tulong ni Nanay ay naihanda na ang mga gamit: ang putpot o ang malinis na puting telang parisukat na may butas sa gitna na siyang gagamiting panali sa sugatang titi; lukaw o ang pakawil na kahoy na may pinanipis na dulo na nakapasak sa lupa ang kabilang dulo kung saan luluhod ang tutuliin para ipasok sa pagitan ng ulo ng titi at balat na nakabalot dito; bagong hasang labaha; dahon ng bayabas; maluwag na salawal na isusuot matapos tuliin (sa pagkakataong ito'y palda ng aking kapatid ang para sa akin), at ang kahoy na pamukpok.

Tatlumpung minuto bago ang oras ng pagtutuli, pinaligo muna kami sa dagat. Sa ganitong paraan, nagagawa ng pagbababad sa tubig na palambutin ang balat ng titi at upang hindi raw masyadong masakit ang sugat pagkatapos tuliin. Walang kakaba-kaba sa mga kasama. Pare-pareho naman kaming mga hambog. Sabi ni Geobert, aasarin daw na bakla ang umiyak sa aming tatlo. Sabi ng mga tiyuhin namin bilang pagpapalakas ng loob, parang kagat lang daw ng langgam ang sakit. Hindi ko naman na naitanong kung anong uri ng langgam. Mahapdi ang kagat ng mga hantik sa amin.

Bilang pinakamatanda sa aming tatlo, ako dapat ang unang tutuliin, subalit nang malaman ng aking tatay na hindi pa lubusang tagpos ang aking titi (luslos ang tawag ng iba), inuna niyang tuliin ang aking kapatid. May kung anong

hiya akong naramdaman noon. Hindi tulad ng dalawang kasama na parehong mukhang handang-handa na, na tagpos na ang mga titi. Marahil kulang ako sa eksplorasyon sa sariling katawan. Kailangang tagpos na ang titi bago tuliin, ibig sabihi'y maluwag na ang balat o foreskin, ito ang hindi ko napaghandaan. Hindi ko na rin masisi si Tatay na hindi man lang niya sinabi upang kahit paano'y nakapaghanda ako. Salsalin ko raw para matagpos, sabi ng aking Tatay. Mahapdi sa una ang pagsasalsal na iyon lalo na kapag nahahanginan. Ganoon daw talaga, sabi niya. Iyon ang unang beses na sinalsal ko ang aking titi. Kaya pala naitatanong ng matatandang lalaki kung nakakailang salsal sa isang araw dahil maaari naman na palang magsalsal kahit hindi pa natutuli. Kung mas maaga ko lang sanang nalaman. Nangingilo ako, at ito ang una sa maraming pagkakataong pinangiluhan ko ang isang bagay na may kinalaman sa aking pagkalalaki. Kapag hindi raw maayos ang pagkakatagpos sa araw ng pagtutuli, baka bumalik sa pagiging supot ang ari na kalauna'y malalaman kong hindi naman totoo. Kaya naman, pinagbutihan ko ang pagsasalsal dahil ayokong matuli na paglipas ng panahon, babalik sa pagiging supot. Nairaos ang pagsubok na iyon at natuloy rin ang pagtutuli.

Pinaluhod ako ni Tatay. May pangingiming naramdaman habang hawak niya ang aking titi at ipinapasok ang dulo nito sa lukaw. Iyon ang unang beses na may ibang taong humawak sa aking titi. Hindi naman maiiwasang hindi hawakan ng magtutuli ang titi ng tutuliin. Dahil si Tatay naman iyon, naroon na ang otoridad kahit pa hindi siya magpaalam. Malay na ako sa ilang mga pagbabago sa aking katawan: ang pagsulpot ng mga balahibong-pusa sa mga pinakasulok na bahagi ng katawan, ang unti-unting paglalim ng boses, ang pagkakaroon ng pagkagusto sa kapitbahay naming si Che-che, ngunit hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam na may ibang taong humahawak sa aking titi. Lilipas ang maraming taon at matatanto ko rin ang sensasyong dala ng nasabing pakiramdam sa paghawak sa ari ng ibang tao, sa ganitong pagkakataon, mahalaga ang pagpapaalam sa may katawan bago galugarin ang pag-aaring hindi naman akin.

Alam kong randam ni Tatay na kinakabahan ako. Sino ba naman ang hindi kakalabog ang dibdib kapag nakakita ng bagong hasang labaha na sa kintab ay maaari mong pagsalaminan? O ang dugong tumulo mula sa mga naunang tinuli. Ngunit maingat ang kamay ng aking Tatay, para bang buong buhay siyang nagsanay para dito. Na hindi niya ako bibiguin sa pagkakataong ito. May kung anong hinahon siyang dala-dala na sa aki'y nagpakalma. Pinatingala niya ako sa

itaas para daw hindi ko makita ang pagdurugo. Hindi ko siya sinunod. Hindi ako nakapili kung sino ang magtutuli sa akin. Hindi rin ako nakapili kung sa paanong paraan ako tutuliin. Sana naman ngayon, hindi sa akin ipagkait ang pagpili ng gustong maramdaman. Gusto kong makita at maramdaman kung gaano nga ba ito kahapdi. Minsan lang akong tutuliin at gusto ko itong angkinin nang buong-buo. Isang pukpok, dalawang pukpok, tatlong pukpok. Wala nang pumang-apat pa dahil natapos na ang pagtutuli sa ikatlong pukpok pa lang. Ipinapahid niya ang nginuya kong dahon ng bayabas at ipinulupot ang tela.

Hindi ako pumalakat ng iyak. Mayroon lang ilang butil ng luhang nangilid sa aking mga matang sumabay sa pagpatak ng dugo sa lupa, dala na rin marahil ng kaunting kirot na naramdaman matapos tuliin. Itinuring ko noong matapang ang sarili. Sa labas, nakaabang ang ilang kababata. Alam sa buong Kalyeng Putol na sa araw na iyon kami tutuliin. Taas-noo silang titingnan ng batang ako na para bang iniyayabang sa kanilang sa pukpok ako tinuli, walang pampangimi, walang ininom na pain reliever. Dahon lang ng bayabas, sapat na. Halos tumalon ako sa tuwa ngunit hindi ko nagawa sa takot na matagtag ang sugat at dumugo nang todo. Sa isip-isip ko, habambuhay kong iyayabang na Tatay ko ang nagtuli sa akin. At hindi ako umiyak kaya walang dapat tumawag sa akin nang bakla. Talamak pa noong panahong iyon ang pagbibigay-imahen sa mga bakla bilang mahina at iyakin. Lilipas ang maraming taon at unti-unti kong matutuklasan na hindi kahinaan ang pagiging bakla. At hindi ito dapat gamiting pang-insulto sa kahit na sino.

Ang mga sumunod na araw ng bakasyon ay ginugol naming mga tinuli sa pagpapagaling ng sugat. O mas ligtas na sabihing, sa paglilibang sa sarili upang hindi maramdaman ang hapdi nito. Kaya pala hindi ako umiyak sa oras ng pagtutuli dahil sa mga susunod na araw pa ako iiyak. May kung anong pinaghalong hapdi at kati ang ramdam na ramdam ko dahil sa sugat. Iyong pakiramdam na gustong kamutin ang namagang titi ngunit hindi maaari. Iyong sa inis ay magagawa kang paluhain. Iyong pakiramdam na tulad ng pagsakit ng ngipin at parang gustong manuntok ng kalapit, higit pa roon ang inis at kirot na naramdaman ko nang mga araw na iyon. Naisip kong baka may kinalaman ito sa hindi pagiging tagpos ng aking titi, dahil kung ikukumpara sa dalawa kong kasama, parang wala lang sa kanila ang pagkakatuli. Nagpatuloy lang ang buhay kabataan, ang ipinagkaiba nga lang ay ang pagkaang-kaang habang naglalakad na nakapalda, ang pag-iingat na madanggil ng ibang bata ang ibabang bahagi ng katawan, at ang pamimigat

ng ari sa mga oras na nagkakakamatis ito. Pinagbawalan pa kaming lumapit sa mga babae dahil mas mangangamatis daw ang aming titi. Sa aking pag-uusisa sa pamimigat at pamamaga ng aking titi, napansin ko ang mala-kamatis nga sa titing may sugat. Ilang ulit ko itong sinubukang haplos-haplusin dahil sa kiliting hatid nito. Para akong nakahanap ng laruan sa panahong inip na inip na ako sa pagpapagaling ng sugat. Kahit paano'y nakatulong sa pagpapagaling sa sugat ang paliligo sa dagat tuwing umaga. Iyon ang isa pa sa maipagmamalaki ng batang-islang gaya ko. May dagat kaming palaging mapupuntahan, upang sumaklolo sa amin. Lalo na sa mga panahong may mabigat na dala-dala.

Sa eskuwelahan, bagama't palaging may mga kalalakihang nag-uumpukan din sa likuran ng klasrum kapag walang klase, madalas namang hindi ako nakikisali. Mas tahimik na bata ako kapag nasa paaralan. Minsang napagdiskitahan ako ng mga nag-uumpukang ito at tinanong kung tuli na ba ako. May kumoryente sa aking kalamnan at mabilis ding iniyabang na tuli na ako. Nagkantiyawan ang mga naroon at ipinalalabas ang aking titi upang maging patunay sa sinabi kong tuli na nga ako. Para akong nasa harap ng husgado na kailangang patunayang hindi ako nagsisinungaling. Hindi ko sila pinagbigyan. Dala marahil ng inis na hindi napagbigyan ang kanilang gusto, nagkoro sila na para bang ilang ulit nang nagsanay sa ganito: *Bakla ka pala, eh. Tuli nga, bakla naman!* Nadanggil ang aking kumpiyansa. Umiyak ako.

Ang lahat ng sugat ay gumagaling subalit may mga sugat na magpapaalala ng isang partikular na bahagi ng iyong buhay. Ang peklat sa balat ay isang marka ng lumipas na ikaw na dadalhin mo kahit saan. Sa tuwing makikita't mahahawakan ko ang aking titi, na malaki na ang ipinagbago buhat nang ito ay tuliin, ramdam kong marami na ring nagbago sa aking pagkatao. Sa aking pagkalalaki. At palaging mag-uugat at magsasanga ang lahat ng paniniwala ko bilang lalaki patungo at palayo sa aking Tatay.

Maraming ulit na noo'y kinamuhian ko ang aking Tatay. Lalo na noong mga panahong musmos pa lamang ako. Lulong siya noon sa bisyo at uuwi sa bahay na kung hindi lasing na katawan ni Nanay ang hinahanap ng mga kamay upang saktan, pakikipag-away sa ibang tao ang gustong gawin. Ilang ulit kong nakitang umiiyak ang Nanay namin. Sa murang isip, nagtatanong ako kung bakit hindi pa kasi hiwalayan ni Nanay. Hindi ko alam kung salbahe ba akong bata na gustong maghiwalay ang mga magulang o gusto ko lang talagang makatakas sa mabigat na

kamay ng aming Tatay. May pagkakataong halos sunugin niya ang aming bahay, mabuti na lamang at napigilan siya ng isa naming tiyuhin. Kami naman noon ay nasa sulok ng kuwarto habang iyak nang iyak. Isa-isa niyang tinatawag ang aming pangalan upang makatikim ng pamalong yantok.

May kung anong pagkayamot ako sa mga taong naninigarilyo at naglalasing. Hindi ako galit o kung anuman. Sadyang hindi ko matiis ang tumabi habang ang isang tao ay naninigarilyo o amoy alak. Mahina ang aking baga kaya pinipili ko ang umiwas sa mga taong naninigarilyo. Ganoon ako sa aking Tatay. Isa ang paninigarilyo niya sa mga pader na palaging maghihiwalay sa amin. Karamihan sa aming magkakapatid ay lumaking may hika, at pare-pareho kaming ayaw na ayaw kapag may naninigarilyo sa bahay. Marahil bunga ng mga luha at karanasan nang kami ay mga bata pa kaya naging depensa na ng aming sarili ang pag-iwas sa mga naninigarilyo. Isang panata na rin sa sarili ang hindi paninigarilyo, at sa ganitong paraan, nahahanapan ko ng kakampi ang aking batang sarili. Kung papipiliin ang batang ako sa pagitan ng pagkakaroon ng isang Tatay at mundong walang usok ng sigarilyo, marahil pipiliin ko ang huli.

Noon pa ma'y takot at umiiwas na rin ako sa mga taong lasing kaya ipinangako ko sa sariling sa aking paglaki, hinding-hindi ko tutularan ang aking Tatay. Ayokong maging dahilan ng pagkatakot ng iba. Lalo na ng mga bata. Mabibilang sa mga daliri sa kaliwang kamay kung ilang ulit lang akong nakatikim ng alak na nakalalasing, na sa paglapat pa lang nito sa aking labi ay halos masuka na ako sa amoy. Ang sabi nila'y ang alak daw ay maaaring ipanggamot sa sugat, ngunit paano kung alak mismo ang dahilan ng sugat na hindi mapagaling-galing? Ilang ulit nang pinag-awayan ng aking mga magulang ang pagiging lasenggo noon ng aking Tatay. Ang hindi ko maintindihan sa mag-asawa ay ang sining ng away-bati. Walang katapusang pag-aaway at pagbabati. Mag-aaway, magsusuyuan, magbabati, tapos mag-aaway ulit. Paulit-ulit na siklo. Bata pa lang ako ngunit alam ko na sa sarili kong masalimuot ang buhay ng pag-aasawa. Baka isa talaga iyon sa mga sinumpaan ng nag-iibigan, na kahit isumpa nila ang isa't isa dahil sa suklam at galit, hindi pa rin nila magawang iwan ang kapareha. Nanginginig ang aking kalamnan sa tuwing maaamoy ang espiritu ng alak sa aming tahanan. Sa haliging susuray-suray, bulabog ang dulot nito sa mga nasa loob. Kaya't hindi maisisisi kung hangarin kong lumabas at tumakbo papalayo sa bakuran. Bilang isang batang nais tumakas kahit panandalian. Bilang anak na nagsasawa na sa ngunit walang

magawa sa ikahihinto ng ganitong kabuktutan.

Ayaw na ayaw ko rin kapag nakakarinig ako ng nagmumura. Mahilig magmura ang Tatay ko. Kahit ganoon, sinanay kami ni Nanay na huwag na huwag magmumura. Na huwag na huwag tularan ang aming Tatay. Ang panakot noon ay pangunguyain niya kami ng sili hanggang sa umapoy sa anghang ang aming bibig kapag nahuli niya kaming nagmumura. Kahit sa pinakasalbaheng pagkakataon noong bata pa, hindi ko matandaan kung nagawa ko bang magmurang katulad ng mga kasinggulang kong malutong kung magmura. Putang ina kung putang ina! Hayop ka kung hayop ka! Sa panakot na iyon ni Nanay, lumaki akong hindi kinahiligan ang mga pagkaing may anghang.  Minsan naman akong nakatikim ng maanghang na salita buhat sa aking Tatay. Itinuro niya kung saan nakalagay ang kaniyang tool box. Kunin ko raw ang kaniyang vise grip, hindi ko alam kung bakit katam ang bitbit ko pagbalik sa kaniya. Tumitig muna siya sa akin na para bang gusto niyang katamin ang aking katangahan. Siguro, napapaisip na siya kung anak niya ba akong talaga. Hindi ito 'yung "Putang ina!" na isa na lang karaniwang salita para sa marami. Hindi niya napigilan ang sarili na sabihan akong "Tanga!" Isang beses lang iyon, ngunit hindi ko makalimutan hanggang ngayon. Mas karaniwang salita ang tanga pero labis-labis ang pagdaramdam ko dahil doon. Siguro matatanggap ko pa kung sinabi niyang, "Ang tanga mo, anak!" Naisip ko na sana lasing na lang si Tatay nang sabihan niya ako, siguro, mas maiintindihan ko pa. Nagbibinata na ako noon, at sa oras na iyon pakiramdam ko'y hindi ako nabigyan ng pagkakataong isalba ang sarili. Katulad nang oras na isinalba ako ng pagsasalsal bago ang pagtutuli. Madaling salsalin ang titi, ngunit hindi ang damdamin.  Kakaiba ang hapdi ng isang sugat lalo na kung pagkalalaki ang nasugatan.

Nasa hustong gulang na ako. Malayo na sa batang hindi tuli. Maaaring isipin ng mga tao na hindi ako naninigarilyo, umiinom ng alak, at nagmumura dahil lumaki akong isang mabait na bata. Ang hindi alam ng lahat, lumaki akong takót. Kaya siguro lumaki rin akong tahimik at hindi masyadong malapit sa mga tao. Palaging may bahagi sa aking sarili na takót ibukas sa iba. May mga bahaging pinananatiling espasyo na sarili lamang ang makapupunta at hangga't maaari'y huwag nang ipaalam sa marami. Ito yung mga tipak ng sarili na katulad ng mga bubog na hindi mo gugustuhing ibahagi, dahil ikasusugat din ng iba.

Sa dami ng kabiguang naranasan ko sa aking Tatay, at sa paulit-ulit na

paghiling sa kalangitan ng kaniyang tuluyang pagbabago noon, narito pa rin ako't namamanatang kapag ako ay mabibigyan ng pagkakataong magkaroon ng sariling pamilya, siya pa rin ang aking gagawing halimbawa. Ang halimbawang tutularan, sa mga bagay na mabuti sa kaniya. Ang halimbawa ring gagawing aral, ang mga bagay na nagpasama sa aming kalagayan na dapat iwasan.

Hindi ko maipagkakailang sa kabila ng kasutilan ng aking Tatay bilang asawa at ama, sa aming paglaki ay naging responsible siya sa pagtataguyod sa amin. Maraming ulit ding naramdaman ko ang suporta niya sa mga gusto namin. Nakatatawang isipin na punong-puno ako ng hinanakit na hanggang ngayo'y hindi ko pa nagagawang palabasin sa aking sistema. Ito ang hindi ko mairaos. Mga naipong latak na hindi ko magawang ibubo dahil sa takot na tuluyang maputol ang telang nakapulupot sa amin ni Tatay.

Palaging may agwat. Hindi kami makapag-usap nang maayos dahil walang sandaling walang nakasaksak na sigarilyo sa kaniyang bibig. Gustong-gusto kong magbukas ng pag-uusap sa pagitan naming dalawa ngunit hindi ako makahanap ng tiyempo.

Kahit pa marami ang nagsasabing magkamukhang-magkamukha kami, hindi ko naman noon makita ang kakaibang koneksiyon na mayroon kaming dalawa. Hindi naman ako ang paborito niyang anak, kung mayroon man siyang paborito sa aming anim. Gusto kong sabihin sa kaniya ang lahat ng hinanakit ko noong bata pa ako. Ang mga araw na hindi siya umuuwi sa aming bahay dahil nasa pakikipag-inuman. Gusto ko sa kaniyang isumbat nang harapan ang mga pagkukulang niya noon. Ang pagiging galante sa ibang tao subalit kuripot sa kaniyang pamilya.  Ang pagkabastos ng kaniyang bunganga sa mga kaibigan kong minsang dumalaw sa aming bahay. Ang pagiging magagalitin niya kapag nakikitang may lalambot-lambot sa kaniyang tatlong anak na lalaki. Ang lahat ng poot na naipon sa aking sistema sa loob ng dalawang dekada.

Bagama't ganoon siya noon, maraming pagkakataon ding ako ang nakagawa ng pagkakasala sa kaniya, at ang mga iyon ay gusto kong aminin at ihingi ng kapatawaran. Ang sadya kong paglalagay ng dinurog na sili sa kaniyang paboritong laing dahil alam kong ayaw na ayaw niya sa pagkaing maanghang. Ang pagtastas ko sa biruli ng paborito niyang maong nang minsang mainis ako sa paninigaw niya kay Nanay. Ang ilang beses kong pangungupit sa kaniyang pitaka habang siya'y lasing na lasing. Pati na ang pagtatapon ko sa isang paketeng Fortune

nang hindi ko mapigil ang yamot dahil sa usok ng kaniyang sigarilyo. Idamay na ang pagtanggal ko sa pagkakatali sa kaniyang kalabaw upang mahirapan siya sa paghahanap nito, at kung ano-ano pang kasutilan na kung kaniyang malalaman ay marahil maiisip niya't tatawanan kung kanino ako nagmana ng ganoong ugali.

Gusto ko rin siyang kausapin upang mapasalamatan sa pagtataguyod niya para makatapos ako sa kolehiyo. Una ay ang pagiging tapat niya kay Nanay. Hindi siya nambabae kahit pa gaano siya kalasenggo noon. Siguro, iyon na lang ang pakonsuwelo niya sa aming mga anak niya. Dahil kung malaman talaga naming siya'y nambabae, kami na mismo ang gagawa ng paraan upang lumayo at humiwalay sa kaniya. Upang ipagpasalamat din ang mga araw na walang-wala ako at natataong dumarating ang kaniyang padala upang sagipin ang aking pangmatrikula at pambayad sa renta ng boarding house noong ako'y nasa kolehiyo. Upang ipagpasalamat ang pagtanggap ng kahihiyan maipangutang lang ako para sa pambayad sa isang conference na kailangan kong daluhan. Ang pangangapal ng kalyo sa kaniyang mga palad dahil sa pag-aararo sa kaniyang bukid, pati na ang hindi mawalang alipunga sa kaniyang mga paa. Marami pang dapat ipagpasalamat gaya ng ilang alaala ng kamusmusan na pinaniwala niya akong may kabutihan pa rin sa isang Tatay. Ang pagbuhat sa musmos na ako sa kaniyang balikat habang binabaha ang aming bukid. Ang pagtuturo sa tamang pagsakay sa kalabaw. Ang paggawa ng aking parol na project sa eskuwela noon. Ang pagmamalaki sa mga kakilala niya tuwing may karangalan akong natatanggap.

Ngayong papunta na siya sa tuluyang pagtanda, mas madalas ang kaniyang pagiging iritable. Kung makapag-usap man kami'y sa harap lamang ng hapag kapag paminsan-minsang nagkakasabay sa pagkain kasama ang iba kong kapatid. Ngayong ako ay narito na sa Maynila at sila naman ng aking Nanay ay sa probinsiya namamalagi, naging triple na ang pagkabigo kong makahanap ng pagkakataong makausap siya nang mata sa mata, puso sa puso. Hindi ko alam kung kilala niya pa ba ako bilang anak, kung ano ang mga pangarap kong malayong-malayo sa mga ginusto niya noon para sa akin. Kung batid ba niyang may anak siyang babakla-bakla kung kumilos mula nang mapalayo sa kaniyang bakuran. Kung alam ba niyang nagsusulat ako ngayon at ito ang gusto kong gawin hanggang pagtanda, na madalas ang mga naisusulat ko ay tungkol sa mga hinaing ng isang anak.

Takót pa rin ako. Ngayo'y mas nadagdagan na ang tákot na anomang oras siya na itong maupos dulot ng panahon, na baka sa usok at abo ko na lang siya

magagawang kausapin. Paano nga kapag wala nang sindi ang apoy ng pagiging mag-ama, may lukaw bang maaaring luhuran na sa pamamagitan nito, sa pagpikit at kaunting patak ng luha ay mapapatawad ang mga sugat? Maampat ang dapat maampat, at magamot ang dapat magamot?

Para sa akin, noong araw na tinuli niya ako, iyon ang pinakahudyat na handa na akong maging lalaki. Hindi dahil sa kagustuhang maiyabang ito sa kapuwa bata. O makisali sa usapang panlalaki. Hindi rin dahil sa balat na humiwalay sa aking titi, kundi dahil sa pagkakataong nagawa kong maging hubad sa harap ng taong labis kong kinamumuhian noon.

Kung ang pagtutuli ang tanging magiging daan para mapalapit kay Tatay at mapaghilom ang lahat ng sugat na idinulot niya noong ako ay bata pa, hinding-hindi ako magdadalawang-isip na magpatuli sa kaniya araw-araw.

Sa lipunang ito na walang-katapusan akong nakikipagbuno sa pagtuklas ng aking pagkakakilanlan, ng pagkalalaki, mga pangarap at mga pag-ibig, alam kong sa minsang pagtutuli'y naihanda niya ako sa anomang hapdi at pagdurugong idudulot ng mga sugat na mas malalim at mas nakangingilo kaysa sa paghihiwalay ng balat gamit ang bagong-hasang labaha.

Tagpos na ako. Maluwag na ang puso at handa nang magpatawad. Madali nang mawala ang pangingimi sa mga tao. Heto ako, ang maramdaming anak na minsang minura, ay naghahangad na sana'y mabigyan din ng katiyakang minsang minahal ng kaniyang Tatay. Kahit minsanan lang. Pagmamahal na higit sana sa pagiging kamukha. Lalong higit pa sa pagmamalaki ng isang tinuling bata.



Si **Charles Palma Gollayan** ay isang manunulat mula sa probinsiya ng Isabela. Sentro ng kaniyang interes ang mga kuwentong bayan, katutubong paniniwala, at mga sariling karanasan sa Lambak Cagayan. Matatagpuan ang kaniyang mga akdang Ibanag, Filipino, o Ingles sa Kinaiya Journal, Katitikan Journal, at iba pang lokal na mga antolohiya. Kasalukuyan siyang nag-aaral ng Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman, kung saan siya naging fellow ng Palihang Rogelio Sicat.

# Urang Ta Cabagan, Ulan sa Maynila

## I. Tarikafu (Ambon)

HANDA NA ANG BAWAT ISA; nakasuot na ng damit na mabilis lamang labhan, mayroon nang mga batsang sasalo sa tubig mula sa bubong upang maipon at maipandilig sa mga halaman sa hardin, at naghihintay na ang ipanliligong inigib na tubig sa poso pagkatapos ng pagligo sa ulan. Hinihintay ng mga kabataan ng kalyeng walang pangalan ang taon-taong pag-ulan tuwing Mayo Uno. Kaakibat kasi nitong pagligo sa ulan ay ang pamahiing gagaling ang iyong mga sugat, peklat, o kahit anong karamdaman. Basta, ang ulan sa araw na ito ay may kakayahang magdala ng biyaya ng paggaling. Paghilom. Kapani-paniwala ba? Kilala na akong hindi mabilis maniwala sa mga bagay-bagay, lalo na nang umuwi ako sa bayan ng aking ama sa Cabagan, na may napakaraming pamahiin na hindi mo maririnig sa Kamaynilaan. Hindi ako naniniwala sa *arang* o duwende na kailangan pang magsabi ng *bari bari po* (tabi-tabi po) tuwing kailangan kong daanan ang kanilang teritoryo, *wari* o atang na inilalagay sa harap ng frame ng mga namayapang kapamilya (langgam lang naman kumakain no'n, sayang), at lalo na sa *tamay* o kulam (may mga lugar na talamak ang *manamay* o mangkukulam, h'wag daw akong basta-basta makikipista sa kaninomang bahay, mahirap na). Ngunit sa natatanging pamahiing ito, nabihag ako. Pagkatapos ng tatlong taong pagsubok ko kasi sa tadhana kasama ng ulap at tubig, nagbunga ito ng pangungumbinsi sa aking maniwala na tunay ang pamahiin.

Lagi kong kasama sa pagligo sa ulan ang aking kapatid at mga pinsan. Kung minsan sumasabay pa ang aking tita upang mabantayan na rin ang mga

batang kasapi sa Asosasyon ng Pag-ulan sa Mayo Uno. Tanaw din sa kalye ang iba pang mga batang hindi ko masyadong nakasasalamuha ngunit nagiging kalaro ko rin kasama ng mga pinsan hanggang sa araw ng pag-ulan. Kapag nagbadya na ang langit sa pamamagitan ng pagsuot ng itim na kamiseta, masasaksihan mo na ang pamumutawi sa bawat labi ng bawat bata ang isang matamis na bunga ng isang taong gunam-gunam. Kukulog nang panandalian, lalong pipintahan ng itim ang mga ulap, magmumukhang bigat na bigat sa kaniyang pasan, at ibubuhos nang agaran ang inigib na luha mula sa Ilog Cagayan. Tatakbo ang bawat bata palabas ng kanilang mga bahay, hahagkan ang mga sariling katawan, mukhang nilalamig na, pipikit ang mga mata, kitang-kita ang ngipin sa kanilang mga bibig. Tagumpay! Tatlong beses nang taon-taong umuulan sa bayan ng Cabagan. Magtatagal nang isang oras ang pagtapon ng confetti ng mga ulap; pagbati ito ng mga ulap sa mahabang pasensiya sa paghihintay ng isang taon ng mga kabataang nag-aasam ng paggaling ng kanilang mga sugat.

Kaibahan nitong pag-ulan sa ibang pag-ulan sa ibang araw sa kalendaryo, bukod pa sa matagal nang pagpapatunay na tumatalab itong pamahiin, ay mabilis lamang maalala ang petsa. Kilala ang Mayo Uno bilang "Labor Day", walang pasok ang bawat isa, at ito rin ang salubong sa bagong buwan kaya nagawa na itong makasaysayang araw para sa mga bata ng kalyeng walang pangalan sa Cabagan.

Marami akong sugat at peklat bilang malikot na bata kaya ninanais ko ring sumabay sa pinsan kong maligo sa pag-ulan. Malakas sa akin ang mga pinsan kong naging kapatid ko na rin dahil sa araw-araw kong pagtira sa kanilang bahay. Tuwing gigising ako sa umaga, mag-aayos ako sandali at kakain, at didiretso na sa kanilang bahay. Minsan, kahit walang ligo o kain, kahit may muta pang nakasabit sa mga pilikmata, kahit hindi pa naiinitan ang sikmura, dadayo na ako sa kanila upang makinood sa kanilang telebisyon. Hindi katulad sa bahay namin, wala kaming channel na Pinoy Box Office kung saan lagi itong nagpapalabas ng mga lumang pelikula bilang replay. Hindi kami nagsasawa at ang mga artista ulit-ulitin ang kanilang mga linya. Ilang ulit na naming napanood ang mga pelikula nina Nora, Vilma, at lalong lalo na ang tanyag na klasik na Bituing Walang Ningning na pinagbibidahan nina Sharon Cuneta at Cherie Gil. Kabisado na namin ang bawat batuhan ng linya, maging ang takbo ng istorya, ngunit hindi nagsasawa ang aming mga mata't tainga rito. Mga pelikulang laging umiinog sa tema ng isang mahirap at mayaman ang palabas sa channel na ito.

Maaliwalas ang kanilang bahay. May hardin na naging pabalat na ng

kanilang bahay dahil napuno ito ng mga agaw-pansing bulaklak at halaman, nilalaman na apat na kuwarto na minsa'y ang dalawa ay nagiging paupahan kung kapos ang pamilya, sala na may jalousie sa bawat dingding, malawak na kusina, palikuran na may dalawang kompartment; isang may kubeta, at isang paliguan; mayroon silang puwang para sa panggagatong, at ang pinakapaborito kong bahagi ay ang *badwel* o balon dahil dito na ako naliligo minsan lalo na kung tag-init sa probinsiya. Malala kung tag-init sa Cabagan, ganoon din kalala kung taglamig. Hinahangaan ko ang kanilang bahay dahil sa lawak nito. Napakaraming kuwartong maaaring maging kaniya-kaniyang silid ng kanilang magkakapatid. Walang ganitong eksena ang bahay namin. Kung titingnan, dapat lang naman na ganito ang kanilang bahay dahil pamilya silang may limang anak (ngayo'y anim na). Madalas din silang binibisita ng kanilang mga kapamilya na taga-Maynila kaya sakto ang lawak ng bahay para sa klima ng kanilang pamumuhay.

Pinsan ng lolo nila ang lolo ko. Pinsan ng tatay nila ang tatay ko. Kaya third degree na kami kung ituturing, huli na sa standard kumbaga, ngunit mas naging malapit ako sa kanila kumpara sa iba kong mga pinsan. Iba ang aming lukso ng dugo, matibay kaming binuo ng aming mga karanasan. Walong taong gulang ako noong umuwi ako ng probinsiya dahil hindi na nakayanan ng ama ko ang paghahanapbuhay sa Makati. Kinumbinsi rin siya ni Lolo't Lola na umuwi na lang dahil mas hayahay ang pamumuhay sa probinsiya. Dahil dito, napilitan ang ama kong umuwi at tumira sa humigit-kumulang isang daang taong bahay ng mga ninuno pa namin. Nahahati ang bahay sa dalawang palapag; ang baba ay para sa naunang tito na umuwi noong 2001 pa at ang taas naman ay naibigay sa aming pamilya. Kay Papa, Mama, at sa aming dalawang magkapatid. Hindi na ganoon kalakas ang tindig ng bahay, kumbaga, isa pang taon ay gutay-gutay na ang itsura. Inaanay na ang mga kahoy na dingding, babagsak na rin ang sahig, kinakalawang ang lababo, at nanganganib nang liparin ng isang malakas na bagyo ang bubong at kisame. Parehong gawa sa kahoy ang bahay namin at ng aking mga pinsan, ngunit ang pagkakaiba, sa kanila'y sariwa pa lang sa mga kalamidad kaya buo pa't malakas pa rin. Pareho rin kaming kapos kung sa katunayan, kaya kami na lang din ang nagtutulungan. May stove at gas kami, gumagamit sila ng panggatong. Mayroon kaming tubig pang-inom, nagsasala pa rin sila sa pamamagitan ng tela tuwing nag-iigib sa balon. Mayroon silang sari-sariling kuwarto, wala kaming konsepto ng pagiging pribado. May hardin sila, mayroon kaming manggahan na puno ng langgam kaya hindi rin mapuntahan. Mayroon silang antenna, kami'y

wala.

Hindi nawawala sa pagpunta ko sa kanila ang buhangin sa tuhod ko tuwing umuuwi. Hindi kasi maaaring matapos ang araw na wala kaming mga ngiti sa labi dahil hindi kami nakapaglalaro sa kalyeng walang pangalan. Chinese garter, boom kiraki boom o tumbang preso, sport na badminton o basketball, ice ice water, garasaput, o jolen, ang ilan sa mga tanyag na mga laro sa kalye. Walang pinipiling edad, may bulbol o wala, ang kasali sa aming paglalaro. Si Nova ang panganay sa magkakapatid, kasalukuyang nasa 2nd year high school ang bida bilang nag-aagapay sa mga mas bata. Siya rin ang Violet sa binuo naming friendship na BAHAGHARI dahil may kaniya-kaniyang kaming angkop na kulay sa ROY G BIV. Red si Angelo, kalaro naming may pinakamalaking bahay dahil seaman ang lolo. Orange ang kapatid ko. Yellow si Ella, kapatid ni Nova. Green ako, matagal ko nang paboritong kulay. Blue si Viscie, ang aking kaedad. Indigo si Nica, kapatid rin ni Nova na ngayo'y inaasar na Nico na dahil Nica rin ang hinahanap. Minsan may mga sumasali na binibigyan na rin namin ng kulay; si Bunso, na ngayo'y Kim Barbie na at laging tambay sa salon at entablado dahil sa pagpa-pageant, ay binigyan ng kulay na scarlet. Si Makmak, na isa rin sa mga may gulang, ay puti. Kami lagi ang laman ng kalye, parang sinimento na nga lang iyon para sa aming magkakalaro.

Sampung oras ang ginugugol ko kasama sila, higit pa sa oras ng pagtulog. Minsan kung big time ang gusto naming ganap sa araw, lumalayo kami ng pinupuntahan. Minsan, sa *komang* o bukid, upang maghanap ng mga gagamba na isisiksik sa posporo. Minsan, sa sementeryo, kung saan lulundag-lundag kami sa patong-patong na higaan ng mga patay na kababayan. Minsan, sa kabilang kalye kung saan may manggang mabilis lang akyatin, angkop lang na may dala-dalang meryenda habang nagpapalamig sa simoy ng hangin. Minsan sa bahay namin, naglalaro ng titser-titseran, kung saan ako ang guro (bumibili pa ako ng chalk at class record no'n para mukhang lehitimo). Sa tabi naming bakanteng lote, kung saan gumawa kami ng isang basketball court kung saan nakalalaro namin ang pinsan naming nakatira sa unang palapag, si Beng at Pako. Naglalambitin din kami sa bakal na waiting shed sa harap ng gymnasium na ngayo'y inalis na dahil niyuping napakaraming bagyo at lindol. At ang malala, kung wala na talagang magawa at buryong na buryong na, naghahamon kami ng away sa ibang mga grupong kabataan sa kabilang kalye. Minsan aambahan, minsan uuwi kaming magugulo ang buhok dahil sa sabunot. At siyempre, sa tag-araw pa lang ang lahat

ng iyan. Hindi mawawala ang aming pagsulit sa pag-asar sa umiiyak na ulap dahil nakangiti kaming naliligo sa kaniyang mga luha. Walang kapantay ang aming samahan, walang panahong pipigil sa aming malilikot na mga paa. Suki nga rin kami ng liga kung saan nag-aaway pa kami dahil sa iniidolo naming manlalaro. Naalala ko pa na Cubag ang aking paboritong barangay dahil borta ang kanilang sikat na kasapi.

Wala pa sa isip ko no'n ang mga insecurities. Normal lang ang pagiging mahirap, paglabas nang walang laman ang sikmura, paglulundag sa mga nitso, paghamon at pakikipagbuno sa mga batang akala naming mas malakas kami. Araw-araw noodles ang ulam ng aking mga pinsan, kung may pera naman ay pritong dilis at tinapa na may kasamang noodles pa rin. Ganoon din ang porma ng almusal sa bahay namin, kaya hindi bali nang nakikikain ako sa kanila dahil pareho lang din naman. Sa pangkalahatan, hindi malaking bagay sa akin ang araw-araw na pag-alay ng tuhod sa kalsada upang kaniyang sugatan, ang paghingi sa araw ng kuyumad at kuto, ang mga nabuong peklat, ang buhangin sa singit. Lahat ng antas ng pasakit ay bunga ng pagiging masaya bilang bata.

## II. Urang (Ulan)

Nagbago ang direksiyon ng hangin noong namataang may malakas na bagyong hahagupit sa probinsiya namin. Sanay naman na ang mga tao sa taon-taong paggiba ng malalakas na bagyo sa mga bahay, ang taon-taong pagbaha, at paghingi ng ayuda. Isa nang siklong hindi matigil-tigil ang sinusulat ng mga makatang tagapamahala taon-taon. Pang-along normal lang ang kalamidad, kahit may nasasawi na sa kasakiman ng kalikasan. Ganoon ang pakiramdam ko noong namataan kong nilamon ng bagyo ang bawat dingding ng bahay na araw-araw kong iniiwasan. Nagtampo ata. Simot ang bubong, haligi, at kahit mga gamit na matagal nang naitago upang maisangla ay nalipad na sa hangin. Iniwan ng bagyong ito ang napakaraming *palavvun*[1] na hindi pa rin nasasagot. Akala ko ang mga anay ang wawasak ngunit may nag-aabang palang kalikasang marunong magpadapa, marunong magpakumbaba ng isang batang gala. Ginusto mong araw-araw lumayas para sa pansamanatalang kasiyahan? Puwes, wala ka nang bahay na uuwian.

[1] Palaisipan sa konteksto ng mga Ibanag.

Mas malala ang natamo ng bahay namin kumpara sa aking mga pinsan. Nakatadhana naman na. Magkakaiba rin kami ng karanasan noong sinisindak na kami ng hangin at patak ng ulan. Ngunit pareho-pareho ang ugat ng bawat kuwentong ngayon ay aming pinagtatawanan na lamang. Maaraw pa noon bago sumapit ang araw ng paghuhukom. Nakaya pang maglaro ng pogs at teks nang huling beses. Walang naaantala. Normal ang paligid. Walang iniisip ang mga batang kayang umabot ng sukdulan ang lahat ng bagay. Pagkatapos ng ilang paglalaro, nagsiuwian. Bitbit ko pa rin sa bahay ang nakakasawang ngiti ng pagiging bata, determinado sa araw-araw na pagkilos sa kalsada kasama ang batang nakaiintindi sa akin. Itatanong ko kung may ulam na ba sa kauuwing amang mula pa sa trabaho. Tugon ay bumili na lang ng inihaw sa kalsada. Bibili na lang dahil wala rin naman siyang kakakayahang magluto. Wala ang ina sa bahay dahil matagal na siyang humiwalay kahit nasa kabilang kalye lang naman.

Gabi-gabi akong umuuwi na ang buong akala ay normal ang matagal nang hidwaan ng aking ina at ama. Ilang ulan na akong nasanay na ako lang ang nagpapaligo sa akin, ilang ulan na ring ako ang umagapay sa nakababatang kapatid na gawain pala dapat ng isang magulang. Ilang payong na ang hiningi ko sa ama, pagkatapos ilang beses mawala sa loob ng paaralan. Sa bagyo ko lang pala malalaman ang hirap ng paglilimos ng pagmamahal sa dalawa, o kumpletong magulang.

Huling linggo ng Oktubre, panahon ng pananalasa ng mga malalakas na bagyo sa bansa. Kahit yari sa kahoy ang bahay, hinayaan naming Diyos ang umalalay rito. Nagtali ang aking ama ng mga lubid upang kung hindi liparin ang mga bintanang Capiz, ang bubong, at kung ano pang kahit papaano ay maaaring isalba. Ngunit sa huli, nag-asta pa rin ang tadhana tulad ng napapanood ko sa mga balita. Madali na sa akin ang alalahanin ang mga pangyayari noong kasagsagan ng bagyo, tumutulo't bumabaha na sa loob-looban. Ang tanging kayang magawa na lamang ay bumaba sa lugar ng aking Tito at doon hintayin ang umaga upang makita ang kahihinatnan ng lahat ng walang kasiguraduhan. Alak pa noon ang lason upang kalimutang may buntalan na nagaganap sa ibabaw ng aming ulohan. Simot na ang taas, dahil wala nang naririnig na kumakalansing. Wala nang pangalawang palapag kaya sahig na yari din sa kahoy ang aming naging bubong. Hinayaang lunurin kami ng malamig na tubig, matapos lang itong suliranin. Madali lang lahat ng iyan, walang alaalang naging mapait sa aking dila. Ang naiwan lang ay ang bukas, susunod na bukas, pagkatapos ng dalawang buwan, pagkatapos ng tatlo, isang taon, kapag nakapagtapos na ng elementarya, saan na kaming sisilong mag-

ama? Saan na ako uuwi pagkatapos gumala?

Walang nangyari sa inuman ni Tito at Papa. Dinig ko pa noon ang mga plano nilang pagtutulungan upang buoin ang lahat ng winasak ng kalamidad. Unti-unting kumpunihin, kahit papaano, ang bahay ng kanilang pamilyang nauubos na ang apelyido sa bayan. Nagwagi ang pagkasuwapang, namayani ang pagiging makasarili. Imbes na bumuo ng pangalawang palapag ang magkapatid, nauna nang nagpabubong si Tito na mag-iiwan sa amin ng walang puwang upang magkaroon ng puwesto na dati ay sa amin. Hindi rin namang puwedeng makiisa kami sa kanilang bahay, dahil takot ang ama na magkaroon pa ng mas malalang hidwaan. Parehong lalaki, nakatatakot kung ilalapat sa isipan ang maaaring mangyari. Awang-awa ako sa aking ama noong panahong iyon. Walang batbat ang kaniyang sampung oras na pagmamaneho sa isa sa mga kinikilalang negosyante ng Cabagan. Hindi siya makapag-iipon sa linggo-linggong tumatambad sa kaniyang tseke na may malaking negative sign dahil sa mga inutang na pambaon, sigarilyo, at alak. Ang tanging sagot noon ay makipagbalikan sa ina na wala ring trabaho dahil ipinasisante ng ama sa kadahilanang lagi itong nagseselos.

Tinanggap ni Mama si Papa kahit dapat hindi na. Walang patawad ang maaaring magtanggal sa bawat lumatay na gunita sa balat ng aking ina. Ngunit kinailangan upang bumuo ng panibagong bubong para sa aming dalawang magkapatid. Nilisan ni Mama ang kaniyang inuupahan, sinamahan ang ama sa paghanap ng kahit isang kuwartong kukumot sa pamilyang pinagkaitan ng awa. Walang natanggap ang pamilya namin noon, kahit sentimo, mula sa mga opisyal. Isang linggong ayuda ang aming naging almusal, tanghalian, at gabihan. Sa susunod ay kagutuman din ang namayani. Ang bahay na tumanggap lang ay ang bahay ng aking mga pinsan. O 'di ba, inilapit na talaga kami ng tadhana. Ay, pinagdikit na pala. Nangupahan kami sa kanilang kuwarto sa ibaba. Binigyang-pagkakataon ang bawat isa, hinayaang humupa ang bagyong minsang nagtangka. Para sa akin, at para sa aking kapatid. Lahat ng ito.

Takot ang dala ng bagyo batay sa kuwento ng aking pinsan ngunit kahit anong panonood mo sa kanilang bahay, wala itong natamong kahit anong pinsala. Lumaki ang bilang ng kanilang pamilya dahil sa pagtanggap sa amin bilang nangungupahan. Kasama kami, ibinali nila ang unang buwan sa unti-unting pag-ahon mula sa pagkadapa. Sa unang buwang walang kuryente, salusalo lagi tuwing gabi kasama ang lamparang binubuhay ng gas. Patuloy pa rin ang panonood ng paborito naming palabas sa telebisyon sa kanilang teleponong may antenna.

Patuloy pa rin ang paglalaro sa kalsada, kahit bungi-bunging puno na ang ang nagiging silong namin tuwing tumitirik ang araw. Ipinagliban muna ang paglayo sa bahay dahil madulas ang mga nitso, at lubog ang mga pananim sa bukirin. Nagpatuloy ang mga klase sa mga paaralan. Ngunit hindi ko sukat-akalaing ang bawat pagbabagong ito ang nagbigay ng lamat sa dating matatamis na pagsasama. Hindi na ako naniniwalang nakapaghihilom ng sugat ang ulan. Hindi dahil napatunayan kong mali ito, dahil tinuruan ako nitong kaya nitong pumatay ng pangangailangan ng tao. Sa paghagupit ng bagyo, sumama ang aking kaluluwang laging nangarap sumaya. Humalili rito ang isang kaluluwang nagnanais ng pagbabago. Habang pinapanood ko ang bawat araw na dumaan, nakaramdam na ako ng gutom, naramdaman ko nang hindi normal ang mga peklat sa aking binti lalo na't maarte na ako sa katawan, at lalong-lalo na hindi normal na nakikitira kami sa bahay ng may bahay. Alinsabay sa pagtanda ng aking isipan, nagbago na rin ang aking mga pinsan. Naging kalsada nila ang paaralan. Iniaalay na nila ang sampung oras na dapat ay nakareserba para sa akin, sa pagsusulat at pagtugon sa mga takdang-aralin. Nalaman kong hindi dapat nananatili ang buhay sa paglalaro, kailangang lumabas sa gapos ng pagiging inosente. Ang kalye ay hindi lang lunan upang makapaglaro dahil hindi tumatakbo ang buhay ng pagiging bata sa galak at tawa sa kalsada, sa paghihintay ng tubig mula sa langit upang makalibre ng tubig panligo. Sa unang pagkakataon, bakante ang kalsada dahil hindi umulan sa Mayo Uno. Namalagi ang pagtatanong sa isipan, ngunit sandali lang. Naputol ang tradisyon naming magkakaibigan, napatunayang may oras na lalayo ang pinahintulutang pansamantalang kasiyahan. Walang bahagharing nakabalandra sa paysahe ng kalyeng walang pangalan sa araw na dati naming hinihintay.

Nilisan namin ang paupahan ng aking mga pinsan dahil sa maraming hindi pagkakaintindihan matapos ang isang taong pagtitiis; kalaunan nagbago ang kanilang timpla, nagbago na rin ang brand ng noodles na kanilang kinikilala. Nagkaroon ng pagitan ang mga magulang namin at alam kong hindi dapat madamay ang mga anak, ngunit dumanak pa rin ang ganoong pag-iisip sa pagitan namin. Nagkapandemya. Inabot ng isang taong kalamidad upang magbalik ang landas naming magpipinsan; noong namayapa ang aking ama dahil sa hindi ko malamang sakit. Kumaripas ng takbo ang oras, unti-unting may nabuong maliliit na pag-uusap at kumustahan, unti-unting nanumbalik ang pamilyang may mga anak na alipin ng ulan.

## III. Badyu (Bagyo)

Handa na ang dalawang magkaibigan; nakaitim na may mahabang manggas, mask upang maitago ang pagkakakilanlan, komportableng sandals, walang ligo, at dasal sa isang bulsa na hindi matapos ang araw na kami'y nasa kulungan. Hinihintay namin ang tawag upang umalis na kami sa aking dormitoryo at bitbitin ang malaking megaphone na hindi magkasya sa tote bag na kaniyang kinasusuksukan. Pulang-pula ang petsa sa kalendaryong inaagiw na. Pinaghandaan ng bawat kaibigan ang araw na ito, isang linggong abala ang isa sa pagbuo ng effigy, abala ang isa sa pagiging makata sa pagbuo ng mga pariralang pupukaw ng pansin sa mga plakard, at abala ang lahat sa kani-kanilang organisasyon bago dumating ang araw. Isa ang rally tuwing Mayo Uno sa kinikilalang may malaking bilang ng mga dumadalo na nagpapatambol ng panawagang *Sahod Itaas, Presyo Ibaba.* Kaakibat ng malaking bilang ng mga dumalo ang maaaring magpalakas sa mga panawagan, paglaban para sa karapatan ng mga manggagawa, at pagkilala sa mga iba't ibang kasalukuyang isyu na kinakaharap ng lipunan. Basta ang araw na ito ay hindi lamang holiday o katagang isinasaulo sa paaralan sa mga oras na iyon, malaki itong okasyong ginugunita sa lahat ng sulok ng mundo upang igiit ang mga hinaing ng mga manggagawa. Buong akala ko noong bata ako ay araw lang ito upang lumiban sa klase (kahit bakasyon) o 'di kaya'y lumiban sa pagpasok ang aking ama at ina (kahit hindi puwede), isang araw lang upang bigyang-pagkilala ang mga manggagawa, ang kanilang mga ipinaglalaban. Mas kinikilala at hinihintay ko pa noon ang pagbagsak ng ulan kaysa yakapin ang ama at ina dahil sa ambag nila sa lipunan.

Kahit hindi ko matukoy ang sakit ng ama noong namayapa siya, alam kong hindi niya pinili ang landas na iyon. Naganap ang kaniyang mga huling sandali sa lilim ng kaniyang pinagtatrabuhan. Naglalaro lang ako kasama ang iniuwi ni Papa na aso nang biglang may dumating na katrabaho niyang nagpadala ng balitang nahimatay si Papa habang nag-aasikaso ng mga gamit sa grocery, kahit hindi niya naman talaga ito trabaho. Hindi sinagot ng kaniyang mga boss ang kaniyang burol at hinayaan kaming naulila na gastusan ang libing ng ama kahit wala na kaming mapagkukunan. Sistema ng araw-araw na pagtatrabaho ang alam kong pumatay sa kaniya. Ang pagbili ng alak at sigarilyo upang panandaliang yakapin siya sa hirap ng trabaho. Ang kaniyang sakit na nakaugat sa kaniyang labis na oras na pagtatrabaho. Unti-unti kong inalo ang sarili na may sakit ang sistema, at hindi

ang amang manggagawa ang nagbigay ng taning sa kaniyang buhay. Bitbit ko ang alaalang ito sa aking kabilang bulsa.

Kolehiyo na ako nang sumapi ako sa organisasyon. Marami akong nalamang bagay na baluktot at hindi dapat hinahayaang normal. Wala gaano o wala talagang mga organisador sa probinsiya kaya siguro lumaki rin akong kinikilala ang bawat ulan bilang biyaya ng langit. Kung susumahin ang aking kuwento ng pagsali: bakit pa magpapakahirap gumamit ng tela sa pagsala ng tubig mula sa poso kung puwede namang humingi ng pagkakataong magkaroon ng maayos na sistema ng tubig pang-inom? Iyong malinis at sala na ang mapaminsalang mikrobyong maaaring magdala ng sanga-sangang sakit sa sikmura. Wala namang isang pangalan ang nagmamay-ari ng tubig, kahit ulap ay humihigop nito. Ganoon ang lohikang bumalot sa aking isipan.

Commute ang piniling moda ng magkaibigan. Sumakay ng jeep habang kinakabahan, pilit itinatago ang paraphernalia. Nagmistulang mga gumagawa ng pelikula sa loob ng bagon pa-Recto, upang hindi mapuna ng mga guard na nagtsetsek ng laman ng bag. Nakakita pa kami ng pulis sa daan, ngunit agaran naming sinasalisi upang hindi kami mamataan. Nawala-wala pa kung saan bababa dahil gumagalaw ang mga raliyista ngunit sa huli, natunton namin ang mga kaibigan sa National Library of the Philippines. Unang beses, panahon na rin upang hindi lang maging ulan na susulpot-sulpot ang alaala ng aking ama. Sa araw na iyon, nakiisa ako sa laban na kaniyang kinabibilangan.

Makulay ang mga pangkat. Dinaig ang bahaghari sa kaibahan ng kulay ng mga kasuotan, kulay ng watawat, kulay ng mga plakard na naglalaman ng mga panawagan. Nabighani ako sa segundong nakita ko ang mga sumama sa laban ng araw na iyon. May mga elders na naging kaagapay ng mga kabataan sa tirik ng araw. Makikita mo sa mukha ng bawat isa ang pag-asa na kaya pang matapos ang sigwa sa karagatan ng pang-aalipusta.

Pinagbitbit kami ng mga plakard. Pinili ko ang paboritong plakard na hindi sumasang-ayon sa pagtatayo ng dam lalo na ang mga bubuoin sa Sierra Madre na may sanga-sangang bunga na maaaring lumunod sa minahal kong bayan ng Cabagan. Naghintay sa senyales upang gumawa ng linya. Ramdam ko ang init ng pagtanggap ng mga hindi ko mga kakilala dahil unang beses ko pa lang sumabak sa ganitong gawain. Habulan, tanggalan ng tsinelas, gitgitan, batuhan, lahat man itong mga paglalarawan ay mangyaring bumuo ng larawang magulo ang lahat ngunit hindi. Nagkakaisa, organisado ang laban ng mga manggagawa. Sumabay

ang mga pulis at bumuo ng kanilang sariling linya. Hawak nila ang kanilang matitigas na panangga, at mga pamalong yari sa kahoy. Nakatatawang mga papel lang aming mga dala, walang laban sa kanilang armas na nakatatakot ang itsura. Handa na rin ang kanilang mga posas upang humuli ng mga “manlalaban” ngunit alam kong nag-uuwi lang sila ng mga kaibigan sa kanilang estasyon upang may maipagmayabang. Tuloy ang sigaw ng bawat isa, bigkisan ang ibinalandrang sandata ng taumbayan. Galit ang mga mukha, inilalabas ang isang taong hinigop na tubig mula sa lawa, mga maiitim na ulap na nagbabadyang maglabas ng tila bagyong mga salita. Ipinarinig sa buong kalye ng Kalaw at Roxas ang bawat isyung kinaharap ng bansa. Isa sa mga pinayanig na panawagan sa araw na iyon ang pagtutol sa Balikatan exercises ng bansa kaya sinadya na rin embahada ng Estados Unidos ang unang makarinig ng mga panawagan. Ilang beses nagbatuhan ng mga linya ang mga organisasyon, naisaulo ko na kahit unang beses pa lang. Parang linya lang sa pelikula noong bata, nakatatak at hindi mabitawan ng dila sa talim ng pagkatha sa mga parirala.

Bago umusad ang programa, nagpasikat ang kabila. Upang tumigil ang mga raliyista sa paglapit sa embahada ng Estados Unidos, nagpaulan sila ng tubig mula sa mga bitbit nilang mga sasakyan ng mga bumbero. Pinaliguan ang taumbayan. Ang una kong sinabi sa aking kasamahan; napakaraming bayan sa probinsiya na mahirap ang sistema ng tubig pero napakadali lang nilang itapon ito upang maitaboy ang bawat taong humihingi lang ng maayos na pasahod. Sumang-ayon ang kaibigan habang nakabigkis pa rin sa akin. Itinanong niya sa akin kalaunan kung kaya ko pang ipagpatuloy ang pagpunta sa harap ngunit sa kadahilanang nangangatog na ako sa lamig, humindi ako. Hindi ko na rin kayang humarap sa mga pulis na nagsayang ng tubig. Uhaw na uhaw ang pinagmulan kong probinsiya sa libreng tubig. Nanatili kami sa tabi habang nagsimula na ang programa. Nagkaroon ng kantahan, sayawan, siyempre panawagan, at iba’t ibang pagkilala sa sining dahil kahit papaano ay selebrasyon pa rin ang araw. Tagumpay pa ring naisagawa ang pinaghandaang araw.

Habang basang-basa ang bawat isa, lumitaw ang araw upang tuyuin ang bawat damit na kailangan nang mapiga. Hinayaan ng araw magtagumpay ang selebrasyon, hinayaan ng araw na huwag nang palitawin ang ulang pinaniwalaan kong naghihilom ng mga sugat. Mas maayos nang hindi na ito nagpakita dahil nagustuhan kong may tubig na lumaslas sa aking katawan, na sa pagtagal ay magiging peklat na hindi maglalaho gamit ang anumang pampaputi.

Naluha ako noong panahon na iyon. Sa tuwa na makita ang sambayanang walang pinipiling edad at pagkakakilanlan ang nagkakaisa upang umawit. Sa lungkot dahil may baul na alaala na nabuksan. Hindi ko kailanman aakalain na dating nainiwala ako na kayang hilumin ng ulan ang mga sugat, at hindi ko sukat-akalaing babaliin ko itong pagkilala na ganitong ulan ang natatanggap ng masa—mabaho at hindi pa nga alam kung saan kinuha. Ang matagal nang hindi ko alam ay habang nagpapakasaya ako sa pagligo sa ulan sa kalyeng walang pangalan, mayroong mga taong hindi ko natatanaw sa kabilang ibayo ang nagsusugat na dahil sa tinatapong pamamahiya ng mga nasa posisyon. Ngayong nandito na ako, isang responsibilidad na ang pagkibo.

Isa lamang ang araw na iyon sa mga pintong kailangan kong buksan upang makilala ang bawat karanasan ng mga mamamayang iniwan sa dilim. Napakarami pang kailangan malaman ngunit masasabi kong nakilala kong may kabalintunaan sa pagitan ng pagiging bata, at pagbibinata. Sa katunayan, dapat hindi lamang itlog ang lumalaki, dapat nakakikilala ka rin ng mga taong tuturuan kang buksan ang iyong mata, at tiyak sa araw na iyon, nagkaroon ako ng mga bagong kalaro sa ulan. Sa telebisyon ko lamang nakikita ang ganitong mga akto, sa mga palabas sa telebisyon tulad ng mga pelikula ni Lino Brocka at Ishamael Bernal, ngunit sa oras pala na nasa loob ka na ng mala-pelikulang karanasan, magigitla ka na lang at sasabihing ganito pala ang pakiramdam. Multo na ng kalendaryo ang pulang petsang ito. Mayo Uno, kalye ng Roxas.

Umulan noong araw ng SONA ng pangulo. May dumaan ding agad na bagyo na tumaliwas sa kaniyang inilapat na mga proyekto. Binaha ang mga bayang noong Ondoy pa huling nakaranas ng mataas at mapanganib na pagbaha. Kaunting pag-ulan, lubog na ang mga kalsadang gumagambala sa mga pampasaherong bus at dyip. Nanganganib na ang Sierra Madre dahil sa ilang ulit na pagsubok na tayuan ng malalaking dam, kaya patuloy ang pagbaha sa probinsiya. Lumalaki na ang tsansang wala nang babangga sa malalakas na bagyong nakahandang gumiba ng mga bahay sa Cabagan. Hindi na akma ang panahon ng tag-ulan. Kahit tag-init ay nagkakaroon na ng bagyo. Wala nang ulan sa Cabagan tuwing Mayo Uno, hindi na mahulaan kung kailan o totoo pa ang pamahiin, at kung may mga batang naghihintay pa nito.

Naalala ko ang binanggit ni Will Ortiz sa kaniyang sanaysay na "Sisid" tuwing may tema ng tubig ang pinag-uusapan;

Nandirito ako sa payapang dagat. Lumulutang at nakatulala sa langit na bughaw at

abo. Malayo sa pampang at malayo sa kailaliman ng budhi ng aking dagat. Minsan, kailangang mamaybay sa pagitan ng pagsisid at pag-ahon. Hindi rin naman ako magtatagal rito.

Sa tabi ng look ng Maynila, minsang may tubig na dumaplis sa balat ng isang batang naniwalang ulan ang naghihilom ng sugat, isang batang pinadapa ng bagyo ang mga pangarap. Masakit pa rin ang tubig ngunit sa ibang paraan. Nag-iwan ng malaking paalala na may araw na ilulubog tayo ng karagatan. Ngunit araw-araw, nakikita ko na ang ilog sa Kamaynilaan, payapa, sumasabay na lang sa pagragasa kung saan mapunta ang mga taong pinilit umaasa sa maliit na sahod upang may maiuwing pagkain sa kanilang tahanan. Paalala ang linyang ito sa akin na tunay na hindi ako magtatagal sa tubig na ito, kung magiging isda tayong marunong lumangoy at tahakin ang landas na dapat ay sa atin, sisid, ahon, sisid, ahon, kaya nating matuto ng mga bagay na hindi nating aakalaing sumisindi na sa ating puwitan upang tumayo para sa karapatan.

Nakatingala ako sa langit. Hinihintay kong maging kulay abo, hanggang mangitim. Pauwi na kami ng dormitoryo habang nakasakay sa dyip kasama ng mga kaibigan sa kahabaan ng Quezon Avenue. May inihanda pa rin palang ulan ang langit sa ulang dumaplis kanina sa akin. Bumuhos ito nang napakalakas at hindi na rin namin nagawang umilag. Biglang nahilom ang aking pagkabata kahit papaano. Biglang nagkaroon ng iba't ibang katumbas na kahulugan ang mga ulan batay sa pinaliliguan nitong kalye.





Si **G. Jason Federigan Pozon** ay katuwang na propesor at nagtuturo ng Panunuring Pampanitikan, Introduksiyon sa Pagsasalin sa Mataas na Paaralang Rural ng Unibersidad ng Pilipinas (UP Rural High School) sa ilalim ng Kolehiyo ng Agham at Sining sa Unibersidad ng Pilipinas-Los Baños. Siya ay nagtapos ng Bachelor in Secondary Education major in Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas (PNU-Manila) noong 2014. Nagtapos ng Master of Arts sa Malikhaing Pagsulat at kasalukuyang kumukuha ng Doktor ng Pilosopiya sa Malikhaing Pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Fellow ng mga sumusunod na creative writing workshops: 6$^{th}$ Cordillera Creative Writing Workshop sa UP Baguio (2018); Ika-13 Palihang Rogelio Sicat sa UP Los Baños (2019); UST National Writers' Workshop (2022); at Ika-4 na Palihang Bienvenido Lumbera sa Salin ng UP Institute of Creative Writing ng UP Diliman. Nakapaglathala ng mga malikhaing 'di-katha o sanaysay at ilang tula sa mga literary refereed journal ng Sentro sa Wikang Filipino-UP Diliman, Cultural Center of the Philippines, Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino at sa iba pang institusyon sa bansa. Kasalukuyan din siyang naglilingkod bilang kalihim o chapter secretary ng All UP Academic Employees Union-Los Baños at kinikilalang manunulat at guro sa panitikan ng National Book Development Board o NBDB. Ang kaniyang mga sanaysay ay pumapaksa sa kasarian, araling gunita, araling kababaihan, lakas-paggawa, seksuwalidad, at transportasyon.

# Mga Tip sa Paglilinis ng Dyip

HULING MGA TAON NG DEKADA 90 nang magkaroon ng tatlong dyip sina Tatay Domeng at Nanay Orang, mga magulang ng aking totoong ama. Pinag-ipunan talaga nilang mag-asawa na makapagpundar ng siguradong mapagkukunan ng kita mula noong magsara ang kanilang pinapasukang tahian. Sa una'y idinagdag ang inutang na pera sa isang lending company sa nailabang kakarampot na separation pay na para sa kanila'y maliit na tagumpay ng pagpipiket layn. Nakabili ng isang segunda manong dyip ang mag-asawa, si Bruha.

Nangangapa pa si Tatay Domeng sa unang mga linggo at buwan. Ingat na ingat siya sa pagmamaneho, paiba-iba siya ng oras ng pamamasada at napakadalas ng paglilinis niya kay Bruha na tumatagal ng kalahating araw na minsan ding pinagtatalunan ng mag-asawa.

"Aba, Domeng! Hindi tayo kasosyo ng [1]NAWASA." sigaw ni Nanay Orang habang pinapanood si Tatay Domeng na walang patid ang pagkuskos sa harapang salamin ni Bruha. "Ang hirap-hirap mag-badyet! Ikaw na kaya?"

Wala siyang nakuhang sagot o reaksiyon na lalong ikinainis ni Nanay Orang.

Hindi kasi laging may naiuuwing kita lalo na kung bakasyon o biglaang may nasisirang piyesa ng dyip na kailangang palitan o hanapan ng remedyo. Hindi sila sumuko, wala rin sa pamimilian ang pagsuko dahil namuhunan na sila. Nasa paghahawak din siguro ni Nanay Orang sa pera kaya kahit papaano, may naitatabi pa rin sila.

Lilipas ang dalawa hanggang tatlong taon, muling makabibili ng isa pang

dyip, si Azul at noong 2005, si Kangkarot naman ang kanilang nakuha. Talagang may pagpapangalan sa bawat dyip dahil kalauna'y palayaw na rin ito ng mga drayber na namamasada sa amin.

Hindi gaanong pinag-isipan ang pangalan ng aming mga dyip. Marahil, kaya Bruha dahil may sticker na anino ng mangkukulam sa tapalodo ng dyip na inihalintulad pa kay Nanay Orang dahil sa buhaghag at magulo niyang buhok. Azul naman ang isa dahil literal na bughaw ang kulay nito. Samantala, Kangkarot ang huli sapagkat sa wikang Bisaya, nangangahulugan ito ng kawalan ng kapasidad na magbayad ng pagkakautang. Sabagay, naging sirain na rin ang mga dyip noon at halos 'di na maharap ang lending companies (Oo, marami-rami na silang pinagkakautangan sa pagdating ni Kangkarot) na walang tigil sa kapapadala ng sulat ng palugit o ultimatum, pero pagbabanta naman talaga iyon. Nakababayad din naman kaya lang laging eksakto sa petsa o huli ng kaunti.

Mabilis ang pag-arangkada ng maliit na kabuhayan nina Tatay Domeng dahil sa unti-unting pagkasanay sa kalakaran at pagpapaikot sa maliit na naiipong kapital mula sa arawang ingreso. Kusa at 'di-malay na napag-aaralan ang sistema.

Sa mga taong iyon, naging pamilyar ako sa bawat bahagi, laki, kulay at panlabas na kaanyuan ng aming mga dyip. May kakaibang pakiramdam tuwing naririnig ko ang mga pangalan nila, bagay na bagay at talagang naging matunog sa mga kasamahan at kainumang drayber ni Tatay Domeng sa rutang Pasig-Taytay. Kapag sinabing Bruha, Azul, at Kangkarot, ang mag-asawa agad ang kanilang naiisip at siyempre, ako bilang pinakabatang washer o konduktor sa palagay ko noong mga panahong iyon.

Tuwing walang biyahe ang mga dyip, nakatoka sa mga umeekstrang drayber ang paglilinis sa mga ito. Hindi ko na mabilang ang mga pagkakataon na pinanonood ko ang tila ritwal ng paghuhugas sa mga dyip. Iba-iba ang mga estilo ng bawat drayber ngunit may mga yugto na nagkakapare-pareho sila, dahil na rin siguro kay Tatay Domeng na lagi nilang nakakasama sa paglilinis lalo noong nagsisimula pa lamang silang umekstra sa amin.

**Ihanda ang mga kailangang kagamitan**

Madali lang naman mahanap at abot-kaya ang mga materyal sa paglilinis ng dyip. Basta't hindi mawawala ang powdered detergent, basahang bilog, foam, walis tambo at malinis na mga lumang basahan o 'di na ginagamit na kamiseta.

Bukod sa mga pisikal na gamit, ang pinakamahalagang kailangang ihanda ay ang sarili.

Tiyakin na may sapat na lakas bago ang paglilinis ng dyip. Matulog muna o kumain nang sapat, dapat na nakakondisyon ang pangangatawan.

Isa-isang inilalabas ni Tatay Domeng ang timba, tabo, at ang dalawang sachet ng sabon-panlaba. Ilalatag niya sa tapalodo ang mga basahang bilog. Iba-ibang kulay, 'di perpekto ang pagkakagupit sa mga retaso at iisa ang laki. Para siyang naglalapag ng mga baraha, sanay na sanay sa pagsusugal na pagod at pawis ang itinataya.

Kakaibang pananabik ang nararamdaman ko kapag maghuhugas na ng dyip si Tatay Domeng dahil kasabay niyon ang paliligo ko sa labas ng aming bahay. Minsan, mas masaya kapag umuulan. Kahit na pagbawalan at paluin pa ako, hindi ako nagpapapigil. Dahil nabasa na rin lang, tutulong na ako sa paghuhugas kay Bruha o kahit kina Azul at Kangkarot pa.

Ordinaryo nang tanawin ang isa-isa na namang paglalabas ni Tatay Domeng ng timba, tabo, at dalawang sachet ng sabon-panlaba. Bahagyang nakaaangat na dahil may hose na siyang ikinakabit sa nakaabang na gripo sa aming tarangkahan, hindi na siya hihingalin sa pag-iigib ng tubig. Muli niyang ilalatag sa tapalodo ang mga basahang bilog. Iba-ibang kulay, 'di pa rin perpekto ang pagkakagupit sa mga retaso, iisa ang laki at sa puntong ito, mas marami na.

Kapag walang pasok sa eskuwela, tumutulong ako sa paghahanda sa mga gamit na panlinis. Magkatuwang kami ni Tatay Domeng sa pagbibitbit sa timbang halos puno ng tubig. Nagkakasala-salabid ng direksiyon ang aking mga paa. Gamit ang matatalas kong ngipin, bubuksan ko ang mga sachet ng sabon sabay dudura nang malala dahil nalalasahan ko ang pait nito.

Ibubuhos ko ang sabon sa timbang may tubig. Hahayaan na matunaw ang pulbos at kung naiinip na ako, hahaluin ko na ng kamay, dudurugin ang mga namuong pulbos hanggang sa mabulang-mabula na ang tubig.

Pagkatapos, paaalisin na ako ni Tatay Domeng dahil mababasa raw ako. Labag man sa kalooban ko pero ano bang magagawa ko? "Doon ka na, hindi na 'to para sa mga bata."

Nakasimangot ako habang pinahahaba ang nguso dahil sa inis. Laging nag-iimbita ang mga bula, ang foam na nilulunod sa mamaya'y nangingitim na tubig at ang panggigitata ng mga basahang pinararaan sa mga singit-singit ng dyip.

Gustong-gusto kong magbasa at magtampisaw.

Kaya lang, noong nagkakaisip at nakatuntong na ako sa unang taon sa hayskul, ayaw na ni Tatay Domeng na patulungin ako sa paglalabas at paghahanda sa mga kasangkapan sa paglilinis. Natutuwa naman siya noong una na nakakatulong niya ako ngunit habang nagtatagal, unti-unti na niya akong itinataboy papalayo sa ritwal bago ang aktuwal na paghuhugas sa mga dyip. May tampo pero nalilimutan din.

Naging abala na ako sa pag-aaral at hindi ko na nga nagagawa kahit ang panonood sa paghuhugas ni Tatay Domeng ng dyip. Madaling araw pa lamang, nagsisimula na siyang pumasada. Sa hapon naman pagkagaling sa eskwela, aabutan ko siyang nasa umpukan ng mga drayber. Nakikipagkuwentuhan, nakikipagtawanan, at may mga pambihirang pagkakataon na pinagtutulung-tulungan nilang ayusin ang may sirang dyip. Hindi maiiwasan na wala nang pahinga si Tatay Domeng, pati ang araw ng koding ay nauuwi rin sa pagkakalikot at paghuhugas niya ng dyip.

Isang makulimlim na hapon, nakita kong nakakalat ang mga gamit sa paghuhugas ng dyip. Wala akong dinatnan na tao sa bahay. Kumakatas ng maitim na tubig ang foam at halos wala na ring bula ang kulay-lupang tubig sa timba. Patong-patong ang makukulay na mga bilog na basahan sa tapolodo. Hindi pa ito nailalapag na tulad ng mga nakasanayang baraha.

Hindi pangkaraniwan ang tagpong iyon. Wala naman silang nabanggit na lakad at hindi ugali ni Tatay Domeng na basta na lang iwan ang mga gamit panlinis na nakakalat sa lupa. Nang kunin ko ang walis tambo at dustpan sa loob ng dyip upang itago sa loob ng bahay, nakita ko ang sulat sa may pinto: Nasa ospital kami, nasa mesa ang hapunan mo.

Nabitiwan ko ang hawak at halos magka-ekis-ekis ang aking paglalakad na tila may bitbit na timbang puno ng tubig. Napakabigat at dala-dala ko'ng lahat.

Pagdating ko sa charity ward ng provincial hospital, natanaw ko na agad si Tatay Domeng na nakahiga. Nakita na niya ako, tila hinihintay niya ang aking pagdating. "Tay, ano'ng nangyari?"

Nangangatog ang katawan ko pati ang boses pero hindi kailangan na panghinaan ng loob. Natulala rin ako sa kaniyang kalagayan. Hinang-hina at may payat na mga tubong nakasaksak sa kaniyang braso't kamay, may matangkad din na kalawanging tangke ng oxygen ang nakapasak sa kaniyang ilong.

Maalinsangan ang mahabang ward na iyon. Dispalinghado pa ang iisang wall fan na na hindi na naaagiwan at pinaghahatian ng mga pasyente, salamat na lang dahil may malalaking bintanang malapit nang mahulog ang salamin na iniikutan ng magkahalong hangin at polusyon.

Halo-halo ang mga may sakit. May umuubo, may nahihimbing sa pagkakatulog, may mga sumisinghot, may mga naghuhuntahan at walang tigil ang paroo't parito ng mga tao. Kalunos-lunos ang espasyong 'yon. Walang kabahid-bahid ng paggaling, ng paglaya.

Ang hirap kapag walang ipon, sakto lang sa mga gastusin ang kinikita ng tatlong dyip namin. Hindi pa nakisama, sira pa ang isa.

"Ma-malayo sa-sa bituka." mahina at bahagyang utal niyang sagot sa akin. Sa totoo lang, naaawa ako at may kurot sa damdamin pero hindi ako iiyak. Matindi ang paniniwala kong gagaling at makauuwi na agad kami.

"Magpahinga ho kayo," bilin ko. "Kahit kasi pagod ay pinipilit mo pa. Kapag tutulungan ka kahit sa paghuhugas ng mga dyip, ayaw mo. Ang tigas ng ulo mo e."

Hindi ko na natiis na sabihin iyon kay Tatay Domeng, ugali na niya kasing sarilinin ang lahat. Siguro, sama na rin ng loob ko iyon dahil tutulong na nga ako para mapagaan ang kaniyang trabaho, tinatanggihan pa niya. Pero, gusto ko ring mabasa, magtampisaw, at maglaro ng bula. "Ayan! Kaya ka ngayon nakahiga d'yan. Magpalakas ka ha? Tumigil ka na rin sa pagbibiyahe ng dyip."

"Maki-kinig ka." simula niya. "So-sorry. . ."

Mahina ang boses niya ngunit sa mga sandaling iyon, tila nagagaralgal. Teka, naiiyak ba siya? Unang pagkakataon kong makikita siyang umiyak kapag nagkataon. "Magpahinga na ho kayo sabi, okay lang ho. Gutom ka na ba?"

"Nailigpit na ba ang mga ga-gamit sa ta-tarangka-han?" tanong niya.

"Ako na ho ang bahala, ang tigas na naman ng ulo n'yo," naiinis kong sagot. Hindi ako makapaniwala na sa kaniyang kalagayan, iyon pa talaga ang kaniyang iniintindi.

"Hu-huwag mo iligpit. Ako na a-ang bahala pag-uwi ko," sasagot na sana ako pero agad siyang nagpatuloy, "Hindi kasi bagay sa 'yo. Marurum'han ang m-mga kamay mo."

Kailangang tatagan ang dibdib, hindi ako bibigay at magpapatak ng ni isang luha. "Kung ano-ano pang sinasabi mo d'yan. Pahinga ka na. Ang kalabaw

ay tumanda na, pati ikaw nagkakaedad na pero matinik pa rin sa tsiks!"

Napatingin sa akin si Nanay Orang. Isang matalim na tingin. Bad joke yata.

Pinilit ko na pagaanin ang usapan dahil nasa bingit na ako ng pagbigay, ng pagpapatangay sa takot sa mga posibilidad ng maaaring mangyari. Tumalikod ako at nagbalat ng ponkan, pasimpleng nagpahid ng nangingilid na luha. Pinangakuan ko siya, "Bibili tayo ng mga bagong gamit sa paglilinis ng dyip. Kung nakapagsasalita lang 'yon, minura na tayo."

"Si-sige," kasunod ang katahimikan. Kahit na may mga katabi kaming pasyente at dinig na dinig ang mga nagdaraang sasakyan, may hindi nakikitang kurtina na bumabalot sa amin, na nagkukulong sa amin sa pansamantalang mundo na nag-uusap ang aming mga puso. Iyon na ang huling mga sandali niya at nagbiyahe na siyang mag-isa sa ruta ng paglisan sa malungkot na lugar na iyon.

Sakit sa puso ang dahilan ng kaniyang maagang pagpanaw. Hindi na rin naipaliwanag sa amin ang mga naging dahilan ng kaniyang pagkakasakit. Wala rin namang doktor na kumausap at nagpakita. Tanging mga nars at estudyanteng doktor lang ang umalalay sa amin.

Wala namang pamimilian kung 'di magpatuloy kahit walang malinaw na destinasyon.

Isa-isa kong inilabas ang timba, tabo, at ang dalawang sachet ng sabon-panlaba. Inilatag ko sa tapalodo ang mga basahang bilog. Iba-ibang kulay, 'di pa rin perpektong pagkakagupit sa mga retaso at iisa pa rin ang laki tulad ng dati. Para akong naglalapag ng mga baraha, sumusugal sa walang katiyakan, lalo ngayong wala na si Tatay Domeng.

Nabigla ako nang sumirit ang malakas na puwersa ng tubig mula sa hose.

**Tanggalin at iligpit muna ang anomang palamuti**

Bago linisin at pakintabin ang labas ng dyip, kailangan na munang unahin ang loob nito. Masasabing ito ang pinakamabilis at magaang linisin sa lahat. Hindi kasi tulad ng mga pribadong sasakyan gaya ng kotse at van na mas sensitibo ang tekstura ng mga upuan at sahig nito.

Hinahawan ang mga palamuti upang mapalitan o malinisan lalo na ang mga kurtina at sapin ng upuan. Kasabay nito, pinupunasan ang mga hawakan ng pasahero, winiwisikan ng alkohol at kinukuskos ng tuyong diyaryo ang rear-view

at side mirrors upang matiyak na ligtas ang magiging mga biyahe, iwas-aksidente. Bagaman may mga brand ng panlinis sa mga salaming ito, sapat na ang tubig dahil mas matipid, mauusukan din naman ulit.

Tipikal na may mga dekorasyon o aksesorya ang loob ng dyip lalo pa 'yung mga tinatawag na 'patok'. Patok ang dyip kapag: marami itong abubot o kung ano-anong naka-display sa harapang bahagi ng upuan ng drayber; nagliliwanag ang dyip at may makukulay na ilaw sa gabi na nagpapatay-sindi ayon sa dagundong ng musikang nagmumula sa pangmalakasang ispiker na nagpapanginig at nagpapabingi sa mga pasahero; mahahaba ang magkabilang upuan na kalimitang labindalawahan hanggang labing-animan na tao sa bawat gilid; at ang trademark ng isang 'high end' patok na dyip ay, pagkakaroon ng de-hilang tali na magbibigay ng hudyat sa drayber at washer na may pasaherong kailangan nang bumaba.

Sa mga nabanggit sa itaas, hindi pa masasabing patok sina Bruha, Azul, at Kangkarot. Mas inuuna ni Tatay Domeng na manatiling nakakondisyon ang makina at malinis ang loob ng dyip. Pero, kung may isang dyip na maituturing na 'semi-patok', si Bruha iyon.

Palibhasa'y unang nabili si Bruha kaya marahil ito ang flagship na dyip nina Tatay Domeng at Nanay Orang. Paborito ko rin at pinakamalapit sa akin ang dyip na ito dahil maliban kay Tatay Domeng, maraming taon din na dinala ni Papa si Bruha noong hindi pa sila naghihiwalay ni Mama.

Kapag nililinisan si Bruha, maingat na tinatanggal at hinahawan ang mga kurtina na may burdang "God Bless Our Trip" na may kapalitang "God Loves You." Kulay berde si Bruha kaya naman iba't ibang uri ng kulay luntian na kurtina ang pinaghahalinhinan. May mga nakasabit din na maliliit na stuffed toys gaya ng bear, aso, cartoon characters, duwende, at marami pang iba.

Si Papa ang gumagastos sa mga mumunting aksesorya na ito. Nagpakabit pa siya ng maliit na bentilador sa gilid ng upuan ng drayber, de-hilang signal sa paghinto, kulay pulang ilaw sa mga sulok nito na animo'y gimikan ng mga batang jeprox, at hindi mawawala ang iba't ibang disenyo ng signboard na ipinapasadya pa sa kaniyang suking pintor sa Taytay, Rizal.

Lahat ng iyan ay ibinababa muna mula sa dyip upang maagiwan ang kisame nito sa loob, ang mga sulok at mga pinagkakawitan ng mga aksesorya habang si Nanay Orang ang bahala sa mga maaaring sabunin at banlawan. Mabilis naman na matuyo dahil ibinibilad sa initan sa likod-bahay.

Tandang-tanda ko pa noong Grade 6 ako, linggo-linggo kong pinapalitan ang mga nakadikit na karatula sa loob ng dyip. Lahat na yata ng kulay ay napagsama-sama ko na, pati ang mga font o estilo sa pagsulat ay naimbento ko at nakapagsulat na rin sa lahat ng uri ng papel mula sa pinakamanipis na typewriting, naging manila paper, oslo paper, kartolina, folder hanggang 1/8 illustration board.

Hudas not pay!!!

Pull 'd string 2 stop!!!

Barya lang sa umaga!!!

4.00 minimum fare!!!

Lahat ay may exclamation points. Hindi lang isa pero tatlo, tila may kulang kapag wala niyon. Binabalutan ko pa ng plastic cover o scotch tape para hindi ito mapunit, magusot at mabasa.

Uso na noon ang border, nilalagyan ko ng mga stickers na barbie, Disney princesses, hala-halaman na may stereotype na mga bulaklak, at kapag walang pera, ginuguhit ko ang mga stick na tao.

Inilalagay ko sa gilid o ibabang bahagi ang aking guhit na stick na tao: si Tatay Domeng; Nanay Orang, Tita Evelyn at ang kakambal ko, si Adjhong. Sa buong pagkabata ko na ginagawa ko ito, hindi naman ako kinausap nina Tatay Domeng at Nanay Orang. Hindi nila hinanap sa mga guhit ko sina Mama at Papa, maging ang iba ko pang kapatid maliban kay Adjhong.

Isang maulang tanghali ng 2002 nang abutan kong paalis na si Mama kasama ang apat kong kapatid. Inaasahan na may iyakan at pagpupumilit na isama ako sa kanilang pag-alis pero wala akong naramdaman. Nakatayo lang ako habang nagmamakaawa si Papa na huwag na kaming iwan ni Mama kasama ang mga kapatid ko.

Hindi ako gumagalaw sa aking kinatatayuan. Nakatitig lang ako sa mga ikinakargang mga gamit sa isang maliit na trak. Ang tagpong iyon ay kaiba sa mga napapanood na teleserye dahil hindi naman ako pinapili kung kanino ko gustong sumama.

Pabulong na nakikiusap si Papa kay Mama at sa huli'y wala na rin siyang nagawa. Buo na ang desisyon ng aking ina, buo na sila nang wala ako.

Ginugol ni Papa ang mga araw at gabi sa pagpapasada ng dyip. Kung araw ng pahinga o koding, nililinis niya ang dyip at dumadayo sa kabilang barangay para muling magpakalunod sa alak.

Oktubre 2, 2006, habang idinidikit ko ang mga bagong karatula, nag-abot kami ni Papa na may dalang isang bote ng Red Horse sa dyip. Malayo pa lamang natatanaw ko na siya sa side mirror pero narito na ako, bahala na.

Naupo siya sa may estribo habang lumilingon-lingon sa akin sabay tutunggain ang hawak na beer. Pasulyap-sulyap ako sa rear-view mirror ng dyip at nagkukuwaring may kinakalikot sa mga karatulang naidikit ko na.

"Hoy! Bakit wala ako d'yan sa drawing mo?" halatang tinamaan na siya sa iiinom niyang alak. Maraming buwan na gabi-gabi siyang nagpapakalasing at ayaw niyang umuwi sa dati nilang bahay ni Mama. Mas naging tulugan niya si Bruha.

"Hi-hindi na po kasya e." kinakabahan kong tugon.

"Magaling ka palang mag-drawing!" puri niya sa mga karatula ko. May katiting na tuwa naman akong nadama dahil wala rin kaming koneksiyon ni Papa. Hinihingian ko lang siya ng baon minsan, hanggang doon lang.

"Halika rito, tabihan mo ko," yaya niya sa akin na maupo rin sa estribo. Alangan ako kung lalapit ako o kakaripas ng takbo pauwi ngunit ayokong magalit siya, natatakot ako sa kaniya. Dahan-dahan akong naupo.

"Huwag kang matakot sa Papa," sabay gulo niya sa aking buhok. Amoy na amoy ko ang alak sa kaniyang hininga at mainit na rin ang kaniyang balat, hindi pangkaraniwan. "Wala e! iniwan na tayo ng Mama mo, sinama pa ang mga kapatid mo."

May pait sa tono, pait na nagmumula sa nainom na niya at sa karanasan ng pagkasira ng tahanan dahil sa mga bisyo. Nagsisisi siya ngunit huli na. Hindi ko inaasahan na hahagulgol siya sa harap ko. Mahabang katahimikan, sitsitan lang ng mga kuliglig ang maririnig.

May tumulong isang luha sa mata ko. Iyon na rin ang huling pagpapalit ko ng mga karatula sa dyip. Mas naubos na ang mga bakanteng oras ko sa estribo, kasama na si Papa.

**Walisan ang loob ng dyip**

Iniiwasan nina Tatay Domeng at Papa na basain ang sahig ng dyip dahil kadalasang gawa ito sa metal at maaaring maging sanhi ng mabilis nitong pagkalawang na kalauna'y magpapanipis dito. Kaya, tamang anggulo ng pagwawalis lang simula sa likurang bahagi ng drayber, pagkatapos sa magkabilang

sulok, papunta sa gitna, papalabas sa estribo. Huwag kalimutang saluhin ng dustpan ang mga nawalis na kalat.

Samantala sa yugtong ito, palitan na ang garbage bag o plastik sa maliit na basurahan sa gitnang bahagi ng dyip. Kung kinakailangan, regular itong gawin upang hindi pamahayan ng mga ipis, gapangan ng daga, o langgamin ang basurahan.

Masarap na maupo sa sahig ng dyip kapag bagong walis ito. Kahit na segunda mano ang aming mga nabiling dyip, maaayos ang kalidad, may kintab at alaga sa walis ni Nanay Orang ang sahig ng tatlong dyip.

Dito ko niyaya ang mga kalaro ko na maglaro tuwing tag-araw at koding. Nauupo kaming nakapabilog. Kasama ko sina Adong, Arvin, at Pamela.

Anak si Adong ng mag-asawang networking sales agent na nagbebenta ng kape na nakapagpapagaling diumano ng mga sakit at nakapagpapabata. Si Arvin naman ay may nanay na titser at tatay na OFW kaya siya ang pinakamapera sa aming magkakaibigan. Isang yaya niya lang, may sigurado na kaming meryenda. Hindi mawawala si Pamela, anak ng isang pastor at maggugulay sa palengke.

Hilig namin ang paper dolls trading. May maliit kaming organisasyon ng mga tagapangalaga ng mga paper dolls. Si Pamela ang nagtatago dahil hindi siya paghihinalaan at tiyak na bubugbugin sina Adong at Arvin kapag nalaman ng mga magulang nila na hindi robot at baril-barilan ang hawak nila.

Perpektong lugar ang nakaparadang dyip para maging palaruan namin dahil mula sa labas, hindi kami agad matatanaw. Kung magkakabiglaan man, maitatago pa namin ang mga paper dolls sa isang kahon ng sapatos. Wala pang isang taon, napuno na namin ang kahon ng sapatos.

Iniingat-ingatan namin ang bagay na iyon. Tila treasure chest ito sa amin. Ito ang aming pinagkakasunduan at kinahihiligan. Para hindi kami magkapalit-palit ng mga paper dolls, pinapangalanan namin ang likod nito. May usapan na rin ang araw na magpapalitan o magsasaulian ng mga paper dolls. Lahat na yata ng klase at istayl ng paper dolls ay mayroon kami mula sa kulay itim na buhok at balat hanggang sa kulay ulap na mga buhok at kutis.

Nakumpleto na rin namin ang mga koleksiyon ng damit na ipinapatong sa mga paper dolls. Mula sa mga malalaking ball gowns hanggang sa mga modernong damit pati ang mga katernong bag at sapatos.

Nalilimutan namin ang oras kapag kaharap na namin ang mga paper dolls

na ito. Nagkakaroon pa nga ng dula-dulaan kapag napapasarap ang pagpapantasya namin na kami ay mga prinsesa sa Disney o karakter sa Bratz.

Kaya lang naudlot ang mga mala-fairytale na panaginip nang minsang naiwanan ni Pamela ang kahon ng sapatos sa ilalim ng upuan ng isa sa mga dyip namin. Baka nawala sa kaniyang isipan dahil naglambitin pa kami sa mga hawakan at estribo ng dyip. Nagpatalon-talon at humiga sa magkabilang upuan.

Koding si Azul noon, nagwalis si Nanay Orang at aksidenteng tinamaan ng walis ang kahon ng sapatos. Sinungkit niya ito at nang kaniyang alisin ang takip, bumulaga sa kaniya ang hindi mabilang na paper dolls. Iniisip niya na pag-aari ito ng mga batang babaeng naglalaro ngunit nang makita niya ang mga pangalan sa likod ng paper dolls, agad niya akong tinawag.

"Bakit ka naglalaro ng paper dolls?" kalmado ngunit seryosong tanong ni Nanay Orang. "Ang dami nito, mayaman na si Aling Chareng sa kabibili ninyo sa kaniya ng mga paper dolls."

Naputol na ang dila ko nang mga oras na iyon. Kinakabahan ako, paano kung isumbong niya ako kay Tatay Domeng? Paano kung komprontahin ni Nanay Orang ang mga magulang nina Adong at Arvin?

Hindi ko alam ang magiging reaksiyon, napangunahan na ako ng takot kaya napaiyak na lang ako. Malalang hagulgol na may pagsinok pa.

"Gusto mo ba ito?" tanong niya.

Tumango lang ako at ni hindi ako makatingin sa kaniya. Iniabot niya sa akin ang kahon. Inakbayan ako ni Nanay Orang at kinantahan:

*"This boy is turning to a woman and I thanked you for the tenderness last night…"*

**Basain, sabunin, at banlawan ang kaha ng dyip**

Ito ang huling yugto ngunit ang pinakamahirap na bahagi. Matagal ang iginugugol na oras dito. Sasabuyan mo muna ng tubig ang buong labas ng dyip. Maswerte kung may hose, malaking ginahawa na.

Magsimula sa bumper, tapalodo, at hood ng dyip. Bombahin ng tubig ang harapang bahagi ng makina upang matanggal ang mga sumingit na alikabok. Basain ang salamin sa harap, ang magkabilang gilid at ang mga gulong.

Ilublob ang foam sa timba ng tubig na may tinunaw na sabon-panlaba. Ikuskos sa bawat bahagi at sulok ng kaha ng dyip. Tiyakin na walang matulis na bagay o hindi brush ang ginagamit upang hindi magkaroon ng gasgas o tuklap ang

pintura o panlabas na disenyo ng dyip.

Ihuli ang mga gulong na sabunin. Ang gitnang bahagi ng gulong o wheel rims ay maaari nang gamitan ng kahit anong uri ng brush maliban sa steel brush dahil nakakasugat ito ng gulong at nakagagasgas sa bakal. Idamay na rin ang mga goma at ang mga sulok-sulok nito dahil may mga nakasingit na mga dumi o maliliit na bato.

Isa o dalawang beses ko rin naranasan na magsabon at magbanlaw ng kaha ng dyip. Masakit talaga sa katawan at mainam kung may iba pang kasama na gagawa nito. Sa pambihirang pagkakataon, nakapa ko rin ang kapal ng isang kaha. Lagi akong namamangha na malapitan itong makita at mahawakan.

Sa tatlo namin na dyip, magkakaiba ito ng tekstura ng pintura, may glossy, matte at magaspang. Hindi na muli akong malapitan na nakahawak ng kaha ng dyip simula nang naibenta si Kangkarot dahil lagi na itong nasisira kaya minabuti na ipagbili na lamang sa junkshop.

Si Azul naman ay na-expire na ang prangkisa at hindi na naasikaso ang mga papel dahil may kamahalan din. Kailangan mabilisang ibenta dahil nagkasakit si Nanay Orang na sa kasalukuyan ay wala nang natatandaan, gumuguho na ang kaniyang mga alaala.

Si Bruha naman ay kailangan din na ipagbili hangga't maayos pa dahil may pagkakataon na sinusumpong na rin ng pagkasira. Sa maagang pagkamatay ni Papa dahil sa pagputok ng isang ugat sa kaniyang utak, nagpaalam na rin si Bruha sa aming buhay.

Marami na ang nangyari sa nakalipas na sampung taon.

Noong nakalipas na taon, hindi na maalala ni Nanay Orang ang pagkakaroon namin ng mga dyip noon. Kinukuwentuhan ko siya at taimtim siyang nakikinig. May mga pagkakataon na may mga piraso siya ng gunita sa mga dyip ngunit kadalasan, wala na.

Nakatulala na lamang si Nanay Orang at nanonood ng telebisyon hanggang sa napabalita ang phase out na plano sa mga tradisyonal na dyip. Tiningnan ko ang kaniyang mukha, may luha at bagaman hindi na makapagsalita, alam kong tutol siya rito. Kaya, maging ako man ay hindi sang-ayon dahil sina Bruha, Azul, at Kangkarot ay mga sagradong sisidlan ng mga sandali ng lihim na pagkatuwa, lihim na pagtanggap, at lihim na pagkatuto sa buhay.



Si **Roda Tajon** ay katuwang na propesor sa Faculty of Information and Communication Studies (FICS), Unibersidad ng Pilipinas Open University. Nagtuturo siya ng mga kurso sa teoryang multimedia, araling kasarian, kulturang popular, at komunikasyon sa 'di-gradwado at gradwadong antas. Noong 2023, napili ang kaniyang mga sanaysay bilang pinakamahusay na sanaysay sa Gawad SWF at Gawad Monico Atienza.

# Panindim

## I

NAKAHIMPIL ANG MGA BARIL sa dingding habang ang mga sundalo ay may kani-kaniyang puwesto. May nagduduyan, may nakaupo't nakabukaka sa sahig, may nakatayo at nagse-cellphone, at may mga nakasibilyan, naka-shorts nakapamewang, at may hawak na digi-cam. Nagulantang 'ata sila nang may apat na tao na bumungad sa gate ng puneraryang ang pangalan ay hango sa isang bulaklak na madalas ialay kay Birheng Maria.

"Asinokayo?" tanong ng isang sundalo, matatas siyang mag-Ilokano, palagay ko'y magkukuwarenta na siya pero hindi na mahalaga 'yon, basta ang mukha niya, mas bata lang ng ilang paligo kay Jovito Palparan. Demonyong nagkatawang tao.

"Ay sir, naggapukami ti human rights organization…" magalang na sagot ko. Pumulas ang mga sundalo't nagsisisugod papunta sa amin. *Keywords: human rights.*

Kilala ko ang kausap ko. Si Sgt. Mokong, tagapagsalita ng Civil Military Operations (CMO) ng isang batalyon ng militar na nakaestasyon sa Ilocos Sur. Kilala rin niya ako. Sa ilang okasyon, nagkita na kami ngunit hindi ko kailanman tinatanggap ang pakikipagkamay niya.

"Ay sika gayam, gayyemko!" Tinawag niya akong kaibigan, *gayyem*, akala mo'y *close* kami. Saka siya nagsimulang magtanong. Paano raw namin nalaman? Bakit kami pa ang nauna sa halip na pamilya? Kilala raw ba namin sila?

“Adda ngata man plano dagiti kakaduadan,” ano namang plano ’yan at sinong kasama ang tinutukoy ni Sgt. Mokong?

Umaambon na noong hapong iyon, at habang papaulan na, ni hindi man lang kami inalok na pumasok ng mga damuho. Siguro’y nasa trenta nang sundalo ang nagkumpulan sa harap namin. Parang may picket tuloy sa harap ng punerarya. May dalawa o tatlong may hawak na digi-cam na lantarang kinukunan ang dramatikong pagdating namin, samantalang sa gilid-gilid, may dalawa pang nakasibilyan na kumukuha. Ayos, apat laban sa trenta!

Hinanapan kami ng papeles bilang patunay na lehitimo kaming kinatawan ng pamilya. Wala akong dala ni anoman. Sagot ko naman, saang batas nanggaling ’yang kailangan naming magpaalam at magpakita sa inyo ng pruweba na human rights group kami?

Natanga sila, siguro nag-iisip kung anong batas nga ’yan. Sagot ng isang kasama ko, “patay naman na sila, wala naman na sigurong mangyayari dito.” Lalo pang napakamot ng ulo si Sgt. Mokong.

“Saka bakit n’yo kami kinukuhanan ng picture? ‘yan, ‘yan ang bawal sa batas!” dagdag ko pa kahit unti-unting nanghihina na ang tuhod ko. Wala pa naman talagang data privacy at wala pang konsepto ng pagba-viral noon, pero hindi ba’t paglabag pa rin ang pagkuha ng litrato nang walang paalam?

“Naninigurado lang kami na pinadala kayo ng mga kamag-anak!” sagot ni Sgt. Mokong.

*Aanhin ba namin ang mga patay?* Mahaba-habang usapan pa at lumalakas na ang ulan.

“Maawa naman kayo sa amin, umuulan na tapos di n’yo man lang kami papapasukin?”

“Oo sige,” anila. Magkaibigan naman daw kami at para di raw namin isipin na masasama sila at mga pasista sila. Baka raw mag-rally kami.

Hindi nga lang kami makapasok sa mismong lugar kung nasaan ang mga patay. Nasa bungad lang kami ng silid kung saan may sapat lang na silong. Maluwag ang looban ng punerarya, nakasalansan ang mga kabaong kaya hindi matukoy kung alin doon ang tatlong hinahanap namin. Nagtaka kami, ayaw pa rin kaming papasukin ng taong nagsasabing kaibigan namin sila.

Tinanong namin, naka-kabaong man lang ba sila. Sabi ni Mokong, oo raw. Ano raw bang tingin namin sa kanila, walang awa sa mga patay. Sagot ko, e

’di baka naman p’wede naming makita na. Matiyak lang na maayos sila at kahit paano’y may dignidad.

Sumagot si Sgt. Mokong (siya lang naman ang nagsasalita sa kanila): hindi raw kami puwedeng pumasok kasi hindi naman daw kami kamag-anak. Kesyo kailangan daw naming magpakita ng papel, at kailangan daw ’yung mga kamag-anak ay magpakita rin ng patunay na anak o kapatid, o may kaugnayan sila sa mga namatay.

Nayamot na si manang L, tuya niya sa Ilokano: “Kung gusto n’yo, inyo na ’yang mga bangkay, hanggang mabulok sa inyo! Isaksak niyo sa baga n’yo!”

## II

Tagaktak ang pawis ko kahit katatapos pa lang ng ulan. Galing ako sa Vigan at papunta na sa Santa Lucia para sa ikalawang araw ng pag-aayos namin para maiuwi ang mga labi. Dalawang oras ang biyahe. Mainit ang alimuom kaya nang tumigil ang mini-bus sa Candon bus stop, nanunuot ito sa kaibuturan ng aking balat. Humahangos ang dibdib ko kahit nakapirme ako sa kinakalawang na upuan at butas nang upholstery ng kakarag-karag na bus. Kung gaano kabilis magpatakbo, gano’n naman katagal umalis kapag naghihintay ng pasahero. Sumilip ako sa cellphone ko at saka bumuntong-hininga. *Walang nagtext.*

Kanina lang, hindi magkamayaw ang cellphone ko sa katutunog. Eskandalosa ang ringtone ko at tuwing may tumatawag – kaopisina, mga nanay, kapatid, tatay, masa sa baryo, at kung sino-sino pa – para tanongin kung kumusta “sila” at kung puwede nang bumisita. Bumubulwak ang dugo sa loob ko, parang ako ang nabaril at nagtamo ng tatlo, apat, o limang bala.

At ngayon, sandaling katahimikan. Ang tanging maingay ay ang pagsasalimbayan ng busina, nagtitinda ng mani, nagtitinda ng tubig, nagtitinda ng kalamay, nagpapahayag ng salita ng Diyos, at ang utak kong kanina pa ’di mapakali sa maraming tanong. *Saang kamay ng Diyos ako maghahahanap ng sasakyan, tatlong sasakyan, para maiuwi ang mga bangkay? Saan kukuha ng gagastusing panlamay at panlibing? Saan hahagilap ng ibibigay na abuloy sa pamilya? Saan ako kukuha ng sariling pamasahe para puntahan ang tatlong lamay na gaganapin sa Bangui, sa Abra, at sa Caloocan?* Isang daang tanong ang tinatanong ko sa isip, pero wala akong maisagot. Natanga ako saka napatingin sa simbahan. Matagal na akong ’di nagdarasal. *Cliché* pero sa

panahon ng krisis, hindi ba't ang nilalapitan ay Diyos. *Diyos ko!*

Pagbaba ko sa palengke ng Santa Lucia, sinalubong ako nina manang L, manang A, at mang V at saka kami muling nagpunta sa punerarya.

Sa pangalang araw, wala si Mokong at mukhang tatamad-tamad ang mga sundalo. Sa wakas! Para kaming mga dagang mabilis na sumugod dahil walang bantay. Nakausap namin ang may-ari ng punerarya na isa ring politiko at malugod niya kaming niyaya sa opisina niya. Aniya, wala namang kaso sa kaniya ang tumulong sa namatayan, kaya lang, hanggang doon na lang talaga ang maitutulong niya at hindi na niya mahahanapan pa sila ng sasakyan pauwi sa kanilang mga bayan. Sabay sabi sa akin na kausapin ko raw si "manong" baka sakaling magawan ng paraan na matulungan ng kapitolyo. Wala pa si Sgt. Mokong noon at marahil, mas gugustuhin na nga lang ng mga sundalong nakabantay na humilata sa mga duyan nila at mag-text kaysa bantayan pa kami. Aanhin nga naman nila ang mga patay na? Hindi na nila kami pinansin nang dire-diretso kaming pumasok sa punerarya.

Pagkatapos, ipinakita niya sa amin kung nasaan ang tatlo: nakasilid na sa kabaong. Binuksan niya ang mga kalahating bahagi: si Ka Maria, Ka Rex, at Ka Jose. Kakilala ko si Ka Maria dahil dati namin siyang tinulungan sa gawa-gawang kaso sa kaniya. Dati siyang bilanggong politikal, dati rin siyang manggagawang simbahan.

Iyong dalawa ay hindi ko kilala. Hindi ko matukoy kung sino sa kanila si Ka Rex at Ka Jose. Malalaman ko sa kanilang pamilya na si Ka Rex ay magsasakang taga-Abra; samantalang si Ka Jose, isang kabataang nasa lampas dalawampu at taga-Maynila. Di-umano, nagkaengkuwentro sa burol ng Santa Lucia at silang tatlo ang napatay, isang tanghali ng Hulyo. Sa clearing operation, mga sundalo ang nagdala ng mga bangkay nila sa isang punerarya sabay anunsiyo sa radyo na may nangyaring engkuwentro at ibinabalandra ang tagumpay ng Oplan Bantay Laya.

Itinawag ng aming kakilala sa baryo ang nangyari sa HR hotline – isang teleponong 24 oras na nakabukas at palaging nakaantabay sa anomang ulat ng paglabag ng karapatang pantao. Ang unang rumehistro sa akin, ang legal na pangalan ni Ka Maria na binanggit sa radyo. Tapos nagsimula nang mag-ring ang hotline at isa-isa ko nang nakausap ang mga kapamilya nila.

Pagkalipas ng maraming taon, matatanto kong nagkaroon ako ng matinding takot sa pagtanggap ng tawag, pero kaalinsabay nito ang pagkatakot ko

ring ma-lowbat o maiwan ang cellphone sa bahay o mawalan ng cellphone, maski isang araw.

Nagsindi kami ng mga kandila sa tabi ng mga kabaong. Sa paraang 'yon man lang ay makapagbigay-galang kami at makapag-alay ng kaunting panalangin.

Ilang minuto pa at dumating na si Sgt. Mokong.

Binati niya kami at nagsimula na naman siyang maglitanya tungkol sa mga "front" na organisasyon. Una niyang kinausap si manang L na bumara sa kaniya kahapon, kaya lang, nakahanap ng dahilan si manang L para layasan siya, "mag-si-CR muna ako, sir!"

Sunod ay si mang V, na nilitanyahan niya ng tungkol sa organisasyon ng mga magsasaka, na ginagamit lang daw ng CPP-NPA ang mga isyu tulad ng pagtaas ng presyo ng tabako para magrekrut ng NPA. Hindi na lamang niya pinansin ang mokong.

Kating-kati siguro ang tumbong ni Mokong kaya tayo siya nang tayo at lapit nang lapit sa akin kahit na hindi ko siya pinapansin. Masyado naman kasing papansin, buti man lang sana kung guwapo, e 'di binigyan ko pa ng chance na kausapin; kaso mukha siyang kalyo sa paa – 'yung bitak-bitak na kalyo at may nanunuot nang putik!

Nang sa wakas ay nagpasya na kaming umuwi, lumapit muli si Mokong at tinanong ako habang naghihintay ng masasakyan. Bakit daw ba mga tulad nina Ka Maria lang ang tinutulungan namin e may human rights din naman daw ang mga sundalo. Sila pa raw ang nabibiktima at pinapatay ng mga NPA. Sino ba naman kasing nagsabing wala silang human rights?

"E 'di magpila po kayo ng kaso sa CHR," sarkastiko na ako, kung kailan naman kami uuwi, saka naman siya mag-eeksena. "Saka baka iniisip n'yo sir, kusa lang kaming sumugod dito. Tinawagan kami ng mga pamilya para magpatulong sa amin."

Siguro may umilaw na bumbilya sa natuyo na niyang utak at tinanong niya ako: puwede rin daw bang magpatulong sa amin ang mga sundalong napatay ng mga NPA? Puwede raw bang makuha ang number ko?

Sagot ko, "Okay lang sir, basta sila mismo 'yung lalapit at pupunta sa opisina namin!"

Nagitla siya at napaisip nang ilang segundo. "Paano sila pupunta sa inyo, e patay na sila?"

*"Intayon!"* yaya ni manang A. Bago pa niya ako ulit kausapin ay pumara na kami ng mini-bus papunta sa kabilang munisipyo. Hindi ko siya nilingon.

**III**

"Mangankayo pay, 'ne, adda nabati a tambo-tambong ken patupat dita," alok ni padi sa amin. Sinuklian ko sila ng ngiti ni manang, ang asawa niya.

Nakituloy muna kami sa isang simbahan at doon nagpalipas ng pagod. Sa mga ganitong panahon, ang una naming naisip ay magpahinga. Nakakaubos ng lakas ang makita at makasalamuha ang isang platoon na sundalo, idagdag pa ang mga ubod ng atribidang tagapagsalita nilang si Mokong.

Kuwento ni padi, narinig daw nila sa radyo na may "human rights, human rights" daw nag-aasikaso sa pag-uwi ng mga napatay sa engkuwentro. Special mention daw ang pangalan ko ng isang Sgt. Mokong mula sa isang organisasyon ng human rights sa Ilocos sabay sabing "front" daw kami ng NPA o New Peoples' Army. Pareho kaming natawa sa "front" na 'yan. Sabi ni padi, wala na talaga silang ibang maisip. Sagot ko naman, linggo-linggo na nilang ginagawa 'yan kasi nga may programa sila sa radyo.

Isang beses, nagkakilala kami ni Sgt. Mokong sa isang porum sa kapitolyo ng Ilocos Sur. Ang linyahan niya sa akin, mag-ingat daw ako sa human rights na 'yan dahil ginagamit lang daw ako ng grupong ito – kesyo sayang daw ang pinag-aralan ko, kesyo may kumukontrol daw sa mga organisasyon namin (kung anoman o sinoman 'yang sinasabi nilang kumokontrol, hindi ko alam). Magalang ko siyang sinagot na ginagawa ko lang ang trabaho ko at tinutulungan lang namin ang mga pamilya at komunidad na apektado ng mga operasyon nila. Tapang-tapangan ako sa pagsagot sa kanya kahit sa totoo lang, basang-basa na ang kili-kili ko kahit pa aircon ang conference hall sa kapitolyo. Makailang-beses na akong binati ni Sgt. Mokong sa programa niyang Timek ti Soldado, tinawag pa akong kaibigan, sabay paalalang mag-ingat daw sa amin ang mga komunidad baka raw 'yang human rights-human rights na 'yan ay prente lang para mag-rekrut ng mga "sasampa." *Saan?*

Tanong ni padi sa amin, kailan darating ang pamilya. Kinabukasan, 'ka ko. Wala pang tiyak na oras pero sigurado naman na ang pagdating nila dahil nakahanap na raw ng sasakyan ang pamilya nina Ka Maria at Ka Rex. Samantalang

ang tatay at kapatid naman ni Ka Jose, magkokomyut lang.

Pareho-parehong walang kakayahan ang pamilya ng tatlong pulang mandirigma. Marahil, mas malapit ang ugnayan ng mga tao sa probinsiya kaya kahit walang sapat na rekurso, magtutulungan sila at mahahanapan ng paraan ang mga bagay na tila imposible, katulad ng sasakyan. Iba ang kaso ni Ka Jose. Nakatira sila sa komunidad ng maralitang lungsod sa Caloocan at nang nakausap ko ang tatay niya sa cellphone, nakikiusap siyang kahit man lang sana ang sasakyan pabalik ng Maynila ang mahanap namin. Ultimo pamasahe, iniutang pa nila para lang masundo ang labi ng anak na hindi nila nakita ng ilang taon.

Kung tutuusin, hindi na ako bago sa gawaing ito, subalit sa tuwing nangyayari ang ganito, paulit-ulit akong nangangapa at naghahanap sa mga bagay at pakiramdam na imposible katulad ng ginhawa at kapatanagan. Sa pagsagot pa lang ng mga tanong ng pamilya, wari'y humuhugot ako ng mga salita sa hangin.

"No apay gamin a di pay la a nagawid idi nakaruar iti pagbaludan…" Kung bakit nga ba raw umalis pa siya at hindi pumirmi noong nakalaya siya mula sa bilangguan. Sa tawagan namin ng nanay ni Ka Maria, naririnig ko ang paghikbi niya. Madalas, natutulala ako at walang masabi.

Bumuhos ulit ang ulan sa dapithapon. Ang sabi nina padi at manang, sa kanila na kami
matulog kaysa umuwi pa. Mas ligtas daw kung doon na muna raw kami mananatili. Siguro'y gawa ng matinding pagkahapo sa maghapong pakikipagbuno, nakatulog ako nang mahimbing.

## IV

Tinatapik-tapik ko lang ang balikat ng nanay ni Ka Maria habang niyayakap niya ang kabaong kung saan nakahimlay ang kanyang anak. Malakas ang dung-aw niya. Ipinagsigawan niya ang lahat ng sama ng loob sa naging pasya ni Ka Maria, sa mga pangarap na iniwan niya nang makapagtapos sa seminaryo, at sa mga pagkakataong mamuhay nang tahimik at naglilingkod sa Diyos sa halip na lumahok sa digmang-bayan.

Natutuhan ko nang pigilin ang luha ko. Hindi na ako naiiyak sa mga ganitong tagpo. Namanhid na nga ba ako? Nawalan na ng pandama? Umaasta akong matatag sa mga panahong bumabaha ng luha at umaalingawngaw ang

pagluluksa. Gaya ng makapanindig-balahibong takot sa mga sundalo, naibulsa ko na ata ang idea ng lungkot at luksa.

Sa may pintuan, naroon ang ate ni Ka Maria, at iba pang mga kamag-anak at kinakausap ng mga sundalo. Isang barangay ata silang nagbiyahe mula sa malayong munisipyo sa Ilocos Norte lulan ng isang dump truck na ipinahiram ng local government unit (LGU). Nang kumalma ang nanay at pansamantalang naupo sa tabi ng kabaong, nilapitan ko ang ate at nagtanong kung ano ang plano nila sa biyahe. Inirapan muna ako ni ate saka mahinang sinabing bibiyahe na sila sa loob ng ilang oras kaya kailangan nang ayusin ang mga papel. Sakto rin namang dumating ang mga pamilya ng dalawa pa, nina Ka Rex at Ka Jose kaya isahang punta na lang sa munisipyo.

Tahimik lang kami sa buong oras na nagpapapirma sila ng mga death certificate at travel order. Nagtatantiyahan nga ba sila sa mga tinginan nila? Walang mga salita kundi nangingiming tinginan lang. Ang hindi matahimik, ang mga usiserang nagtatrabaho sa munisipyo at mga pulis.

"Paano n'yo nalaman? Sino ang nagsabi sa inyo?"

"Alam niyo ba na ganyan sila noon pa?"

"Paano sila napunta dito sa Santa Lucia?"

"Dapat kasi hindi niyo na pinayagan!"

Tatango-tango o iiling lang sila. Nang hindi na siguro makapagpigil ang tatay ni Ka Jose, siya na ang sumagot. "Hindi ko alam na ganyan pala ng trabaho niya. Tumatawag naman kasi siya paminsan-minsan saka bumibisita," sagot niya, "mabait na bata 'yang anak ko. Mahirap kami pero hindi masamang tao ang anak ko." Kalmado si tatay kahit maririnig sa tinig niya ang namumuong galit. Natanga ang mga usiserong empleyado. Sa gilid, may mga nakasibilyan na panakaw na kumukuha sa amin ng litrato gamit ang digi-cam.

Hapon na at sa wakas, handa nang umuwi ang dalawa – sina Ka Maria at Ka Rex. Dumating si padi at nag-alay siya ng panalangin para sa mga patay, saka sila isinilid sa kani-kanilang mga dump truck. Isa-isa na ring nagsisakay ang mga kamag-anak nila.

Nagtitinginan kami ng nanay ni Ka Maria. Dati-rati, nagpapang-abot kami sa bilangguan sa tuwing binibisita namin si Ka Maria. Mailap si nanay pero pakonti-konti, nagkukuwento kung paanong gusto niyang umuwi na ang anak at makasama. Aniya, matanda na siya't ang inaasahan sana niyang makakasama

niya sa mumunti nilang tahanan ay si Ka Maria, nagsipag-asawa na kasi ang mga kapatid niya. Ngunit ngayon, isa nang malamig na bangkay at siya na magulang ang maglilibing sa anak.

Sa pamamaalam na 'yon, wala kaming mga salita para sa isa't isa. Isang sandali at malamig na yakap lang. Umandar ang mga trak at huling sumakay si nanay. Sabay-sabay na nagsi-click ang mga digi-cam na parang ikinasang mga baril. Iyon na ang senyal upang umalis.

## V

Lumalalim na ang gabi at naghihintay pa rin kami ng milagro para matiyak na wala nang maiiwan sa punerarya. Ngunit wala pa ring sasakyang maghahatid kay Ka Jose sa siyudad. Mungkahi ng isang kasama, magpalipas na muna kami ng gabi sa simbahan, kina padi.

Wala ring pera ang opisina namin para sagutin ang higit sampung libong gagastusin sa biyahe papuntang Maynila. Ni hindi nito kayang regular na magpasahod. Mayro'n kaming maliit na allowance mula sa pana-panahong pagkayod sa mga proyektong sosyo-ekonomiko saka sa pagso-solicit. Puro raw kami solicit. Kaya wala sa hinagap na masasagot namin ang pamasahe para ipahatid ang bangkay at kapamilyang sasama.

Tiyempong sasang-ayon na ako nang nakatanggap ako ng tawag mula kay manong. *May himala!* May nahanap na raw na drayber at sasakyan – ambulansiya. Kailangan na lang gasolinahan at pakainin ang drayber. Ilang minuto pa, tumawag muli si manong. Aniya, mayroon nang pondo – kunin na lamang ang mga donasyong nakalap nila sa opisina niya. Handa na siyang maiuwi.

Ngunit itong si Sgt. Mokong, tila sinaniban na naman 'ata ng masamang espiritu at naging mas "palakaibigan." Imbes na maghanda na kaming umuwi dahil anomang minuto ay paparating na ang sasakyan, nilapitan niya si tatay at nakipagkuwentuhan. Hindi na namin napansin na na-korner na pala siya't kinuwentuhan, isa-isang kinukuhanan ng litrato ng mga sundalo.

At nang dumating na nga ang sasakyan, sinabihan ko na si tatay na kailangan na naming magbiyahe. Hindi pa rin natinag si Sgt. Mokong, lumapit pa rin, at daldal pa nang daldal, akala mo kapitbahay na tsismoso. Tatango-tango naman si tatay. Nang pagsabihan ko si Mokong na gabi na, se-segue, humanap na

lang daw ako ng ibang trabaho, 'yung hindi delikado. Ginagamit lang daw ako at baka mapariwara pa raw ang buhay ko sa kaka-human rights. Ige-guest na lang daw niya ako sa talk show niyang Timek ti Soldado saka magkuwentuhan daw kami, tutulungan daw niya akong "magbagong-buhay." Magbagong-buhay? Ano ba ako, kriminal? At ang pinakanakakadiri sa lahat, gusto raw niya akong maging ka-close at gawin pang ninong ng anak niya! Pwe! Sinagot ko siya, "sir, gabi na po, babiyahe na kami."

Dahil lampas alas-10 na ng gabi, wala nang pari o pastor na pupunta na liblib na punerarya para manguna sa panalangin. Hindi ako nagdarasal. Nakalimutan ko na 'atang may Diyos dahil kung may Diyos, bakit niya hinayaang manatili kami sa pusod ng kasamaan. Bakit para kaming mga kriminal at puganteng kailangang bantay-sarado at dumaan sa butas ng karayom para lang maiuwi ang mga patay na't walang laban? Na ang hiling lang ay maiuwi sa kani-kanilang pamilya at mabigyan ng disenteng burol at libing kahit pa itinuturing silang kaaway ng estado?

Tatlong araw na kaming nakikipagsapalaran, tatlong araw na ring naghahanap ng sasakyan, gasolina, drayber, at naglalakad ng papel. Sapat nang paghihirap 'yon para maiuwi ang mga napatay sa digmang bayan.

Nang gabing yaon, may kung anong puwersa na nagtulak sa akin na magdasal. Ako na, 'ka ko! Nag-antanda kami, nagdasal ng ama namin, aba ginoong Maria, at lualhati. Sinisilaban ang mga paa ko, ang katawan ko, parang nilalamon ako ng lupa habang nagdarasal. Akala ko'y nasa dagat-dagatang apoy na kami, sabay-sabay na flash lang pala 'yon ng mga digi-cam! Pambihira, pati pagdarasal, hindi man lang pinalampas!

## VI

Makailang-ulit pang nangyari ang mga ganitong tagpo. Paulit-ulit na pakikipag-agawan sa mga pulis at sundalo sa mga katawang hindi naman kanila, kahit pa ginawa nilang mga tropeo.

'Yung isa, kapatid ng isang malapit na kaibigan. Si B. Bata pa si B, halos 23 pa lang nang napatay siya sa engkuwentro sa Nueva Era taong 2009. Kuwento ng mga taga-baryo, nag-aalmusal daw sila nang mangyari ang labanan. Tatlo ulit silang napaslang. Dalawang taga-Abra, at si B, taga-La Union.

Hindi gano'n kahirap ang naging proseso ng pagkuha sa mga bangkay pero ang nagpatagal ay ang paghahanap na naman ng mga rekurso para maiuwi sila. Malayo ang Nueva Era, halos dalawang oras mula sa sentro. Gano'n pa rin ang kalagayan namin, butas ang bulsa at naghahanap pa rin ng mga tutulong para mabigyan nang maayos na burol at libing ang mga taong gano'n-gano'n na lang kung paslangin.

Ang pinakamahirap, marahil ay ang sabihin ang balita sa taong malapit sa akin. Paano nga ba sasabihin ang isang masamang balita? Walang tamang paraan. Walang tamang mga salita. Panghawakan ang sariling composure, kahit basag ang boses at nanginginig habang hawak ang cellphone. "Wala na si B…"

Dalawang araw din bago nakauwi sa kani-kanilang pamilya sina B at mga kasama niya. Ang dahilan, mabagal ang proseso ng paglalakad ng papel. Walang doktor na pipirma. Walang pulis na magbibigay sa amin ng travel order. Wala si ganito, wala si ganyan.

Pag-uwi sa opisina, dali-daling nagplano ang mga kabataan para magparangal. Ang totoo'y madali namang magparangal. Magdidisenyo ka lang ng programa, kausapin ang mga magsasalita at kakanta, at 'yon na, bubuhos ang luha. Pagkatapos, ililibing na't palaging nakalista ang pangalan sa mga paparangalan tuwing may pagtitipon. Madali lang. Gano'n lang. Para bang nagsimba ka lang, inilista ang mga pangalan ng taong ipagdarasal, at nagsindi ng kandila. Subalit paano kapag dumating ang panahong hindi na sila maalala ng mga susunod na henerasyon?

Nasanay na nga akong maging emcee noon, ang pangit ano? Doon pa talaga ako nahasa. Ganito ang mga linyahan

"Narito tayo, mga kasama, sa parangal ni __________. Nagpupugay tayo sa kaniyang kabayanihan at kabutihang inialay sa bayan. Palagi nating maaalala at ng masa si ____________ sa buhay niyang laan para sa tunay na kalayaan ng bayan."

Bumabaha na ng luha at hagulhol ang buong lugar, bukod sa akin. Sa parangal nga ni B, kahit anong antig ng puso ko, walang pumatak na luha. Ang nasa loob ko ay naiipon na galit at pait sa kabataang ninakawan ng buhay – sayang at hanggang doon na lang ang buhay niya. Ni hindi na siya tumanda't naranasan ang marami pang alok ng buhay.

## VII

Mabigat pa sa bundok. Hindi biro ang magpasya ng gano'ng buhay kaya napakasakit sa pamilya nila na 'yon na ang kanilang muli at huling pagtatagpo: malamig na bangkay na, kung minsa'y hindi na bubuksan ang kabaong dahil sa kalunos-lunos na inabot nila (ratratin ba naman ng bala ang buong katawan at mukha), iuuwi at oobligahin ang sariling pamilya na bigyan ng disenteng libing ang yumaong nagpasyang iwan sila sa kabila ng pagtangis at galit at pagmamakaawa na huwag na silang umalis. Buong puso silang nag-alay ng buhay hanggang sa huling hininga. Hanggang sa sila'y bumagsak sa lupang kanilang ipinaglalaban.

Mabigat pa sa bundok, ganyan kung ituring ang kanilang kamatayan. Bawat baril na nabitiwan, pack na naiwan, at mga pangarap ng isang bayang malaya, naglalaho sa tuwing may engkuwentro. Hindi naman talaga sila masasamang tao, *at least,* sa palagay ko. Sino naman ang hangal na magbubuwis ng kanilang buhay, iiwan ang pamilya't mga pansariling pangarap at buhay, para sa isang hangarin na tila dugo sa lupang kay daling burahin ng ulan o ng tubig mula sa irigasyon?

Lampas isang dekada na nang magpasya akong lumipat at magbago ng gawain. At sa panahon 'yon, pira-pirasong panaginip ang bawat alaala ng pagsusundo, paghahatid, pakikipaggiitan sa mga sundalo't pulis, at pagpaparangal. Kumusta na kaya sila? Sino na kaya ang pumalit sa akin sa gano'ng gawain.

Marami pa akong nababalitaang katulad ng nangyari kina B, Ka Maria, at iba pa. Hindi ko kilala pero sa pareho o karatig na mga lugar. Nakararamdam ako ng lungkot at pagkabalisa paminsan-minsan ngunit walang luha. Tinanggap ko na nga ba ang realidad ng digmaan, lalo na ng matagalang digmang bayan?

Sa araw ng mga puso, ilang araw bago mag-lockdown, nagpadala ng mensahe ang isang kaibigan: "Nabalitaan mo na ba?"

"Ang ano?" Sagot ko naman.

"Yung ano…yung balita sa Facebook."

"Ano nga 'yon?!" Naiirita kong sagot sa kaibigan.

"Si F…" saka niya ipinadala ang link ng isang website ng lokal na estasyon ng radyo sa Ilocos Sur. Doon ko nga nakumpirma ko ang balita. Hindi na dapat ako magugulat sa nangyari. Ang sabi nga ni F habang binibiro ko siyang huwag siyang tatanga-tanga sa dilim at baka madulas siya sa bangin, bahagi ng digmaan ang kamatayan. Subalit, gayon nga ba kaaga ang pagkasawi sa digmaan?

Si F sapul ng dalawa pa niyang kasama ay napatay daw sa "engkuwentro." Sa website, sa social media, naroon ang nakahandusay nilang mga katawan, duguan, gimbal ang mukha, walang blur o takip. Ayon sa balita, tatlo lang sila na nakipagsagupaan sa mismong bahay ng masa. Ang nakapagtataka, sabi ng may-ari ng bahay sa ulat, wala silang narinig na palitan ng putok. Ni wala silang naramdaman na nangyari. Paano sila napatay? Bakit parang tokhang ang pattern ng pagkamatay nila?

Napabalikwas ako sa inuupan ko. Nasa opisina ako nang tanghaling iyon, opisinang mayroon nang pasahod at malayo-layo na sa dati kong gawain.


Binabasa ko ang balita nang paulit-ulit, hinahanap ang mas malalim na detalye ng mga pangyayari. Malapit na kaibigan ko si F. Naging katrabaho ng ilang taon bago siya magpasya para sa sarili niya na tanganan ang sa palagay niyang pinakamataas na porma ng pakikibaka. Mabuti siyang kaibigan, isa siya sa mga nagpaalala sa akin sa kabuluhan ng pagiging aktibista sa kabila ng napakaraming hamong dala ng landas na ito sa buhay at seguridad. Si F na makailang-beses ding sumama sa mga pamilya ng mga napaslang na pulang mandirigma at katuwang na nagbigay-suporta, mabawasan man lang ang hapdi ng pagluluksa.

Kung noon, kakaripas ako, magsisimula nang magtawag ng mga tao, magpaplano, at magpapatawag ng pulong. Mabilis pa sa alas-kuwatrong maglilista ng mga kailangan para mabilis na maibiyahe ang mga napaslang. Subalit sa panahong yaon, nakadikit ako sa upuan, hindi makatayo, walang mga salita, walang magawa.

Tinanong ako ng kaibigan at katrabaho ko kung ano ang nangyayari.

Sa unang pagkakataon sa loob ng maraming taon, sumabog ang luha sa mga mata ko.

# Tulang Pambata



# P ay Pandemya, Paghilom atbp.

## mga tula para sa bata

Nagtuturo ng Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa De La Salle University-Taft, Manila si **Vijae O. Alquisola**. Tinapos niya mula sa Unibersidad ng Pilipinas ang kaniyang PhD sa Panitikan.

Kinilala siya bilang isa sa mga *Natatanging Anak ng Sampaloc, Quezon* noong 2017 para sa kaniyang kontribusyon sa sining at kultura. Nang sumunod na taon, ipinagkaloob sa kaniya ang *Gawad Gat Uban o Natatanging Anak ng Mauban, Quezon* para sa Tula.

Nagkamit na siya ng pagkilala mula sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature para sa kaniyang Tula (2014) at Tula para sa mga Bata (2014, 2016) at parangal mula sa Komisyon sa Wikang Filipino para sa kaniyang sanaysay tungkol sa oyayi (2017). Nailathala na rin ang kaniyang mga tula at artiulo sa iba't ibang journal sa bansa.

Siya ang awtor ng sumusunod na aklat ng mga tula: Sa Mga Pansamantala (UST, 2017), Awit ng Bakwit: Mga Tula para sa Bata (Sentro ng Wikang Filipino-UPD, 2019) at Sa Tuwing Ikaw ay Tahimik (Likhaan at UP Press, 2022).

Naging finalist siya sa sumusunod na patimpalak noong 2018 para sa aklat na *Sa Mga Pansamantala*: Gintong Aklat Award, Madrigal-Gonzalez First Book Award in Filipino, and National Book Award. Nakamit din niya ang DLSU St. Miguel Febres Cordero Research Award dahil sa naturang aklat. Ngayong taon, natanggap niya ang kaniyang ikalawang DLSU St. Miguel Febres Cordero Research Award para sa kaniyang aklat na *Sa Tuwing Ikaw ay Tahimik*.

## PROTOCOOL

Narinig ko sa tv ang protokol.
Protocoal? Protocall? Protochol?
Hindi ko alam kung paano isulat.
Pero dapat sumunod daw ang lahat.

Pero kung ako ang masusunod,
tatawagin ko itong protocool.
Para lahat ng susunod ay cool,
lalo na sa online school.

## PAARALAN

| | | | |
|---|---|---|---|
| ngayo'y maliliit na bintanang | <u>O</u><br>[ ] | ngayo'y makukulay na kahong | <u>O</u><br>[ ] |
| nagsasalita<br>na-ag-sa-sa-li-i-ta | <u>O</u><br>[ ] | minsa'y<br>may mukha | <u>O</u><br>[ ] |
| tumatawa<br>tu-ma-a-ta-a-a-wa | <u>O</u><br>[ ] | biglang<br>mawawala | <u>O</u><br>[ ] |
| kumakaway<br>kuma-a-a-ka-wa-ay | <u>O</u><br>[ ] | muling<br>magpapakita | <u>O</u><br>[ ] |

# PAGLALARO SA PANDEMYA

Dahil bawal lumabas, bawal lumabas—
sumilip sa bintana, kumanta nang malakas!

Kung rinig mo ako'y sumigaw ng ECQ!
ECQ! Penge na rin ng banana-Q! Banana-Q!

Kung inip ka na ri'y sumigaw ng GCQ!
GCQ! Lagyan na rin ng sauce ng BBQ! BBQ!

Dahil bawal lumabas, bawal lumabas
Puwedeng sumayaw, kumanta nang malakas!

Isali rin si nanay, isali rin si tatay
Kasaling lahat ang mga nasa bahay.

Sumilip sa bintana, sabay-sabay sumigaw:
lockdown, lockdown ang daming Q!

ECQ! MECQ! GCQ! MGCQ!
Lito na a-Q! Lito na a-Q! I hate Q!

## PANTRY

Parang mahika ang community pantry.
Dala mong pandesal—magiging sitaw.
Bigay mong sardinas—magiging bigas.

Parang mahika ang community pantry.
Kahit wala pang maibigay, uuwing may gulay.
Kahit mag-isa—sa pila ay may karamay.

Parang mahika ang community pantry.
Munting kariton—naging kahon-kahon!
Isang tulong—sa libong puso'y umusbong!

## PAGHILOM

Layo-layo ang lahat

para maiwasang kumalat

ang virus na naging ugat

ng hindi paghalik, pagyakap

sa mga kaibigan at minamahal.

Sa paghilom ng mundo

sa lagnat, ubo at mga sintomas ng virus na ito:

muli tayong magsasama-sama.
Hawak-kamay o magkakaakbay
sa paaralan, palaruan o kahit saan.
Magkukuwentuhan. Magtatawanan.
Magkakantahan. Mag-iiyakan.
At kung sakaling matakot tayo
dahil mundo'y parang nag-iba:
iaabot natin sa kanya
ang ating mga kamay,
ngingiti, muling magpapakilala.

# Tula



Masayang nagtuturo ng sining at panitikan si **Dennis Andrew S. Aguinaldo** para sa Departamento ng Humanidades, CAS, UP Los Baños. Sa Los Baños din naninirahan kapiling ng mag-anak, bagama't pinalaki sa Makati ng mga magulang na tubong Rizal. Nagawaran siya ng digring Masterado sa Araling Pilipino ng Asian Center ng UP Diliman. Kinolekta sa aklat na *Shift of Eyes* ang kaniyang mga maikling kuwento, habang matatagpuan sa *Bukod sa maliliit na hayop*, at *Alamat ng Sepia* ang kaniya namang mga tula.

## *Disimpeksiyon*

Pinag-agawan ang time slot ng mga department:
Sino ang gagamit sa operating room?
Pagalingan ng diskarte ang mga chief nurse

Sa silid na alaga nila sa suob at U.V.
Habang balót sa tela ang bisturi,
Gunting, at iba pang instrumento
Upang lutuin sa autoclave,
Oras-oras at araw-araw,
Hanggang lumutong ang tela.

"Lumayas kayo sa OR" / "Sasabog ang ospital!"
Depende kung hepe ang dumikta o ang kanyang A.I.

Pahirapang makakuha ng malinis na tubig
Para sa tiyan at sugat—
Sa lagablab pa kaya ibubuhos ang mga patak?

(Sa Ingles, "teatro," kapwa ang digma at ang silid.
Bomba ang kaliwa nilang kamay,
Ayuda ang kanan.)
Balót sa asul na tarp ang mga katawan.

Samantala, patuloy ang autoclave
Dahil wala nang huhugot sa pagkakasaksak.
Isang sisidlan ng apoy sa puso ng apoy
sa lupain ng apoy. Hanggang ngayon,

Naroon pa ang autoclave, niluluto
Maging ang kaluluwa ng bulak.

## *Montagne de Bueren*

Maraming-maraming hakbang
Ang nagpataas nang husto sa hagdanan.
Gamit na gamit ito
At gitnang-gitna
Lalo nitong pininturahan ng watawat,

Sagisag ng lupaing winakwak
Ng mga ganid,
Kay hihilig sa dugo.
(May parehas na hagdang de kulay sa Paris,
Watawat na nakatitikim
Ng sari-saring dumi at suelas,

Sagisag ng lupaing pinipisat
Ng tangke at puting posporo.)
Ngunit buo ang hagdan
At ngayo'y makulay: Luntian,
Puti, pula, at itim.
Silang mga kulay ng lupaing inaabo,
mga bahay na pinapatag
Upang walang ano mang harang
Sa taginting ng buwan

Para sa kanilang wala nang naiwang landas
Kundi ang pumaimbulog sa pinakaitaas.

## *Banderitas*

Pula at puti,
itim at berde.
Pinili nilang isabit
ang mga kulay ng pakwan—
katas ng malayong pagdurusa

—para sa kanilang pista.
Naaalala kayo. May nakikiisa.
Pinakunan ang banderitas
mula sa ibabaw gamit ang drone

('yung mabait na tipo, kakampi).
Mawalang-galang, pero sa litrato,
mukhang niratrat ng mga riple
ang dambuhalang blusa.

Mula sa ibaba, sa kalsada,
marami ring kumuha paitaas
–masasayang lente, mga kakampi.

Patawad. Kanino mang anggulo,
Mukhang pinauran ng mga bala
Ang mapanakop na langit.

## *Bloke*

Maingay ang trabaho sa labas
maingay ang trabaho sa loob
ngayon-ngayon lang din ako nilubayan
at sumagi sa aking isip ang sumuko

hindi ko dinig ang malalayong bomba
kung saan hindi dinig ng babae
ang mag-ama na magdadalawang araw na
sa ilalim ng guho

tulog na rito ang anak
na mahilig sa lego at hindi tahimik
sa pagbuo man o sa pagkalas
naiwan ang mga piraso

sa kama at kumakagat sa gulugod
ngunit nagpatalo ako sa antok
tatanggalin ko na lang sa umaga
kung hindi pa sanay sa nakabaon.

## *Tolda*

Inaamag ang luwad
sa balumbon ng damit

sa ilalim ng bagsak na tolda     Daigdig
na tumanggap sa pambabaligtad

sa paglikha
Luwad na inaamag

sa pagitan ng mga daliri
sa balumbon ng damit.



# Kung Mayroong Pangangailangan sa Pangungulila

Nagtapos si **ANDRE RAMIREZ GUTIERREZ** ng BA Malikhaing Pagsulat sa Filipino at kasalukuyang kumukuha ng MA Asian Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Isa siya sa mga pinarangalan ng National Committee on Literary Arts - National Commission for Culture and the Arts (NCLA-NCCA) ng *2024 National Youth Achievement Award in Literary Arts.* Nagawaran na rin ng gantimpala ang kaniyang mga akda sa *Talaang Ginto: Makata ng Taon 2024* ng Komisyon sa Wikang Filipino, *Life UPdates 2022* ng Likhaan: UP Institute of Creative Writing, at *Sahaya: Timpalak Pampanitikan 2021*. Nailathala na ang kaniyang mga tula sa *Liwayway*, *Dx Machina*, *UP Sentro ng Wikang Filipino*, at iba pa. Naging fellow na rin siya sa iba't ibang pampanitikang palihan gaya ng 4th Saling Panitik, 2nd Cavite Young Writers Workshop, 7th Angono National Writers Workshop, at Palihang LIRA. Isa siya sa mga nagtatag ng Gadgad Press. Mababasa ang iba pa niyang akda sa www.andrergutierrez.com.

## Paramedik

Kung tama ang pagkakatanda ko, humupa
na ang kaba nang makarating sila sa ating
bahay, Mama. Ipinaubaya ka na namin sa
kanila, at wala kaming ibang nagawa kundi
maghintay nang maghintay nang maghintay
hanggang sa manuyot ang aming mga mata
bago pa man tayo makasakay sa ambulansiya.

Habang abala ang drayber sa pagmamaniobra
palabas sa ating makitid na eskinita, tumatarak
sa dibdib ko ang mga takang titig ng kapitbahay
na inuusisa ang pangyayari. Hindi tayo sanay
na mabigyang-pansin. Iwas ang mga paramedik
na kami'y diretsuhin, Mama, ngunit kutob na namin
ang kanilang sagot kahit hindi na namin sila tanungin.

## Bilín

Bago ka tuluyang traydorin
ng iyong mga alaala, ibinilin
mong nais mo ang mailibing
doon sa binili ninyong lote
sa may sementeryo sa Parañaque.

Ikinuwento mo sa akin noon
kung magkano ang buwanang
kaltas sa iyong sahod para lamang
may tiyak na lupa na kayong
mahihimlayan. Magastos

si Kamatayan, sabi mo, kaya
kahit nais mo naman talagang
maiuwi sa Bohol, mas imposible
pa ito sa imposible. Pinaghandaan
mo na noon pa ang hinaharap.

Narito na tayo ngayon. Walang
natupad sa mga planong
kay tagal mong inalagaan.
Ang tanging naging tiyak lamang,
magastos nga si Kamatayan.

## Tala

*An intergalactic message in a bottle, the Voyager Golden Record was launched into space late in the summer of 1977. In case an alien lifeform stumbled upon either of the spacecraft, the Golden Record would provide them with information about Earth and its inhabitants.*

Isang pagtatangka na pakawalan

ka sa kawalan
ng kalawakan

at umasa na mayroong gaya natin,

o mas higit pa, na makapupulot sa iyo.

Tangan mo ang mga talâ

ng kasaysayan ng sangkatauhan—itong

munti nating unibersong

nakakulong sa mga bersong maaaring

wala sa kanilang wika.

Kasama ang mga estrelyang

limot na,

bumubulusok mag-isa,

naghihintay nang naghihintay, paulit-ulit

na naghihintay habambuhay sa hinahanap,

sa hinaharap, kung darating man, kung mayroon man.

## Henerasyon

Nangungulila ka sa isang mundong
alikabok na lamang sa kasaysayan.
Hindi mo namalayan ang pagbabagong-
bihis ng mga panahon, ’pagkat kilala
mo lamang sila bilang mga taon kung
kailan nadaragdagan ang iyong edad,
ang edad ng mga kakilala, hanggang
sa unti-unting maubos ang iyong
mga kaibigan, hanggang sa ikaw
na mismo ang tuluyang mamaalam.
Bihag tayo rito sa hiram na buhay,
sabi mo, at babalik ang lahat sa abo
upang makapiling ang Panginoon, o
kung sinomang panginoon, na inalayan
natin ng ating mga dasal. Pinagtaksilan
tayo ng ating pananampalataya, ’pagkat
kung may makaaalala sa binuno nating
buhay, malamang, hindi ako, o sila,
o ikaw. Kung mayroon man, walang
makapagsasabi, walang makaaalam.



# Kung Babae Ka't Papatay

## at iba pang tula

Si **Will P. Ortiz** ay nagtuturo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman sa larangan ng Malikhaing Pagsulat. Nagkamit na siya ng mga parangal mula sa Palanca Memorial Awards at ang kaniyang aklat na *Bugtong ng Buwan at Iba pang Kuwento* (UP Press, 2011) ay nagawaran ng Madrigal-Gonzalez First Book Award, mga maikling kuwento ukol sa batang manggagawa. Nakatutok sa tinatawag niyang "kagila-gilalas na realismong bayan" ang kanyang mga panulat tulad ng *Ang Pagbabalik ni Maria Makiling Unang Aklat* (UP Press 2015), *Si Maria Makiling at ang Alamat ng Animas Anya* (UP Press, 2018), Ikalawang Aklat. Lumabas noong 2024 ang ikatlong serye ng nobela na may pamagat na *Ang Lihim ng Lagusang Dalem* (UP Press). Nailathala na rin ang kaniyang mga artikulo ukol sa panitikang pambata rito at sa labas ng bansa. Nakatuon ang kaniyang mga panulat at pananaliksik sa mga usapin ng bata, babae, bayan at ang kagila-gilalas.

## Kung Babae Ka't Papatay I

(Parang-malay-sa-kasariang reaksiyon sa
"Sanayan Lang ang Pagpatay" ni Fr. Albert Alejo)

Kung babae ka't papatay
Huwag kang hahapay-hapay,
Tumayo ka't manindigan
sugatang lumalaban sa digmaan.

Ngunit kung babae ka'y
Dapat may pakundangan,
Ang pagpatay, 'wag ipangalandakan,
Huwag kang tutulad sa kung sino riyan
na dahil pinutungan ng kapangyarihan,
Ang pagkatay ay ipinamamalita
lalo na't kung ang itinumba ay dukha.

Sabi niya nga:
Ganyan talaga ang buhay
Matira ang matibay
Tirahin ang walang malay.

Kung babae ka't papatay,
Huwag kang mag-iingay,
Magsino ka nang mahusay.
Hinay-hinay, basta kanunay.
Huwag kang basta lamang mamamaslang,
Tiyaking siya'y may sikmurang halang,
Buto'y 'singdilim ng burak sa imburnal.

## Kung Babae ka't Papatay II

(Gabay sa Paggutay; Pasintabi pa rin kay Fr. Albert Alejo
na 'di naman makababasa nito)

Ito'y ilang gabay kung ika'y papatay:

1. Huwag i-google ang "paano pumatay"
"nakalalasong kemikal o halaman,"
"paano putulan
ng preno ang sasakyan,"
Ay, may computer forensics, Inday!

2. Sa tag-init ka pumatay kaysa tag-ulan,
mabilis mabulok ang katawan
sa init ng araw sa Silangan.

3. Kung duct tape, tali, at plastic bag ay kailangan,
Bumili sa tindahang maingay,
at mga tao'y walang pakialaman,
Wala ring cctving nagmamanman.

4. Putulin mo ang kaniyang ulo't kamay,
Tanggalan ng ID at ibang pagkakakilanlan,
Kung 'di siya ma-identify,
tila walang bangkay,
E 'di, entoses, walang pumatay.

5. Kung 'di mo masikmurang maging halimaw,
Alalahanin na nang ika'y pinaspasan,
Itinuring kang baboy sa kulungan,
Itinali ang paa't kamay,
Tinuhog, sinarsahan,
Mamula-mulang balat, sinagpang
mansanas na pula, sa bibig pinasakan.
Nagpistahan sa bayan.
Nagdilim ang sangkalibutan.

6. Alagad ka na ba, isang tag-Busawan?
Kailangan mo'ng magpasya nang tuluyan.

7. Ang pagpatay ay 'di gawaing mabilisan,
Pagkat ika'y iluluwa sa nakangangang
Bunganga ng foolishman.
Ang naglalakad nang matuli'y tandaan
Dahil kapag natinik, bagsak ay kulungan.

8. Manaliksik, maghulo,
gumamit ng talino,
huwag magbubo ng dugo,
hangga't plano'y 'di buo.
Ang pagsila, gawing matino.

9. Kandaduhan ang puso.

## Kung Babae ka't Papatay III

(Ang Pagpapasya; Pasintabi muli kay Fr. Albert Alejo, huli na po ito)

Ngayong papatay ka na:
Isa pang mahalagang paalala
Huwag magtitira ni katiting na konsensiya
Upang hindi surutin ng kaluluwa.

At dahil babae ka, maging relihiyosa,
Makiusap sa Mater Dolorosa
Mahal na Ina ng Kinawawa
Samahan ka nawa ng Tagbusaw
At ang kaluluwa nila'y malusaw
At kung magbago ka ng pasya
Ipagdasal mo na sumalangit sila nawa,
Pisting yawa.

## Payo ng Aking Guyabano

Sumisikdo ang dibdib habang nakapila.
Nagmadali dahil nais mauna.
Nanlalamig sa aircon na hindi matimpla
ang temperatura.
Kinuha ang manipis na jacket
na itim
at isinuot habang nangangatal
sa lamig
na buga ng aircon.

Nakita ko ang sariling basket—
naroon ang guyabanong
waring nangungulila.
Paborito ito ng Inang.
Tinanganan ko ito hanggang
umabot sa kahera.
Sa wakas,
Ang guyabano'y aking
angkin.
May awiting
pamaskong pumailanglang.
Kung sana'y nabibili
ang katahimikan.

Umuwi akong kipkip
Ang guyabano
sa tapat ng aking puso.

Pagsapit ko sa tarangkahan,
Minasdan ko ang hinog
na prutas, maraming
pílat ang balát.
Pagkalapat
ng kandado ng pinto,

tatawagin ko sana
ang inyong pangalan.

Natigilan ako.

Binuntal
bigla ng pag-aakalang
naroon na kayo
sa kabilang ibayo.

Pumasok ako ng kumedor.
Inilatag sa mesa ang prutas
may sungot, may luntiang balát
may bahaging nangingitim.
Hiniwa ko ang guyabano,
Minasdan ito nang husto—
Maputi ang laman,
nangingintab ang maitim na buto.
Tikman, tikman, tikman, sabi nito.
Matamis akong
Bunga ng guyabano.

## Payo sa Pagluluto

Di dapat magdumali ang kutsilyo
sa paghiwa ng bawang.
Maninipis upang lumabas
ang lasa.
Lila ang kulay ng sibuyas
Di puti na kulang sa tapang.
Gayatin nang pino.
Kung matanda na ang ampalaya
Halukayin ang buto.

Kapag tumunog ang anumang distorbo
Tulad ng telepono,
bago buksan ang ref
upang kunin ang ibang sangkap,
Huwag magkandarapa.
Sinabi ko na ito,
Alam na nating darating ito—
Ang pamamaalam ng mga nahapo.
Ang bunga'y laging mamamaalam sa puno.

Buksan mo ang gripo
Itapat doon ang kutsilyo
Panoorin ang daloy ng bulwak
ng tubig sa talim nito.

Pagkatapos, tuloy lang sa pagluluto.

# Villanelle ng Talahib

Nagsisikaway ang talahib sa hangin
Sila'y umaawit ng pagkakawalay,
Sa lilim ng buwan, nagluluntiang talim.

May punyal na naglaho sa paningin.
Ano ang lihim na isinasalaysay?
Nagsisikaway ang talahib sa hangin.

May aninong pumuslit sa dilim.
Tanging saksi ang talahib sa parang
Sa lilim ng buwan, nagluluntiang talim.

May pusong tumitibok na itinanim.
Ay, nawa'y magpakita ang nawawalang Bulan,
nagsisikaway ang talahib sa hangin.

Sumibol, nabuhay ang usbong nang lihim.
Dinama ng ugat ang pusong sugatan.
Sa lilim ng buwan, nagluluntiang talim.

Naghilom maging nahitik sa hilahil,
pinayayabong ang dahon ng libingan.
Nagsisikaway ang talahib sa hangin,
Sa lilim ng buwan, nagluluntiang talim.

# Eksperimental



# Apo Lakay
# ML New Hero Guide

Si **Wendrei Brent Orquiola** ay mag-aaral ng BA Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman. Dating miyembro ng Kultura Section ng Philippine Collegian. Nagsilbing Tagapangulo ng Alay Sining KAL at Kalihim ng UP Cineastes' Studio. Naging fellow rin siya para sa sanaysay sa ika-17 Palihang Rogelio Sicat.

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# Martial Legends

Pindutin ang <TUNGKOL> para sa karagdagang detalye.
Pindutin ang <TULONG> para sa impormasyon sa pagsisimula ng laro.


mag log-in


settings

tungkol

tulong

lumabas


Martial Legends
Release 1 Serial number 101972
Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)
xxxxxxx
username
xxxxxxx
password


Martial Legends
Release 1 Serial number 101972
Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)
Martial Legends
start
mga bayani
1
mga misyon
5
mensahe
2
x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

from: Bagong Lipunan Game Center

[PABATID]

Sa mga mahal naming manlalaro,

Bilang bahagi ng bagong update ng Martial Legends [ML], libreng matatanggap ang bagong bayani na si Apo Lakay! Mag log-in lamang sa iyong account, tumungo sa Mga Bayani at pindutin si <Apo Lakay> para makuha at masubok.

Sa update na ito, inayos rin ang mga bug mula sa laro at ginawang mas aksesible ang UI interface para sa mas komportable at kapana-panabik na paglalaro.

Para sa mga katanungan at suhestyon, kontakin lamang kami via Customer Service.

Salamat sa walang sawang suporta sa ML!

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

from: Bagong Lipunan Game Center

[PABATID]

Sa mga mahal naming manlalaro,

Narito ang komprehensibong gabay ukol sa bagong bayani ng ML na si Apo Lakay. Laman nito ang mga detalye, istorya, mga kasanayan at kakayahan ng bagong bayani. Basahin ang <pabatid> para mas mahusay at epektibong magamit si Apo Lakay para sa iyong susunod na laban.

Para sa mga katanungan at suhestyon, kontakin lamang kami via Customer Service.

Salamat sa walang sawang suporta sa ML!

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# Martial Legends

start

mga bayani 1

mga misyon 5

mensahe

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# mga bayani

bagong bayani

**APO LAKAY**

**HENERAL VICTOR**

82 laban 85% winrate

**KAPITAN BAGWIS**

9 laban 62% winrate

**PRINSIPE JUAN**

7 laban 50% winrate

×

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# Apo Lakay

APO LAKAY [Pinunong Mandirigma]
Gampanin: Asesíno / Mangtutudlâ
Espesyalidad: Pinsala

istorya

mga kasanayan at kakayahan

espesyal / iba pang detalye

subukan

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

| IMPORMASYON |
| --- |
| BUONG PANGALAN: FERDIE NARCOS SR. |
| PINAGMULAN: MAHARLIKA |
| KASARIAN: LALAKI |
| URI: TAO |
| SANDATA: KAMAY NA BAKAL |
| KAKAYAHAN: NAGBABAGONG ANYO TUNGO SA ISANG AGILA |
| **PERSONAL NA IMPORMASYON** |
| TANGKAD: 178 CM |
| BIGAT: 85 KG |
| PABORITO: GINTO |
| **MGA RELASYON** |
| IMELDA [ASAWA] APO BBM [ANAK] |

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

Isinilang si Apo Lakay sa masaganang bayan ng Maharlika. Pinalaki siya ng kaniyang mga magulang na sina Don Mariano, dating kongresista at naging gobernadorsilyo ng kanilang pamahalaan, at ni Donya Josefa isang guro. Kasama ng kaniyang mga kapatid, mahusay silang pinalaki ng kanilang mga magulang upang maging mabuting tao at matulungin sa kapwa.

Bata pa lamang si Apo Lakay, nakitaan na siya ng angking husay, talino, at determinasyon. Nadala niya ito hanggang sa pumasok siya sa paaralan kung saan nagpamalas siya ng husay sa iba't-ibang larangan gaya ng pakikipagtalastasan at pampalakasan. Inspirasyon niya ang kaniyang ama ng pumasok siya sa industriya ng abogasya upang luminang ng mga batas na makakatulong sa kanilang bayan.

Tinawag ng pagseserbisyo si Apo Lakay nang sumiklab ang Pandaigdigang Digmaan. Sumanib siya sa puwersa ng mga sundalo upang ipagtanggol ang kalayaan ng Maharlika laban sa mga mananakop. Matapos ang ilang taong pagsisilbi sa hukbo, bumalik siya sa pulitika at pumalit sa kaniyang ama bilang kongresista. Kinalaunan, sa tagal ng kaniyang pagseserbisyo at angking giting at tapang, iniluklok siya sa pinakamataas na posisyon ng Maharlika.

Matapos maluklok sa pinakamataas na posisyon, isinailalim niya ang Maharlika sa isang bagong kaayusan kung saan mahigpit na sinusubaybayan ang bawat mamamayan. Ito ay upang mapanatili ang kaayusan at pigilan ang sinuman na hahadlang sa kapayapaan at magdudulot ng panganib sa bayan.

Simbolo ng tapang at determinasyon para sa mga residente ng Maharlika ang kaniyang rehimen. Habang ang kanyang kwento naman ay naging inspirasyon sa maraming tao sa buong kaharian. Sa bayan ng Maharlika, si Apo Lakay ay isang bayani na laging handang lumaban para sa kanyang bayan. Nagsilbing gabay ang kanyang mga karanasan para sa mga bagong mandirigma na namumutawi ang pagpapahalaga sa katapangan, integridad, at pagmamahal sa bayan.

At sa bawat laban na kanyang hinaharap, dala-dala ni Apo Lakay ang kanyang mga aral mula sa nakaraan, isang mandirigmang walang kinatatakutan at laging handang ipagtanggol ang kanyang mga kababayan.

X

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# Apo Lakay

APO LAKAY [Pinunong Mandirigma]
Gampanin: Asesíno / Mangtutudlâ
Espesyalidad: Pinsala

istorya

mga kasanayan at kakayahan

espesyal / iba pang detalye

subukan

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

Passive: Hatol ng Kamatayan

Tuwing humihina at umaabot ng mas mababa sa 50% ang buhay ni Apo Lakay, nagkakaroon siya ng bonus defense at resistance laban sa mga epekto ng crowd control. Makalipas ang dalawang atake, awtomatikong nagkakaroon ng kalasag sa loob ng tatlong segundo pagkatapos ng basic attack.

- Nakabatay sa dami ng naakumulang Lifesteal stacks ni Apo Lakay ang laki ng kalasag na pumoprotekta sa kaniya kontra sa kaniyang mga kalaban. Mas maraming stacks na maakumula, mas malaking kalasag ang makukuha.
- Maaaring i-activate ang passive sa pamamagitan ng enhanced na basic attack mula sa Lifesteal.

Skill 1: King's Command

Epekto: Magbibigay ng command si Apo Lakay sa kanyang mga kakampi, nag-aapply ng buff na nagdadagdag ng attack damage at movement speed sa mga kalapit na kakampi.

- Ipinalalabas ni Apo Lakay ang kanyang panloob na enerhiya upang palakasin ang kaniyang susunod na basic attack, pisikal na mapipinsala nito ang kalaban batay sa lakas ng kanyang pisikal na atake at tatlong ulit na mas malakas depende sa kaniyang Lifesteal stacks.

| Properties | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Cooldown | 5.0s | | | | | |
| Mana Cost | 50 | 70 | 80 | 90 | 100 | 110 |
| Base Damage | 425 | 470 | 515 | 560 | 605 | 650 |

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

Skill 2: Iron Fist

Epekto: Isang malakas na suntok na nagdudulot ng pisikal na pinsala [8 (+0.5% Total Damage Power)% mula sa Max HP ng target] sa kalaban at nag-aapply ng stun [60% sa loob ng isang segundo]. Kapag ang target ay may mas mababang HP, ang pinsala ay tumataas.

- Kapag ang atakeng ito ay nakapatay ng kalaban o mga hukbo ng kalaban, awtomatikong makaaakumula ng Lifesteal stacks si Apo Lakay.
- Ang pinalakas na pangunahing pang-atake ay nagdudulot ng karagdagang base damage sa mga hukbo ng kalaban. Nakakakuha siya ng karagdagang stack ng Lifesteal kapag may kalapit na kalaban o hukbo ng kalaban na mamamatay.

| Properties | 1 | 2 | 3 |
|---|---|---|---|
| Cooldown | 8.0s | | |
| Mana Cost | 70 | 80 | 90 |
| Duration | 5.0s | | |
| Base Damage | 570 | 720 | 870 |

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

Skill 3: Wealth Harvester

Epekto: Si Apo Lakay ay kumukuha ng gold mula sa mga kalapit na kalaban, nag-aapply ng slow effect sa kanila at nagbibigay ng kalasag sa kanya na tumatagal ng ilang segundo. Ang kalasag na ito ay nag-ba-block ng isang porsyento ng pinsala depende sa dami ng nakuhang gold.

- Sa unang limang minuto ng digmaan, tutungo ang mga hukbo ng kalaban sa gold lane bitbit-bitbit ang malaking halaga ng ginto. Kailangang maubos ni Apo Lakay ang unang grupo ng hukbo nang hindi namamatay upang makumpleto ang pag-akumula sa lahat ng inisyal na yaman ng kalaban.

- Kailangang si Apo Lakay ang huling titira at mismong papatay sa mga hukbo ng kalaban upang direktang mapunta sa kaniya ang mga ginto. Kapag nalinis na ang lane at patay na ang isang grupo ng hukbo ng kalaban, may dagdag na ginto si Apo Lakay kapag napatumba niya ang unang pamproteksyong tore ng kalaban.

| Properties | 1 | 2 | 3 |
|---|---|---|---|
| Cooldown | 12.0s | | |
| Mana Cost | 60 | 80 | 100 |
| Duration | 5.0s | | |

×

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

Ultimate: Dictator's Wrath

Epekto: Si Apo Lakay ay nagta-transform sa isang napakalakas na estado, nag-aapply ng massive AoE damage sa paligid niya at nagbibigay ng significant boost sa kanyang attack speed at lifesteal. Ang kanyang mga kakampi ay nagkakaroon din ng temporary boost sa kanilang stats habang aktibo ang ultimate. Bawat mapapatay na kalaban, madadagdagan ang buhay ni Apo Lakay at mas lalaki ang tiyansang tumagal sa digmaan at manatili ang kaniyang kapangyarihan.

| | |
|---|---|
| Cooldown | 60s |
| Mana Cost | 150 |

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# Apo Lakay

APO LAKAY [Pinunong Mandirigma]
Gampanin: Asesíno / Mangtutudlâ
Espesyalidad: Pinsala

istorya

mga kasanayan at kakayahan

espesyal / iba pang detalye

subukan

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

Epekto: Si Apo Lakay ay nagta-transform sa isang napakalakas na estado, nag-aapply ng massive AoE damage sa paligid niya at nagbibigay ng significant boost sa kanyang attack speed at lifesteal. Ang kanyang mga kakampi ay nagkakaroon din ng temporary boost sa kanilang stats habang aktibo ang ultimate. Bawat mapapatay na kalaban, madadagdagan ang buhay ni Apo Lakay at mas lalaki ang tiyansang tumagal sa digmaan at manatili ang kaniyang kapangyarihan.

| Properties | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Cooldown | 30s | 29.5s | 29.0s | 28.5s | 28.0s | 27.5s | 27.0s | 26.5s | 26.0s | 25.5s |
| Movement Speed | 124% | | | | | | | | | |

| Natatanging Kakayahan* | Emblems | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Stuns | Tank | Pinipigil ang pagkilos ng mga kalaban. |
| Blink | Assassin | Kakayahang i-teleport ang kakamping bayani upang tapatan ang mas mahinang kalaban. |
| Absorb | Mage | Nakakapaghilom ng sarili gamit ang lakas ng kalaban. |
| Burst | Fighter | Malakas na pinsala sa loob ng maikling panahon. |
| Control | Support | Kakayahang kontrolin ang kalaban, maaaring tanggalan ng kakayahan, dakipin o ikulong. |
| Immune | Marksman | Kakayahang hindi matablan ng anumang pinsala sa saglit na panahon. |

*nakadepende sa kombinasyon ng emblem na gagamitin

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# Apo Lakay

APO LAKAY [Pinunong Mandirigma]
Gampanin: Asesíno / Mangtutudlâ
Espesyalidad: Pinsala

istorya

mga kasanayan at kakayahan

espesyal / iba pang detalye

subukan

×

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# Martial Legends

start

mga bayani

5

mga misyon

mensahe

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

## mga misyon

bago
Gamitin ang bayani na si Apo Lakay at pumatay ng mahigit sampung (10) kalaban gamit ang ultimate na Dictator's Wrath.

bago
Mag-imbita ng bagong manlalaro sa pamamagitan ng iyong invite code [082802] para sa tyansang manalo ng bagong skin ni Apo Lakay!

bago
Makipag-alyansa sa kaibigang manlalaro, gamitin ang bayani na si Apo Lakay.

bago
Loyalty Endurance Test: Maglaro nang walang tigil sa loob ng mahigit limang (5) oras gamit ang bayani na si Apo Lakay.

bago
No Mercy!: Pumatay ng mahigit sampung (10) kalaban sa isang laro gamit ang bayani na si Apo Lakay.

Mag log-in at maglaro nang sunod-sunod sa loob ng tatlong (3) araw.

Mag-imbita ng bagong manlalaro sa pamamagitan ng iyong invite code [082802].

No Mercy!: Pumatay ng mahigit sampung (kalaban) sa isang laro.

No Mercy!: Pumatay ng mahigit walong (8) kalaban sa isang laro.

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# Martial Legends

start

mga bayani

mga misyon

mensahe

×

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# pumili ng bayani

bagong bayani

**APO LAKAY**

**HENERAL VICTOR**

82 laban 85% winrate

**KAPITAN BAGWIS**

9 laban 62% winrate

**PRINSIPE JUAN**

7 laban 50% winrate

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# pumili ng bayani

bagong bayani

APO LAKAY

HENERAL VICTOR

KAPITAN BAGWIS

9 laban 62% winrate

PRINSIPE JUAN

7 laban 50% winrate

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# pumili ng bayani

bagong bayani

APO LAKAY

KAPITAN BAGWIS

9 laban 62% winrate

PRINSIPE JUAN

7 laban 50% winrate

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# pumili ng bayani

bagong bayani

APO LAKAY

KAPITAN BAGWIS

PRINSIPE JUAN

7 laban 50% winrate

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# pumili ng bayani

bagong bayani

APO LAKAY

PRINSIPE JUAN

7 laban 50% winrate

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# pumili ng bayani

bagong bayani

APO LAKAY

PRINSIPE JUAN

7 laban 50% winrate

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# pumili ng bayani

bagong bayani

APO LAKAY

PRINSIPE JUAN

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# pumili ng bayani

bagong
bayani

APO LAKAY

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# Martial Legends

start

mga bayani

mga misyon

mensahe

x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

To: Customer Service

/maghintay habang kinokonekta sa server ....

AImee: Hi! Ako si AImee handang tumulong para mas maging masaya at kapana-panabik ang iyong paglalaro ng Martial Legends (ML). Lahat ng problema, may solusyon. Anong maitutulong ko sayo?

Player 082802: May bug ang game, hindi ako makapaglaro gamit ang hero ko.

AImee: Pansamantalang dinis-able ang ibang mga bayani upang masubukan at matuklasan ang bagong bayani na si <Apo Lakay>!

Player 082802: Eh ayoko sa hero na yon. Gusto ko yung hero ko si Heneral Victor. Mas cool yun, mas astig skills niya at mas malupet ung ulti! Pake ko sa nagiging agila??

AImee: Tama! Si Heneral Victor ay isa sa mga bayani ng Martial Legends. Ganon din si <Apo Lakay>, subukan siya sa iyong susunod na laro.

Player 082802: Kailan babalik ang ibang mga hero?

AImee: Para bumalik ang ibang mga bayani, kailangan laruin ang bagong bayani na si <Apo Lakay> at umabot hanggang level 5. Kakasa ka ba sa hamong ito?

Player 082802: hamon mo mukha mo! ibalik niyo hero ko!

AImee: Hindi ko nakuha iyon, maaari mo bang ulitin?

Player 082802: xxxxxxxxx mga magnanakaw kayo! ibalik niyo hero ko!

AImee: Lahat ng problema, may solusyon. Anong maitutulong ko sayo?

Player 082802: g@g0 !!

AImee: Hindi ko nakuha iyon, maaari mo bang ulitin?

/umalis si Player 082802 sa pag-uusap

×

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# Martial Legends

start

mga bayani

mga misyon

mensahe

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972

Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)

# Martial Legends


Pindutin ang <TUNGKOL> para sa karagdagang detalye.
Pindutin ang <TULONG> para sa impormasyon sa pagsisimula ng laro.


settings

tungkol

tulong

pumasok


Martial Legends
Release 1 Serial number 101972
Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)
Martial Legends
tunog
grapix
reset
burahin
x


Martial Legends
Release 1 Serial number 101972
Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)
PAALALA: ANG PAGBURA SA LARO AY MAGRERESULTA SA PERMANENTENG PAGKAWALA NG IYONG PROGRESO, NATAPOS NA MGA MISYON AT NAIPONG MGA BAYANI.
HINDI NA MAAARING IBALIK O IREKOBER ANG DATA KAPAG NATANGGAL NA ANG LARO.
burahin
kanselahin
x

Martial Legends
Release 1 Serial number 101972


Karapatang-ari (c) Bagong Lipunan Game Center
Inform 1 build 66CX2 (BG/v1.00 lib 0/10N)


PAALALA: ANG PAGBURA SA LARO AY MAGRERESULTA SA PERMANENTENG PAGKAWALA NG IYONG PROGRESO, NATAPOS NA MGA MISYON AT NAIPONG MGA BAYANI.


HINDI NA MAAARING IBALIK O IREKOBER ANG DATA KAPAG NATANGGAL NA ANG LARO.


burahin


kanselahin


BINUBURA


BINUBURA


BINUBURA


BINUBURA




ERIK
PINGOL
2025






agos
TOMO V | 2024

SENTRO NG WIKANG FILIPINO
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON